



L.A. Care[®]
Medi-Cal

Handbook ng Miyembro

Ang kailangan ninyong malaman tungkol sa inyong mga benepisyo

Pinagsamang Ebidensya ng Saklaw (EOC) at Form ng
Pagsisiwalat ng L.A. Care Health Plan (L.A. Care)



2025 **Los Angeles County**

Iba pang mga wika at format

Iba pang mga wika

Makukuha ninyo ang Handbook ng Miyembro na ito at iba pang materyales ng plano sa iba pang wika nang libre. Nagbibigay ang L.A. Care ng mga nakasulat na pagsasalin mula sa mga kwalipikadong tagasalin. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Libre ang tawag. Maaari din ninyong hilingin ang handbook ng miyembro na ito sa iba pang wika at format sa pamamagitan ng pag-log in sa portal ng miyembro na L.A. Care Connect sa <https://members.lacare.org>. Basahin ang Handbook ng Miyembro na ito para matuto pa tungkol sa mga serbisyo ng tulong sa wika para sa pangangalagang pangkalusugan, gaya ng interpreter at mga serbisyo sa pagsasalin.

Iba pang mga format

Maaari ninyong makuha ang impormasyong ito sa iba pang format, gaya ng braille, 20-point font na malaking titik, audio, at madaling ma-access na mga elektronikong format nang wala kayong babayaran. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Libre ang tawag.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Mga serbisyo ng interpreter

Ang L.A. Care ay nagbibigay ng mga serbisyo sa pasalitang pagsasalin, kabilang ang wikang sign, mula sa isang kwalipikadong interpreter nang 24 na oras, nang wala kayong babayaran. Hindi ninyo kailangang gumamit ng miyembro ng pamilya o kaibigan bilang interpreter. Hindi namin hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad bilang mga interpreter, maliban kung isa itong emergency. Ang serbisyo ng interpreter at mga serbisyo para sa wika at kultura ay makukuha nang libre. Available ang tulong 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa inyong wika o upang makuha ang handbook na ito sa ibang wika, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Libre ang tawag.

ATTENTION: If you need help in your language, call **1-888-839-9909** (TTY **711**). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call **1-888-839-9909** (TTY **711**). These services are free.

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ (Arabic) (TTY: 711) **1-888-839-9909**. تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريل والخط الكبير. اتصل بـ **1-888-839-9909** (TTY: 711). هذه الخدمات مجانية.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Հայերեն պիտակ (Armenian)

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ ոգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք **1-888-839-9909** (TTY: **711**): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Չանգահարեք 1 **1-888-839-9909** (TTY: **711**): Այդ ծառայություններն անվճար են:

简体中文标语 (Chinese)

请注意: 如果您需要以您的母语提供帮助, 请致电 **1-888-839-9909** (TTY: **711**)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务, 例如盲文和需要较大字体阅读, 也是方便取用的。请致电 **1-888-839-9909** (TTY: **711**)。这些服务都是免费的。

ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ **1-888-839-9909** (TTY: **711**)। ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ **1-888-839-9909** (TTY: **711**)। ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

हिंदी टैगलाइन (Hindi)

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता तो **1-888-839-9909** (TTY: **711**) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। **1-888-839-9909** (TTY: **711**) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語表記 (Japanese)

注意日本語での対応が必要な場合は **1-888-839-9909** (TTY: **711**) へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 **1-888-839-9909** (TTY: **711**) へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 태그라인 (Korean)

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 **1-888-839-9909** (TTY: **711**) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. **1-888-839-9909** (TTY: **711**) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

ແທກໄລພາສາລາວ (Laotian)

ປະກາດ: ຖ້າ ທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອ ອື່ນໆ ອາດຈະ
ຂອງທ່ານໃຫ້ ໂທຫາເບີ **1-888-839-9909** (TTY: **711**). ຍັງມີ
ຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອ ອື່ນໆ ການບໍລິການສໍາລັບບັນດາການເຊັນ
ເອກະສານທີ່ເປັນອັນກະສອນນູນ ແລະ ມີໂຕພິມ ມາໃຫ້ໃຫ້ ໂທຫາ
ເບີ **1-888-839-9909** (TTY: **711**). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ ບໍ່ຕ້ອງ
ເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mien Tagline (Mien)

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc
mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx
taux **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Liouh lorx jauvlouc tengx aengx
caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv
taux longc benx nzangc-pokc bun hluo mbiutc aengx caux aamz
mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac
daaih lorx **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Naaiv deix nzie weih gong-
bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ឃ្លាសម្គាល់ជាភាសាខ្មែរ (Cambodian)

ចំណាំ: បើអ្នកត្រូវការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ
1-888-839-9909 (TTY: **711**)។ ជំនួយ និង ស្នើរឿង គ្រប់ ជំនាញ ការ
ដូចជា ឯកសារសរសេរ ជាអក្សរ ធុន ស ជំនាញ ការ ភ្នែក ឬ ឯកសារ
សរសេរ ជាអក្សរ ពុម្ព ធុន ក៏អាច រកបាន ផងដែរ។ ទូរស័ព្ទ លេខ
1-888-839-9909 (TTY: **711**)។ ស្នើរឿងទាំងនេះ មិនគិត ថ្លៃ។



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

(Farsi) مطلب به زبان فارسی

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با (TTY: **711**) **1-888-839-9909** تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با **9099-938-888-1** (YTT: **117**) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

Русский слоган (Russian)

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Такие услуги предоставляются бесплатно.

Mensaje en español (Spanish)

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al **1-888-839-9909** (TTY: **711**). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Estos servicios son gratuitos.

Tagalog Tagline (Tagalog)

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Libre ang mga serbisyong ito.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

แท็กไ้ภาษาไทย (Thai)

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1-888-839-9909** (TTY: **711**) นอกจากนี้ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1-888-839-9909** (TTY: **711**) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

Примітка українською (Ukrainian)

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Ці послуги безкоштовні.

Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese)

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Các dịch vụ này đều miễn phí.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Welcome sa L.A. Care!

Salamat sa pagsali sa L.A. Care. Ang L.A. Care ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal. Nakikipagtulungan ang L.A. Care sa Estado ng California upang matulungan kayong makuha ang pangangalagang pangkalusugang kailangan ninyo. Ang L.A. Care ay isang lokal na pampublikong entity. Sa katunayan, kami ang pinakamalaking pampublikong pinapatakbong planong pangkalusugan sa bansa. Naglilingkod kami sa mga taong naninirahan sa Los Angeles County (na tinatawag na aming “lugar ng serbisyo”). Nakikipagtulungan din ang L.A. Care sa tatlong (3) Partner ng Planong Pangkalusugan (ang L.A. Care ay itinuturing ding “Partner ng Planong Pangkalusugan”) para magbigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa aming mga miyembro. Kapag sumali ang isang miyembro ng Medi-Cal sa L.A. Care, maaaring piliin ng miyembrong makatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng anumang Partner ng Planong Pangkalusugan na nakalista sa ibaba hangga’t available ang piniling plano.

- L.A. Care
- Anthem Blue Cross
- Blue Shield of California Promise Health Plan

Handbook ng Miyembro

Sinasabi ng Handbook ng Miyembrong ito sa inyo ang tungkol sa inyong saklaw sa ilalim ng L.A. Care. Mangyaring basahin ito nang mabuti at buo. Makakatulong ito sa inyo na maunawaan ang inyong mga benepisyo, ang mga serbisyon available sa inyo, at kung paano makuha ang pangangalagang kailangan ninyo. Ipinapaliwanag din nito ang inyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng L.A. Care. Kung mayroon kayong mga espesyal na pangangailangang pangkalusugan, tiyaking basahin ang lahat ng seksyong nalalapat sa inyo.

Ang Handbook ng Miyembro na ito ay tinatawag ding Pinagsamang Ebidensya ng Saklaw (Evidence of Coverage, EOC) at Form ng Pagsisiwalat. Ang EOC at Form ng Pagsisiwalat na ito ay bumubuo lamang ng buod ng planong pangkalusugan. Dapat kumunsulta sa kontrata ng planong pangkalusugan upang matukoy ang mga eksaktong tuntunin at kundisyon ng saklaw. Para matuto pa, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Sa Handbook ng Miyembro na ito, ang L.A. Care ay minsan tinutukoy bilang “kami” o “amin.” Minsan tinatawag ang mga miyembro na “ikaw.” May espesyal na kahulugan ang ilang salitang may malaking titik sa Handbook ng Miyembro na ito.

Upang humingi ng kopya ng kontrata sa pagitan ng L.A. Care at Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health Care Services, DHCS), tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Maaari kayong humingi ng isa pang kopya ng Handbook ng Miyembro nang libre. Maaari rin ninyong mahanap ang Handbook ng Miyembro sa website ng L.A. Care sa lacare.org. Maaari rin kayong humingi ng libreng kopya ng hindi pagmamay-ari na mga klinikal at pang-administratibong patakaran at pamamaraan ng L.A. Care. Nasa website rin ang mga ito ng L.A. Care



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Makipag-ugnayan sa amin

Narito ang L.A. Care upang tumulong. Kung mayroon kayong mga tanong, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Libre ang tawag.

Maaari din kayong bumisita online anumang oras sa lacare.org.

Salamat,

L.A. Care Health Plan

1200 W. 7th Street,

Los Angeles, CA 90017



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Talaan ng Mga Nilalaman

Iba pang mga wika at format.....	1
Iba pang mga wika	1
Iba pang mga format	1
Mga serbisyo ng interpreter	2
Welcome sa L.A. Care!	8
Handbook ng Miyembro	8
Makipag-ugnayan sa amin	9
Talaan ng Mga Nilalaman.....	10
1. Pagsisimula bilang isang miyembro	12
Paano humingi ng tulong	12
Sino ang maaaring maging miyembro.....	13
Mga identification (ID) card	14
2. Tungkol sa inyong planong pangkalusugan	15
Buod ng planong pangkalusugan.....	15
Paano gumagana ang inyong plano	16
Pagpapalit ng mga planong pangkalusugan	16
Mga estudyante na lumipat sa bagong county o umalis sa California.....	17
Pagpapatuloy ng Pangangalaga.....	18
Mga Gastusin	20
3. Paano makakuha ng pangangalaga.....	23
Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan	23
Provider ng pangunahing pangangalaga (PCP)	24
Network ng provider	27
Mga appointment.....	33
Pagpunta sa inyong appointment	34
Pagkansela at paglilipat ng schedule	34
Pagbabayad	34
Mga referral.....	36
Mga Referral ng Batas sa Pagkamakatarungan sa Cancer ng California (California Cancer Equity Act)	37
Paunang pag-apruba (paunang pahintulot).....	37
Mga ikalawang opinyon	38
Sensitibong pangangalaga.....	39
Agarang pangangalaga	41
Pang-emergency na pangangalaga	43



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line>	44
Mga paunang direktiba sa pangangalagang pangkalusugan.....	44
Donasyon ng bahagi ng katawan at tissue	45
4. Mga benepisyo at serbisyo	46
Anong mga benepisyo at serbisyo ang sinasaklaw ng inyong planong pangkalusugan.....	46
Mga benepisyo ng Medi-Cal na saklaw ng L.A. Care.....	49
Iba pang benepisyo at programa na sinasaklaw ng L.A. Care.....	68
Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal	74
Mga serbisyong hindi ninyo maaaring makuha sa pamamagitan ng L.A. Care o Medi-Cal	80
Pagtataya ng mga bago at umiiral na teknolohiya	80
5. Well care para sa mga bata at kabataan	81
Mga Brochure/Liham ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teen:.....	81
Mga well-child na check-up para sa kalusugan at pangangalagang pang-iwas sa sakit.....	83
Mga screening sa pagkalason dahil sa lead sa dugo	84
Tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa well care para sa mga bata at kabataan	84
Iba pang serbisyong makukuha ninyo sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa	85
6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema	87
Mga Reklamo.....	88
Mga Apela:.....	89
Ano ang dapat gawin kung hindi kayo sumasang-ayon sa mga pasya sa apela	90
Mga Reklamo at Hiwalay na Medikal na Pagsusuri o Independent Medical Reviews (IMR) sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagamg Pangkalusugan (DMHC).....	91
Mga Pagdinig ng Estado	92
Pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso	93
7. Mga karapatan at responsibilidad	95
Ang Inyong Mga Karapatan.....	95
Ang Inyong Mga Responsibilidad	96
Abiso Tungkol sa Hindi Pandidiskrimina	97
Mga paraan upang makibahagi bilang miyembro.....	99
Abiso sa mga kasanayan sa pagkapribado	99
ABISO SA MGA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO	100
Abiso tungkol sa mga batas	107
Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang huling tagabayad, iba pang coverage sa kalusugan, at tort recovery	107
Abiso tungkol sa pagsasamsam ng ari-arian	108
Abiso sa Pagkilos.....	108
8. Mga mahalagang numero at salita na dapat malaman	109
Mahalagang numero ng telepono	109
Mga salitang dapat malaman	111



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

1. Pagsisimula bilang isang miyembro

Paano humingi ng tulong

Gusto ng L.A. Care na maging masaya kayo sa inyong pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kayong anumang tanong o alalahanin tungkol sa inyong pangangalaga, gusto ng L.A. Care na madinig kayo!

Mga Serbisyo sa Miyembro

Narito ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care upang tulungan kayo. Magagawa ng L.A. Care na:

- Sumagot ng mga tanong tungkol sa inyong planong pangkalusugan at mga saklaw na serbisyo ng L.A. Care
- Tulungan kayong pumili o magpalit ng provider ng pangunahing pangangalaga (Primary Care Provider, PCP)
- Sabihin sa inyo kung saan kukunin ang pangangalagang kailangan ninyo
- Tulungan kayong kumuha ng mga serbisyo ng interpreter kung hindi kayo nagsasalita ng English
- Tulungan kayong kumuha ng impormasyon sa iba pang wika at format
- Tumulong sa pagkuha ng mga napapanahong appointment
- Palitan ang inyong ID card
- Sumagot ng mga tanong tungkol sa mga problemang hindi ninyo kayang lutasin
- Tumulong sa pag-schedule ng transportasyon

Kung kailangan ninyo ng tulong, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Libre ang tawag. Dapat tiyakin ng L.A. Care na maghihintay lang kayo nang wala pang 10 minuto kapag tumatawag.

Maaari rin kayong bumisita sa Mga Serbisyo sa Miyembro online anumang oras sa lacare.org.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Sino ang maaaring maging miyembro

Maaaring may programa ng Medicaid ang bawat estado. Sa California, ang Medicaid ay tinatawag bilang **Medi-Cal**.

Kwalipikado kayo para sa L.A. Care dahil kwalipikado kayo para sa Medi-Cal at naninirahan kayo sa Los Angeles County. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa inyong saklaw sa Medi-Cal o tungkol sa kung kailan ninyo kailangang i-renew ang inyong Medi-Cal, pakitawagan ang Departamento ng Mga Pampublikong Serbisyon Panlipunan (Department of Public Social Services, DPSS) ng Los Angeles County sa **1-866-613-3777**. Maaari rin kayong maging kwalipikado para sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Social Security dahil tumatanggap kayo ng SSI o SSP.

Para sa mga tanong tungkol sa pagpapatala, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077** o **711**). O pumunta sa <http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/>

Para sa mga tanong tungkol sa Social Security, tawagan ang Social Security Administration sa **1-800-772-1213**. O pumunta sa <https://www.ssa.gov/locator/>.

Transitional na Medi-Cal

Maaari ninyong makuha ang Transitional na Medi-Cal kung nagsimula kayong kumita ng mas malaking pera at hindi na kayo kwalipikado para sa Medi-Cal.

Maaari kayong magtanong tungkol sa pagiging kwalipikado sa Transitional na Medi-Cal sa inyong lokal na tanggapan ng county sa: <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>



O tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077** o **711**).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Mga identification (ID) card

Bilang miyembro ng L.A. Care, makukuha ninyo ang aming Identification (ID) card ng L.A. Care. Dapat mong ipakita ang iyong ID card ng L.A. Care **at** ang iyong Identification Card para sa Mga Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC) ng Medi-Cal kapag kukuha ka ng anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o reseta. Ang inyong Medi-Cal BIC card ay ang identification card para sa mga benepisyo na ipinadala sa inyo ng Estado ng California. Dapat mong dalhin ang lahat ng iyong card sa pangkalusugan sa lahat ng oras. Ganito ang hitsura ng inyong mga Medi-Cal BIC at L.A. Care ID card:



Maari kayong mag-print ng pansamantalang ID card sa L.A. Care Connect sa <https://members.lacare.org>.

Kung hindi ninyo makuha ang inyong ID card sa L.A. Care sa loob ng ilang linggo pagkatapos ng petsa ng inyong pagpapatala, o kung nasira, nawala, o nanakaw ang inyong ID card sa L.A. Care, tawagan kaagad ang Mga Serbisyo sa Miyembro. Papadalhan kayo ng L.A. Care ng bagong card nang libre. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Kung wala kayong Medi-Cal BIC card o kung nasira, nawala, o nanakaw ang inyong card, tawagan ang lokal na tanggapan ng county. Upang mahanap ang inyong lokal na tanggapan ng county, pumunta sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

2. Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

Buod ng planong pangkalusugan

Ang L.A. Care ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal sa mga county na ito: Los Angeles County. Nakikipagtulungan ang L.A. Care sa Estado ng California upang matulungan kayong makuha ang pangangalagang pangkalusugan kailangan ninyo.

Maaari kayong makipag-usap sa isa sa mga kinatawan ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care para matuto pa tungkol sa planong pangkalusugan at paano ito mapapagana para sa inyo. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Kailan magsisimula at matatapos ang inyong saklaw

Kapag nagpatala kayo sa L.A. Care, padadalhan namin kayo ng (ID) Identification card ng L.A. Care sa loob ng dalawang linggo mula sa petsa ng inyong pagpapatala. Dapat ninyong ipakita ang inyong ID card sa L.A. Care at ang inyong Identification Card para sa Mga Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC) ng Medi-Cal kapag kumukuha kayo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o reseta.

Kailangang i-renew ang inyong saklaw sa Medi-Cal taun-taon. Kung hindi ire-renew ng lokal na tanggapan ng inyong county ang iyong saklaw sa Medi-Cal gamit ang mga elektronikong paraan, padadalhan ka ng county ng isang form para sa pag-renew ng Medi-Cal. Kumpletuhin ang form na ito at ibalik ito sa inyong lokal na tanggapan ng county. Maaari ninyong ibalik ang inyong impormasyon sa personal, o sa pamamagitan ng telepono, mail, online, o iba pang elektronikong paraan na available sa inyong county.

Magkakaroon ng bisa ang petsa ng simula ng pagsaklaw sa 1 araw ng buwan pagkatapos makumpleto ang pagpapatala sa isang planong pangkalusugan. Tingnan sa liham sa inyo ng Health Care Options ang petsa ng simula ng inyong saklaw.

Maaari ninyong hilinging wakasan ang inyong coverage sa L.A. Care at pumili ng ibang planong pangkalusugan anumang oras. Para sa tulong sa pagpili ng bagong plano, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077** o **711**). O pumunta sa www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov.

Ang L.A. Care ay ang planong pangkalusugan para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa Los Angeles County. Hanapin ang inyong lokal na tanggapan ng county sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>.

Maaaring magwakas ang saklaw sa Medi-Cal ng L.A. Care kung mangyayari ang alinman sa mga sumusunod:

- Umalis kayo sa Los Angeles County
- Wala na kayong Medi-Cal
- Kung magiging kwalipikado kayo para sa isang programa ng waiver na nangangailangang nakatala kayo sa Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal.
- Nasa bilangguan o kulungan kayo



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Kung mawawala ang inyong saklaw sa L.A. Care Medi-Cal, maaari pa rin kayong maging kwalipikado para sa coverage ng Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal. Kung hindi kayo sigurado kung saklaw ka pa rin ng L.A. Care, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Mga espesyal na pagsasaalang-alang para sa mga American Indian sa pinapamahalaang pangangalaga

Ang mga American Indian ay may karapatang huwag magpatala sa isang plano ng pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o maaari nilang iwan ang kanilang plano ng pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal at bumalik sa FFS Medi-Cal anumang oras at sa anumang dahilan.

Kung kayo ay American Indian, may karapatan kayong makatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (Indian Health Care Provider, IHCP). Maaari rin kayong manatili o umalis sa L.A. Care habang tumatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga lokasyong ito. Para matuto pa tungkol sa pagpapatala at pag-alis, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Dapat magbigay ang L.A. Care ng pagsasaayos ng pangangalaga para sa iyo, kabilang ang pamamahala ng kaso sa labas ng network. Kung hihilingin ninyong makakuha ng mga serbisyo mula sa isang IHCP at walang available na nasa network na IHCP, dapat tulungan kayo ng L.A. Care na makahanap ng isang wala sa network na IHCP. Para matuto pa, basahin ang “Network ng provider” sa Kabanata 3 ng handbook na ito.

Paano gumagana ang inyong plano

Ang L.A. Care ay isang planong pangkalusugan ng pinapamahalaang pangangalagang nakakontrata sa DHCS. Nakikipagtulungan ang L.A. Care sa mga doktor, ospital, at iba pang provider sa lugar ng serbisyo ng L.A. Care para magbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa aming mga miyembro. Bilang miyembro ng L.A. Care, maaari kayong maging kwalipikado para sa ilang serbisyong ibinigay sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal. Kabilang dito ang mga reseta sa outpatient, hindi inireresetang gamot, at ilang medikal na supply sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Sasabihin sa inyo ng Mga Serbisyo sa Miyembro kung paano gumagana ang L.A. Care, paano makukuha ang pangangalagang kailangan ninyo, paano mag-schedule ng mga appointment sa provider sa loob ng oras ng tanggapan, paano humiling ng mga libreng serbisyo sa interpretasyon at serbisyo sa pagsasalin o nakasulat na impormasyon sa mga alternatibong format, at paano malalaman kung kwalipikado kayo para sa mga serbisyo sa transportasyon.

Upang matuto pa, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Makakakita rin kayo ng impormasyon sa serbisyo sa miyembro online sa lacare.org.

Pagpapalit ng mga planong pangkalusugan

Maaari kayong umalis sa L.A. Care at sumali sa ibang planong pangkalusugan sa county kung saan kayo nakatira anumang oras kung may ibang planong pangkalusugan na available. Para pumili ng bagong plano, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077** o **711**). Maaari kayong tumawag mula 8 a.m. hanggang 6 p.m. Lunes hanggang Biyernes. O pumunta sa <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov>.

Nagtatagal nang hanggang 30 araw para maproseso ang inyong kahilingan para umalis sa L.A. Care at magpatala sa ibang plano sa inyong county Upang malaman ang katayuan ng inyong kahilingan, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077** o **711**).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Kung gusto ninyong umalis sa L.A. Care sa lalong madaling panahon, maaari kayong tumawag sa Health Care Options at humiling ng pinabilis (mabilis) na pag-alis sa pagkakatala.

Kasama, pero hindi limitado, sa mga miyembrong maaaring humiling ng pinabilis na pag-alis sa pagkakatala ang mga batang kumukuha ng mga serbisyo sa ilalim ng mga programa ng Foster na Pangangalaga o Tulong sa Pag-ampon, miyembrong may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, at miyembrong nakatala na sa Medicare o ibang Medi-Cal o komersyal na plano ng pinamamahalaang pangangalaga.

Maaari kayong humiling na umalis sa L.A. Care sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng county. Hanapin ang inyong lokal na tanggapan ng county sa:

<http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>.

O tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077** o **711**).

Mga estudyante na lumipat sa bagong county o umalis sa California

Maaari kayong makakuha ng pang-emergency na pangangalaga at agarang pangangalaga kahit saan sa Estados Unidos, kabilang ang mga teritoryo ng Estados Unidos. Ang karaniwang pangangalaga at pangangalagang pang-iwas sa sakit ay sinasaklaw lang sa county kung saan kayo nakatira. Kung isa kayong mag-aaral na lumipat sa bagong county sa California para pumasok sa mas mataas na edukasyon, kabilang ang kolehiyo, sasaklawin ng L.A. Care ang mga serbisyo sa emergency room at sa agarang pangangalaga sa inyong bagong county. Maaari rin kayong makatanggap ng karaniwan o pang-iwas na pangangalaga sa inyong bagong county, ngunit dapat ipaalam ninyo ito sa L.A. Care. Basahin ang higit pa sa ibaba.

Kung nakatala na kayo sa Medi-Cal at mag-aaral kayo sa isang county na iba sa inyong county na tinitirahan sa California, hindi mo kailangang mag-apply para sa Medi-Cal sa county na iyon.

Kung pansamantala kayong lumipat ng bahay para maging isang mag-aaral sa ibang county sa California, may dalawang pagpipilian na available sa inyo. Kayo ay maaaring:

- Sabihin sa inyong manggagawa sa pagiging kwalipikado sa Departamento ng Pamublikong Serbisyong Panlipunan ng Los Angeles County sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-866-613-3777** o pagbisita sa <http://dps.lacounty.gov> na pansamantala kayong lilipat upang pumasok sa isang paaralan para sa mas mataas na edukasyon at ibigay sa kanila ang inyong address sa bagong county. I-update ng county ang mga record ng kaso hinggil sa inyong bagong address at code ng county. Kailangan ninyong gawin ito kung gusto mong panatilihin ang pagkuha ng karaniwan o pang-iwas na pangangalaga habang nakatira ka sa bagong county. Maaaring kailanganin ninyong magpalit ng mga planong pangkalusugan kung hindi nagseserbisyo ang L.A. Care sa county kung saan ka nag-aaral ng kolehiyo. Para sa mga tanong at upang maiwasan ang pagkaantala sa pagsali sa bagong planong pangkalusugan, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077** o **711**).

O

- Kung hindi nagseserbisyo ang L.A. Care sa bagong county kung saan kayo nag-aaral ng kolehiyo, at hindi mo binabago ang inyong planong pangkalusugan sa isa na nagseserbisyo sa county na iyon, makakakuha ka lang ng emergency room at mga serbisyo sa agarang pangangalaga para sa ilang mga kundisyon sa bagong county. Para matuto pa, basahin ang Kabanata 3, "Paano makakuha ng pangangalaga." Para sa karaniwan o pang-iwas na pangangalagang pangkalusugan, kakailanganin ninyong gamitin ang network ng mga provider ng L.A. Care na nasa Los Angeles County.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Kung pansamantala kayong aalis sa California upang mag-aral sa ibang estado at gusto ninyong panatilihin ang inyong saklaw sa Medi-Cal, makipag-ugnayan sa inyong manggagawa sa pagiging karapat-dapat sa Departamento ng Mga Pamublikong Serbisyong Panlipunan ng Los Angeles County. Hangga't kwalipkado kayo, sasaklawin ng Medi-Cal ang mga serbisyong pang-emergency at agarang pangangalaga sa ibang estado. Sasaklawin din ng Medi-Cal ang pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico.

Hindi saklaw sa labas ng California ang mga serbisyo sa karaniwan at pang-iwas na pangangalaga, kabilang ang mga inireresetang gamot na nauugnay sa mga serbisyong ito. Hindi kayo magiging kwalipikado para sa saklaw ng Medi-Cal para sa mga serbisyo sa labas ng estado na iyon. Hindi magbabayad ang L.A. Care para sa inyong pangangalagang pangkalusugan. Kung gusto ninyo ng Medicaid sa ibang estado, kakailanganin ninyong mag-apply sa estadong iyon. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang pang-emergency, agaran, o anumang iba pang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa labas ng Estados Unidos, maliban sa pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico gaya ng binanggit sa Kabanata 3.

Pagpapatuloy ng Pangangalaga

Pagpapatuloy na pangangalaga para sa provider na wala sa network

Bilang miyembro ng L.A. Care, kukunin ninyo ang inyong pangangalagang pangkalusugan sa mga provider sa network ng L.A. Care. Upang malaman kung ang provider ng pangangalagang pangkalusugan ay nasa network ng L.A. Care, mangyaring tingnan ang providers.lacare.org/s/find-doctor-or-hospital. Maaaring wala sa network ng L.A. Care ang mga provider na hindi nakalista sa direktoryo.

Sa ilang mga kaso, maaari kayong makakuha ng pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network ng L.A. Care. Kung kailangan ninyong baguhin ang inyong planong pangkalusugan o lumipat mula sa FFS Medi-Cal patungo sa pinapamahalaang pangangalaga, o mayroon kayong provider na nasa network ngunit ngayon ay nasa labas na ng network, maaaring mapanatili ninyo ang inyong provider kahit na wala siya sa network ng L.A. Care. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga.

Kung kailangan mong makakuha ng pangangalaga mula sa isang provider na nasa labas ng network, tawagan ang L.A. Care upang humingi ng pagpapatuloy ng pangangalaga. Maaari kayong makakuha ng pagpapatuloy ng pangangalaga hanggang sa 12 buwan, o higit pa sa ilang kaso, kung totoo ang lahat ng sumusunod:

- Mayroon kayong patuloy na ugnayan sa provider na wala sa network bago ang pagpapatala sa L.A. Care
- Pumunta ka sa isang provider na wala sa network kahit isang beses sa loob ng labindalawang (12) buwan bago ang iyong pagpapatala sa L.A. Care para sa isang hindi pang-emergency na pagpapatingin
- Handang makipagtulungan ang wala sa network na provider sa L.A. Care at sumasang-ayon sa mga kinakailangan sa kontrata ng L.A. Care at pagbabayad para sa mga serbisyo
- Natutugunan ng wala sa network na provider ang mga propesyonal na pamantayan ng L.A. Care
- Nakapagpatala at nakikibahagi sa programang Medi-Cal ang provider na wala sa network

Upang matuto pa, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Kung ang inyong provider ay hindi sasali sa network ng L.A. Care bago ang pagtatapos ng 12 buwan, hindi sumasang-ayon sa mga rate ng pagbabayad ng L.A. Care, o hindi nakakatugon sa mga kinakailangan sa kalidad ng pangangalaga, kailangan ninyong lumipat sa mga provider sa network ng L.A. Care. Para pag-usapan ang iyong mga pagpipilian, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Hindi kinakailangan ng L.A. Care na magbigay ng pagpapatuloy ng pangangalaga para sa isang provider na wala sa network para sa ilang mga pantulong (pansuportang) serbisyo tulad ng radiology, laboratoryo, dialysis center, o transportasyon. Makukuha ninyo ang mga serbisyong ito sa isang provider na nasa network ng L.A. Care.

Para malaman ang higit pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga at kung kwalipikado kayo, tumawag sa Mga Serbisyo ng Miyembro.

Pagkumpleto ng mga saklaw na serbisyo mula sa isang provider na wala sa network

Bilang miyembro ng L.A. Care, makukuha ninyo ang inyong mga saklaw na serbisyo sa Medi-Cal mula sa mga provider sa network ng L.A. Care. Kung ginagamot ka para sa ilang mga kundisyon sa kalusugan sa oras na ikaw ay nagpatala sa L.A. Care o sa oras na umalis ang iyong provider sa network ng L.A. Care, maaari rin kayong makakuha ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa isang provider na wala sa network.

Maaari ninyong ipagpatuloy ang pangangalaga sa isang provider na wala sa network sa isang partikular na panahon kung kailangan mo ng mga serbisyong saklaw para sa mga kundisyong ito sa kalusugan:

Kundisyon sa kalusugan	Haba ng panahon
Mga malubhang kundisyon (isang medikal na isyung nangangailangan ng mabilis na atensyon)	Hanggang tumatagal ang inyong malubhang kundisyon
Malubha at hindi gumagaling na kundisyon sa pisikal at pag-uugali (isang malubhang isyu sa inyong pangangalagang pangkalusugan na nararanasan mo sa mahabang panahon)	Hanggang 12 buwan mula sa pagsisimula ng saklaw o petsa ng pagtatapos ng kontrata ng provider sa L.A. Care
Pangangalaga sa panahon ng pagbubuntis at postpartum (pagkatapos ng panganganak)	Sa panahon ng iyong pagbubuntis at hanggang sa 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis.
Mga serbisyo sa maternal na kalusugan ng isip	Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng ina hanggang sa 12 buwan mula sa pagsusuri o mula sa pagtatapos ng pagbubuntis, alinman ang mas huli.
Pangangalaga sa bagong panganak na bata sa pagitan ng kapanganakan at 36 na buwan na ang edad	Hanggang 12 buwan mula sa petsa ng pagsisimula ng pagsaklaw o petsa ng pagtatapos ng kontrata ng provider sa L.A. Care.
Sakit na nagtataning sa buhay (isang medikal na isyung nagbabanta sa buhay)	Hanggang sa katagalan ng iyong sakit. Maaari pa rin kayong makakuha ng mga serbisyo nang higit sa 12 buwan mula sa petsa na nagpatala ka sa L.A. Care o sa panahon na tumigil ang provider sa pakikipagtulungan sa L.A. Care
Pagsasagawa ng isang operasyon o iba pang mga medikal na procedure mula sa isang provider na wala sa network hanggang sa saklaw, medikal na kinakailangan, at pinahintulutan ng L.A. Care bilang bahagi ng isang dokumentadong serye ng paggamot at inirerekomenda at dokumentado ng provider	Dapat maganap ang operasyon o iba pang medikal na procedure sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pagwawakas ng kontrata ng provider o 180 araw mula sa epektibong petsa ng iyong pagpatala sa L.A. Care

Para sa iba pang kundisyon na maaaring maging kwalipikado, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Kung hindi handang patuloy na magbigay ng mga serbisyo ang provider na wala sa network o hindi sumasang-ayon sa mga kinakailangan sa kontrata, pagbabayad, o iba pang mga tuntunin para sa pagbibigay ng pangangalaga ng L.A. Care, hindi ka makakakuha ng patuloy na pangangalaga mula sa provider. Maaari kayong patuloy na makakuha ng mga serbisyo mula sa ibang provider sa network ng L.A. Care.

Para sa tulong sa pagpili ng isang nakakontratang provider para magpatuloy sa inyong pangangalaga o kung mayroon kayong mga tanong o problema sa pagkuha ng mga saklaw na serbisyo mula sa isang provider na hindi na bahagi ng L.A. Care, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Hindi kinakailangang magbigay ng L.A. Care ng pagpapatuloy ng pangangalaga para sa mga serbisyo na hindi sinasaklaw ng Medi-Cal o hindi nasasaklaw sa ilalim ng kontrata ng L.A. Care sa DHCS. Para matuto ng higit pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga, pagiging karapat-dapat, at mga available na serbisyo, tumawag sa Mga Serbisyo ng Miyembro.

Mga Gastusin

Mga gastusin ng miyembro

Pinaglilingkuran ng L.A. Care ang mga taong kwalipikado para sa Medi-Cal. Sa karamihan ng mga kaso, hindi kailangang magbayad ang mga miyembro ng L.A. Care para sa mga saklaw na serbisyo, premium, o deductible.

Kung ikaw ay American Indian, hindi mo kailangang magbayad ng mga bayarin sa pagpapatala, premium, deductible, co-pay, pagbabahagi ng gastos, o iba pang katulad na singil. Hindi dapat singilin ng L.A. Care ang sinumang miyembrong American Indian na nakakuha ng isang item o serbisyo nang direkta mula sa isang IHCP o sa pamamagitan ng isang referral sa isang IHCP o ibawas sa mga pagbabayad na dapat ibayad sa isang IHCP ang halaga ng anumang bayad sa pagpapatala, premium, nababawas, copayment, pagbabahagi ng gastos, o katulad na singil.

Maliban sa pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, o sensitibong pangangalaga, kailangan ninyong makakuha ng paunang pag-apruba mula sa L.A. Care bago ka bumisita sa isang provider na wala sa network ng L.A. Care. Kung hindi kayo nakakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) at pumunta kayo sa isang provider ng serbisyo sa labas ng network para sa pangangalagang hindi pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga, o sensitibong pangangalaga, maaaring kailanganin ninyong magbayad para sa pangangalagang nakuha ninyo mula sa provider na iyon. Para sa listahan ng mga saklaw na serbisyo, basahin ang Kabanata 4, "Mga benepisyo at serbisyo" sa handbook na ito. Makikita rin ninyo ang Direktoryo ng Provider sa website ng L.A. Care sa lacare.org.

Para sa mga miyembrong may pangmatagalang pangangalaga at bahagi sa gastusin

Maaaring kailanganin ninyong magbayad ng bahagi sa gastusin bawat buwan para sa inyong mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga. Ang halaga ng inyong bahagi sa gastusin ay nakadepende sa inyong kita. Bawat buwan, babayaran ninyo ang inyong sariling mga bayarin sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang ngunit hindi limitado sa, mga bayarin sa Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (Long-Term Services and Supports, LTSS), hanggang sa ang halaga ng inyong binayaran ay maging katumbas ng inyong bahagi sa gastusin. Pagkatapos nito, sasaklawin ng L.A. Care ang inyong pangmatagalang pangangalaga para sa buwang iyon. Hindi kayo sasaklawin ng L.A. Care hanggang sa mabayaran ninyo ang inyong buong bahagi sa gastusin para sa pangmatagalang pangangalaga para sa buwang iyon.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Paano binabayaran ang provider

Binabayaran ng L.A. Care ang mga provider sa mga ganitong paraan:

- Mga capitation na pagbabayad
 - Binabayaran ng L.A. Care ang ilang provider ng nakatakdang halaga ng pera bawat buwan para sa bawat miyembro ng L.A. Care. Tinatawag itong capitation na pagbabayad. Nagtutulungan ang L.A. Care at mga provider upang magpasya tungkol sa halaga ng bayad.
- Mga pagbabayad na Fee For Service (FFS)
 - Nagbibigay ang ilang provider ng pangangalaga sa mga miyembro ng L.A. Care at pagkatapos nagpapadala sila sa L.A. Care ng bill para sa mga serbisyong ibinigay nila. Tinatawag itong pagbabayad na fee for service (FFS). Nagtutulungan ang L.A. Care at mga provider upang magpasya kung magkano ang halaga ng bawat serbisyo.

Para matuto pa tungkol sa kung paano binabayaran ng L.A. Care ang mga provider, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

- Mga Programa sa Insentibo ng Provider:
 - Nag-aalok ang L.A. Care ng mga insentibo sa mga provider sa layuning mapahusay ang inyong pangangalaga at karanasan sa mga doktor ng L.A. Care. Layunin ng mga programang ito na mapahusay ang:
 - Kalidad ng ibinigay na medikal na pangangalaga
 - Access sa at availability ng pangangalaga at mga pangangailangan
 - Mga paggamot na ibinigay
 - Mga pinahusay na resulta ng kasiyahan ng miyembro

Kung nakatanggap ka ng bayarin mula sa provider ng pangangalagang pangkalusugan

Ang mga saklaw na serbisyo ay mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na dapat bayaran ng L.A. Care. Kung makatanggap kayo ng singil para sa anumang saklaw na serbisyo ng Medi-Cal, huwag bayaran ang sinisingil. Tawagan kaagad ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Tutulungan kayo ng L.A. Care na malaman kung tama ang singil.

Kung kumuha ka ng bill mula sa isang botika para sa mga iniresetang gamot, supply, o suplemento, tawagan ang Serbisyo sa Mamimili ng Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Puwedeng tumawag sa **711** ang mga gumagamit ng TTY, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaari rin kayong pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Paghiling sa L.A. Care na bayaran kayo para sa mga ginastos

Kung nagbayad kayo para sa mga serbisyong natanggap na ninyo, maaari kayong maging kwalipikado para ma-reimburse (maibalik ang ibinayad) kung matutugunan ninyo ang **lahat** ng kundisyong ito:

- Isang saklaw na serbisyo ang serbisyo na iyong natanggap na responsibilidad na bayaran ng L.A. Care. Hindi magre-reimburse ang L.A. Care sa iyo para sa serbisyong hindi saklaw ng L.A. Care.
- Natanggap ninyo ang saklaw na serbisyo habang kayo ay isang karapat-dapat na miyembro ng L.A. Care.
- Hinihiling ninyong mabayaran kayo sa loob ng isang taon mula sa petsa na nakuha ninyo ang saklaw na serbisyo.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

2 | Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

- Nagbigay ka ng patunay na nagbayad kayo, o ang isang tao sa ngalan ninyo, para sa saklaw na serbisyo, gaya ng detalyadong resibo mula sa provider.
- Nakuha ninyo ang saklaw na serbisyo mula sa nakatalang provider ng Medi-Cal sa network ng L.A. Care. Hindi ninyo kailangang matugunan ang kundisyong ito kung nakatanggap kayo ng mga pang-emergency na serbisyo, serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o ibang serbisyo na pinapayagan ng Medi-Cal na ibigay ng mga wala sa network na provider nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).
- Kung ang saklaw na serbisyo ay karaniwang nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), dapat magbigay ka ng katibayan mula sa provider na nagpapakita ng medikal na pangangailangan para sa saklaw na serbisyo.

Sasabihin sa iyo ng L.A. Care kung ire-reimburse ka nila sa isang sulat na tinatawag na Abiso sa Pagkilos (NOA). Kung matutugunan ninyo ang lahat ng kundisyon sa itaas, dapat kayong bayaran ng provider na nakatala sa Medi-Cal para sa buong halagang ibinayad ninyo. Kung ayaw ng provider na bayaran kayo, babayaran kayo ng L.A. Care para sa buong halagang ibinayad ninyo. Dapat namin kayong i-reimburse sa loob ng 45 araw ng trabaho pagkatapos matanggap ang claim.

Kung nakatala ang provider sa Medi-Cal ngunit wala ito sa network ng L.A. Care at ayaw kayo nitong bayaran, babayaran kayo ng L.A. Care, ngunit hanggang sa halaga lamang na babayaran ng FFS Medi-Cal. Magbabayad sa iyo ang L.A. Care para sa buong out-of-pocket para sa mga pang-emergency na serbisyo, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o ibang serbisyo na pinapayagan ng Medi-Cal na ibigay ng mga provider na wala sa network nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kung hindi ninyo matutugunan ang isa sa mga kundisyon sa itaas, hindi kayo babayaran ng L.A. Care.

Hindi kayo babayaran ng L.A. Care kung:

- Humiling at tumanggap kayo ng mga serbisyong hindi saklaw ng Medi-Cal, gaya ng mga serbisyong pang-kosmetiko.
- Ang serbisyo ay hindi saklaw na serbisyo ng L.A. Care.
- Mayroon kayong hindi pa natutugunang bahagi sa gastusin ng Medi-Cal
- Nagpunta kayo sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at pumirma kayo sa isang form na nagsasabing gusto ninyo pa ring magpatingin at ikaw mismo ang magbabayad para sa mga serbisyo
- Kung mayroon kayong Medicare Part D, saklaw ng inyong plano sa Medicare Part D ang mga copayment para sa mga reseta



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

3. Paano makakuha ng pangangalaga

Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

Mangyaring basahin ang sumusunod na impormasyon upang malaman ninyo jung mula kaninio o sa anong grupo ng mga provider maaaring makuha ang pangangalagang pangkalusugan.

Maaari kayong makakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan batay sa iyong petsa ng pagkabisa ng pagpapatala sa L.A. Care. Dalhin palagi ang inyong Identification (ID) card ng L.A. Care, Identification Card para sa Mga Benepisyo ng Medi-Cal (BIC), at anumang iba pang card ng insurance sa kalusugan. Huwag payagan ang sinuman na gamitin ang inyong BIC card o ID card sa L.A. Care.

Ang mga bagong miyembro na may saklaw sa Medi-Cal lang ang dapat pumili ng provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) sa network ng L.A. Care. Hindi kailangang pumili ng PCP ang mga bagong miyembro na may parehong Medi-Cal at iba pang komprehensibong saklaw sa kalusugan.

Ang network ng L.A. Care ay isang grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang provider na nakikipagtulungan sa L.A. Care. Dapat kayong pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula sa oras na naging miyembro kayo ng L.A. Care. Kung hindi kayo pipili ng PCP, pipili ang L.A. Care ng isa para sa inyo.

Maaari ninyong piliin ang parehong PCP o iba't ibang PCP para sa lahat ng miyembro ng pamilya sa L.A. Care, hanggang sa available ang PCP.

Kung mayroon kang isang doktor na nais mong panatilihin, o nais mong makahanap ng isang bagong PCP, pumunta sa Direktoryo ng Provider para sa listahan ng lahat ng PCP at iba pang mga provider sa network ng L.A. Care. May iba pang impormasyon ang Direktoryo ng Provider upang tulungan kayong pumili ng PCP. Kung kailangan ninyo ng Direktoryo ng Provider, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Makikita rin ninyo ang Direktoryo ng Provider sa website ng L.A. Care sa lacare.org.

Kung hindi ninyo makuha ang pangangalagang kailangan ninyo mula sa kalahok na provider sa network ng L.A. Care, dapat humingi ang inyong PCP o espesyalista sa network ng L.A. Care ng pag-apruba sa L.A. Care para ilipat kayo sa isang wala sa network na provider. Ito ay tinatawag na rekomendasyon. Hindi ninyo kailangan ng pahintulot para pumunta sa wala sa network na provider para makakuha ng mga sensitibong serbisyo na inilarawan sa ilalim ng heading na "Sensitibong pangangalaga" sa hulihang bahagi ng kabanatang ito.

Basahin ang kabuuan ng kabanatang ito para matuto pa tungkol sa mga PCP, sa Direktoryo ng Provider, at sa network ng provider.

Ang programang Medi-Cal Rx ay nangangasiwa sa coverage ng iniresetang gamot para sa outpatient. Para matuto pa, basahin ang "Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal" sa Kabanata 4.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Provider ng pangunahing pangangalaga (PCP)

Ang inyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) ay ang lisensyadong provider na pinupuntahan mo para sa karamihan ng inyong pangangalagang pangkalusugan. Tinutulungan ka rin ng inyong PCP na makakuha ng iba pang uri ng pangangalaga na kailangan ninyo. Dapat kayong pumili ng PCP sa loob ng 30 araw ng pagpapatala sa L.A. Care. Depende sa inyong edad at kasarian, maaari kayong pumili ng pangkalahatang practitioner, OB/GYN, pampamilyang practitioner, internist, o pediatrician bilang inyong PCP.

Maaari ring gumanap bilang inyong PCP ang practitioner na nurse (nurse practitioner, NP), assistant ng doktor (physician assistant, PA), o sertipikadong kumadronang nurse. Kung pipili kayo ng NP, PA, o sertipikadong kumadronang nurse, maaaring magtalaga sa inyo ng doktor na mangangasiwa sa inyong pangangalaga. Kung ikaw ay parehong nasa Medicare at Medi-Cal, o kung mayroon rin kayong iba pang kumprehensibong insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi ninyo kailangan pumili ng PCP.

Maaari kayong pumili ng Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Mga Indian (IHCP), Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (FQHC) o Rural na Klinikang Pangkalusugan (RHC) bilang inyong PCP. Depende sa uri ng provider, maaari kayong pumili ng PCP para sa inyong sarili at sa iba pang miyembro ng inyong pamilya na miyembro ng L.A. Care, hanggang available ang PCP.

Tandaan: Maaaring pumili ng IHCP ang mga American Indian bilang kanilang PCP, kahit na ang IHCP ay wala sa network ng L.A. Care.

Kung hindi kayo pipili ng PCP sa loob ng 30 araw pagkatapos magpatala, itatalaga kayo ng L.A. Care sa isang PCP. Kung itinalaga kayo sa isang PCP at gusto ninyong magpalit, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Mangyayari ang pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan.

Gagawin ng inyong PCP na:

- Alamin ang inyong kasaysayan ng at mga pangangailangan sa kalusugan.
- Ingatan ang inyong mga talaan sa kalusugan
- Ibigay sa inyo ang pangangalagang pangkalusugan na pang-iwas sa sakit at karaniwang pangangalagang pangkalusugan na kailangan ninyo
- I-refer kayo sa isang espesyalista kung kailangan ninyo nito
- Magsaayos para sa pangangalaga sa ospital kung kailangan ninyo ito

Maaari kayong tumingin sa Direktoryo ng Provider upang maghanap ng PCP sa network ng L.A. Care. Ang Direktoryo ng Provider ay may listahan ng mga IHCP, FQHC at RHC na nakikipagtulungan sa L.A. Care.

Makikita ninyo ang Direktoryo ng Provider ng L.A. Care online sa lacare.org. O maaari kayong humiling na mag-mail sa inyo ng Direktoryo ng Provider sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Maaari din kayong tumawag upang malaman kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang PCP na gusto ninyo.

Pagpili ng mga doktor at iba pang provider

Kayo ang pinakanakakaalam sa inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kung kaya't pinakamabuting kayo ang pumili ng inyong PCP. Pinakamabuting manatili sa isang PCP upang malaman niya ang inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Gayunpaman, kung gusto ninyong magpalit ng PCP, maaari kayong magpalit anumang oras. Dapat kayong pumili ng PCP na nasa network ng provider ng L.A. Care at tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Ang inyong bagong pinili ay magiging inyong PCP sa unang araw ng susunod na buwan pagkatapos ninyong magawa ang pagbabago.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Upang palitan ang inyong PCP, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) Maaari rin ninyong hilingin na palitan ang inyong PCP sa pamamagitan ng pag-log in sa portal ng miyembro ng L.A. Care Connect sa <https://members.lacare.org>.

Maaaring baguhin ng L.A. Care ang inyong PCP kung ang PCP ay hindi tumatanggap ng mga bagong pasyente, umalis sa network ng L.A. Care, hindi nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyenteng kaedad ninyo, o kung may mga alalahanin sa kalidad sa PCP na hindi nalutas. Ang L.A. Care o ang inyong PCP ay maaari ring humiling sa inyo na lumipat sa bagong PCP kung hindi kayo nagkakasundo o sumasang-ayon sa inyong PCP, o kung nakakaligtan ninyo o nahuhuli kayo sa mga appointment. Kung kailangan ng L.A. Care na palitan ang inyong PCP, sasabihin sa inyo ng L.A. Care sa sulat.

Kung mapapalitan ang inyong PCP, makakakuha kayo ng liham at bagong ID card ng miyembro ng L.A. Care sa mail. Nakalagay dito ang pangalan ng inyong PCP. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa pagkuha ng bagong ID card.

Ilang bagay na dapat pag-isipan kapag pumipili ng PCP:

- Nagbibigay ba ang PCP ng medikal na paggamot para sa mga bata?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa klinikang gusto kong gamitin?
- Malapit ba ang tanggapan ng PCP sa aking bahay, trabaho, o paaralan ng mga anak ko?
- Malapit ba ang tanggapan ng PCP sa kung saan ako nakatira at madali bang makapunta sa tanggapan ng PCP?
- Nag-aalok ba ang tanggapan ng PCP ng mga serbisyo ng telehealth?
- Nagsasalita ba ang mga doktor at tauhan sa wika ko?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa ospital na gusto ko?
- Maibibigay ba ng PCP ang mga serbisyong kailangan ko?
- Pasok ba sa schedule ko ang mga oras ng trabaho ng PCP?
- Gumagana ba ang PCP sa mga espesyalista na ginagamit ko?
- Mayroon bang ibang clinician ang tanggapan ng PCP, tulad ng Nurse Practitioner, kung kanino ako maaaring magpatingin kung sakaling hindi available ang PCP?

Unang Appointment para sa Kalusugan (Initial Health Assessment, IHA)

Inirerekumenda ng L.A. Care na, bilang bagong miyembro, bisitahin ninyo ang inyong bagong PCP sa loob ng 120 araw para sa inyong unang appointment para sa kalusugan, na tinatawag na Unang Appointment para sa Kalusugan (Initial Health Assessment, IHA). Ang layunin ng unang appointment para sa kalusugan ay tulungan ang inyong PCP na malaman ang inyong kasaysayan at mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring magtanong sa inyo ang inyong PCP tungkol sa inyong kasaysayan ng kalusugan o maaaring hilingin sa inyo na sagutan ang isang talatanungan. Sasabihin din sa inyo ng inyong PCP ang tungkol sa pagpapayo sa edukasyon sa kalusugan at mga klase na makakatulong sa inyo.

Kapag tumawag kayo para i-schedule ang inyong unang appointment para sa kalusugan, sabihin sa taong sasagot sa tawag na kayo ay miyembro ng L.A. Care. Ibigay ang inyong numero ng ID ng L.A. Care.

Dalhin ang inyong Medi-Cal BIC card at ID card sa L.A. Care sa inyong appointment. Magandang ideya na magdala ng listahan ng inyong mga gamot at tanong sa inyong pagpatingin. Maghandang makipag-usap sa inyong PCP tungkol sa inyong mga pangangailangan at alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan.

Tiyaking tawagan ang tanggapan ng inyong PCP kung mahuhuli kayo o hindi kayo makakapunta sa inyong appointment.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa inyong unang appointment para sa kalusugan, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Karaniwang pangangalaga

Ang karaniwang pangangalaga ay regular na pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang pangangalagang pang-iwas sa sakit, na tinatawag ding pagpapanatili ng kalusugan o well care. Tinutulungan kayo nitong manatiling malusog at tumutulong na ilayo kayo sa pagkakasakit. Kabilang sa pangangalagang pang-iwas sa sakit ang mga regular na check-up, screening, imyunisasyon, edukasyon sa kalusugan, at pagpapayo.

Inirerekomenda ng L.A. Care lalo na ang mga bata, na kumuha ng regular na karaniwan at pang-iwas na pangangalaga. Maaaring makakuha ang mga miyembro ng L.A. Care ng lahat ng inirerekumendang maagang serbisyong pang-iwas na inirerekomenda ng American Academy of Pediatrics at ang Centers for Medicare at Mga Serbisyo ng Medicaid. Kabilang sa mga pagsusuri na ito ang pagsusuri sa pandinig at paningin, na maaaring makatulong para matiyak ang malusog na pag unlad at pag aaral. Para sa listahan ng mga serbisyong inirerekomenda ng pediatrician, basahin ang mga alituntunin na “Bright Futures” mula sa American Academy of Pediatrics sa https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf.

Kasama rin sa karaniwang pangangalaga ang pangangalaga kapag may sakit ka. Sinasaklaw ng L.A. Care ang karaniwang pangangalaga mula sa inyong PCP.

Gagawin ng inyong PCP na:

- Ibigay sa inyo ang karamihan sa inyong karaniwang pangangalaga, kabilang ang mga regular na check-up, imyunisasyon (mga iniksyon), paggamot, reseta, kinakailangang screening, at payong medikal
- Ingatan ang inyong mga talaan sa kalusugan
- I-refer kayo sa mga espesyalista kung kinakailangan
- Mag-uutos ng mga X-ray, mammogram o pagsusuri sa laboratoryo kung kailangan mo ang mga ito

Kapag kailangan ninyo ng karaniwang pangangalaga, dapat tawagan ninyo ang inyong PCP para sa appointment. Tiyaking tawagan ang inyong PCP bago kayo tumanggap ng pangangalagang medikal, maliban kung isa itong emergency. Kung hindi ninyo ma-access ang inyong PCP, makakakuha rin kayo ng pangangalaga para sa mga hindi pang-emergency na kundisyon sa pamamagitan ng:

- Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line>
- Agarang Pangangalaga
- Pangangalagang Virtual gaya ng Telehealth
- Mga Retail na Klinika

Para sa emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Para matuto pa tungkol sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong sinasaklaw ng L.A. Care at kung ano ang hindi nito sinasaklaw, basahin ang Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo” at Kabanata 5, “Well care para sa mga bata at kabataan” sa handbook na ito.

Maaaring gumamit ang lahat ng nasa network na provider ng L.A. Care ng mga tulong at serbisyo upang makipag-ugnayan sa mga taong may mga kapansanan. Maaari din silang makipag-ugnayan sa inyo sa ibang wika o format. Sabihin sa inyong provider o sa L.A. Care ang kailangan ninyo.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Network ng provider

Ang network ng provider ng Medi-Cal ay grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang provider na nakikipagtulungan sa L.A. Care para magbigay ng mga saklaw na serbisyo sa lahat ng miyembro ng Medi-Cal.

Ang L.A. Care ay isang planong pangkalusugan na pinapamahalaang pangangalaga. Kailangan ninyong makuha ang karamihan sa inyong mga saklaw na serbisyo sa pamamagitan ng L.A. Care mula sa aming mga nasa network na provider. Maaari kayong pumunta sa isang provider na wala sa network nang walang referral o paunang pag-apruba para sa pangangalagang pang-emergency o para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya. Maaari rin kayong pumunta sa isang provider na wala sa network para sa wala sa lugar ng serbisyo na agarang pangangalaga kapag ikaw ay nasa isang lugar na hindi namin pinagseserbisuhan. Kailangan ninyong magkaroon ng referral o paunang pag-apruba para sa lahat ng iba pang mga serbisyo sa labas ng network, o hindi sila masasaklaw.

Tandaan: Maaaring pumili ng IHCP ang mga American Indian bilang kanilang PCP, kahit na ang IHCP ay wala sa network ng L.A. Care.

Kung ang inyong PCP, ospital, o iba pang provider ay may moral na pagtutol sa pagbibigay sa inyo ng saklaw na serbisyo, gaya ng pagpapalano ng pamilya o pagpapalaglag, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Para sa higit pa tungkol sa mga moral na pagtutol, basahin ang seksyong “Moral na pagtutol” sa hulihang bahagi ng kabanatang ito.

Kung may moral na pagtutol ang inyong provider, matutulungan ka nilang maghanap ng ibang provider na magbibigay sa inyo ng mga serbisyonang kailangan ninyo. Matutulungan rin kayo ng L.A. Care na maghanap ng provider na magsasagawa ng serbisyo.

Mga nasa network na provider

Gagamit kayo ng mga provider sa network ng L.A. Care para sa karamihan sa inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Kukuha kayo ng pangangalagang pang-iwas sa sakit at karaniwang pangangalaga mula sa mga nasa network na provider. Gagamitin mo rin ang mga espesyalista, ospital, at iba pang provider sa network ng L.A. Care.

Upang makakuha ng Direktoryo ng Provider ng mga nasa network na provider, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Makikita rin ninyo ang Direktoryo ng Provider online sa lacare.org. Para makakuha ng kopya ng Listahan ng Nakakontraang Gamot, tawagan ang Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273** (TTY **1-800-977-2273**) at pindutin ang **7** o **711**. O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Kailangan mong kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa L.A. Care bago kayo pumunta sa isang provider ng L.A. Care na wala sa network, kabilang ang sa loob ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care, maliban sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Kung kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.
- Kung nasa labas ka ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care at kailangan mo ng agarang pangangalaga, kung saan maaari kang pumunta sa anumang pasilidad para sa agarang pangangalaga.
- Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, pumunta sa alinmang provider ng Medi-Cal nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).
- Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, pumunta sa isang provider na nasa network o sa provider ng plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Kung wala ka sa isa sa mga kaso na nakalista sa itaas at hindi ka makakakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) bago makakuha ng pangangalaga mula sa isang provider sa labas ng network, maaari kang maging responsable sa pagbabayad para sa anumang pangangalaga na nakuha mo mula sa mga provider na wala sa network.

Mga wala sa network na provider na nasa loob ng lugar ng serbisyo

Ang mga wala sa network na provider ay mga provider na walang kasunduang makipagtulungan sa L.A. Care. Maliban sa pang-emergency na pangangalaga, pampamilyang pangangalaga, sensitibong pangangalaga, at pangangalagang paunang naaprubahan ng L.A. Care, maaaring kailanganin ninyong magbayad para sa anumang pangangalaga na makukuha ninyo mula sa mga wala sa network na provider sa inyong lugar ng serbisyo.

Kung kailangan ninyo ng mga medikal na kinakailangang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na hindi available sa network, maaaring makuha ninyo ang mga ito mula sa wala sa network na provider nang libre. Maaaring aprubahan ng L.A. Care ang rekomendasyon sa isang wala sa network na provider kung ang mga serbisyong kailangan ninyo ay hindi available sa network o napakalayo mula sa bahay ninyo. Kung bibigyan namin kayo ng rekomendasyon sa isang wala sa network na provider, babayaran namin ang pangangalaga sa inyo.

Para sa agarang pangangalaga sa loob ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care, kailangan ninyong pumunta sa isang provider ng agarang pangangalaga na nasa network ng L.A. Care Hindi ninyo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa provider na nasa network. Kailangan ninyong makakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa provider na wala sa network sa loob ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care.

Kung kukuha ka ng agarang pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network sa loob ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care, maaaring kailangan ninyong bayaran ang pangangalagang iyon. Maaari kayong magbasa ng higit pa tungkol sa pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, at mga serbisyo ng sensitibong pangangalaga sa kabanatang ito.

Tandaan: Kung isa kayong American Indian, maaari kayong tumanggap ng pangangalaga sa isang IHCP na wala sa aming network ng provider nang walang rekomendasyon. Ang isang wala sa network na IHCP ay maaari ring mag-refer ng mga miyembro ng American Indian sa isang provider na nasa network nang hindi muna nangangailangan ng referral mula sa isang nasa network na PCP.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa mga wala sa network na serbisyo, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Sa labas ng lugar ng serbisyo

Kung nasa labas kayo ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care at kailangan ninyo ng pangangalagang **hindi** emergency o agaran, tawagan kaagad ang inyong PCP. O tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Ang mga miyembrong nangangailangan ng pangangalagang hindi pang-emergency o hindi agaran sa labas ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care at/o network ng provider ay dapat magkaroon ng paunang pag-apruba bago makuha ang serbisyo. Pakitawagan ang inyong PCP o Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care.

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga pang-emergency na pangangalaga na wala sa network. Kung bumibiyahe ka sa Canada o Mexico at kailangan ninyo ng mga pang-emergency na serbisyo na nangangailangan ng pagpapaospital, sasaklawin ng L.A. Care ang inyong pangangalaga. Kung bumibiyahe ka sa labas ng Canada o Mexico at nangangailangan kayo ng mga pang-emergency na serbisyo, agarang pangangalaga, o anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, **hindi** sasaklawin ng L.A. Care ang inyong pangangalaga.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Kung nagbayad ka para sa mga pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico, maaari kayong humiling na bayaran kayo ng L.A. Care. Susuriin ng L.A. Care ang inyong kahilingan. Upang matuto pa tungkol sa pagbabayad sa inyo, basahin ang Kabanata 2, “Tungkol sa inyong planong pangkalusugan” sa handbook na ito.

Kung kayo ay nasa ibang estado o nasa isang Teritoryo ng Estados Unidos gaya ng American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, o United States Virgin Islands, sinasaklaw kayo para sa pang-emergency na pangangalaga. Hindi tumatanggap ng Medicaid ang lahat ng ospital at doktor. (Medi-Cal ang tawag sa Medicaid sa California lamang.) Kung kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga sa labas ng California, sabihin sa doktor sa ospital o emergency room sa lalong madaling panahon na mayroon kayong Medi-Cal at miyembro kayo ng L.A. Care.

Hilingin sa ospital na gumawa ng mga kopya ng inyong ID card sa L.A. Care. Sabihin sa ospital at mga doktor na singilin ang L.A. Care. Kung makakakuha ng bayarin para sa mga serbisyong natanggap mo sa ibang Estado, tawagan agad ang L.A. Care. Makikipagtulungan kami sa ospital at/o doktor upang isaayos na ang L.A. Care ang magbabayad para sa inyong pangangalaga.

Kung ikaw ay nasa labas ng California at may pang-emergency na pangangailangan para punan ang mga iniresetang gamot para sa outpatient, tawagan ang botika sa Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**.

Tandaan: Maaaring kumuha ang mga American Indian ng mga serbisyo sa mga wala sa network na IHCP.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa wala sa network o wala sa lugar ng serbisyo na pangangalaga, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Kung gusto ninyong kumausap ng Rehistradong Nurse, tawagan ang **Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line>** nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday sa **1-800-249-3619**.

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad para sa agarang pangangalaga. Kung naglalakbay kayo sa labas ng Estados Unidos at kailangan ninyo ng agarang pangangalaga, hindi sasaklawin ng L.A. Care ang inyong pangangalaga. Para sa higit pa tungkol sa agarang pangangalaga, basahin ang “Agarang pangangalaga” sa hulihang bahagi ng kabanatang ito.

Mga Nakatalagang Modelong MCP

Ang L.A. Care ay nakikipagtulungan sa isang malaking grupo ng mga doktor, espesyalista, parmasya, ospital at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Ang ilan sa mga provider na ito ay nagtutulongan sa loob ng isang network, na minsan ay tinatawag na “grupong medikal” o isang “independent practice association (IPA).” Maaari ding direktang nakakontrata ang mga provider na ito sa L.A. Care. May karapatan kayong pumili ng sinumang Doktor ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Physician, PCP) na direktang nakakontrata sa L.A. Care o sa isang kalahok na grupong medikal o IPA.

Ire-refer kayo ng inyong PCP sa mga espesyalista at serbisyong nauugnay sa inyong grupong medikal. Kung nagpatingin na kayo sa isang espesyalista, makipag-usap sa inyong PCP o tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Tutulongan kayo ng Mga Serbisyo sa Miyembro na magpatingin sa provider na iyon kung karapat-dapat kayo para sa pagpapatuloy ng pangangalaga. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa seksyon ng pagpapatuloy ng pangangalaga ng handbook na ito.

Paano gumagana ang pinamamahalaang pangangalaga

Ang L.A. Care ay isang planong pangkalusugan na pinamamahalaang pangangalaga. Nagbibigay ng pangangalaga ang L.A. Care sa mga miyembrong nakatira sa Los Angeles County. Sa pinamamahalaang pangangalaga, ang inyong PCP, mga espesyalista, klinika, ospital, at iba pang mga provider ay nagtutulongan para alagaan ka.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Nakikipagkontrata ang L.A. Care sa mga grupong medikal para magbigay ng pangangalaga sa mga miyembro ng L.A. Care. Ang grupong medikal ay binubuo ng mga doktor na PCP at espesyalista. Nakikipagtulungan ang medikal na grupo sa iba pang mga provider tulad ng mga laboratoryo at supplier matibay na medikal na kagamitan. Konektado rin sa isang ospital ang grupong medikal. Suriin ang inyong ID card ng L.A. Care para sa mga pangalan ng inyong PCP, grupong medikal, at ospital.

Kapag sumali kayo sa L.A. Care, ikaw ang pipili o magtatalaga sa iyo ng isang PCP. Bahagi ng isang grupong medikal ang iyong PCP. Ang iyong PCP at grupong medikal ang namamahala sa pangangalaga sa lahat ng inyong mga pangangailangang medikal. Maaaring i-refer kayo ng iyong PCP sa mga espesyalista o mag-order ng mga pagsusuri sa laboratoryo at X ray. Kung kailangan ninyo ng mga serbisyong nangangailangan ng paunang pag-apuba (paunang pahintulot), susuriin ng L.A. Care o ang inyong grupong medikal ang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) at magpapasya kung aprubahan ang serbisyo.

Sa karamihan ng mga kaso, kailangan ninyong pumunta sa mga espesyalista at iba pang mga propesyonal sa kalusugan na nagtatrabaho sa parehong grupong medikal bilang inyong PCP. Maliban sa mga emergency, kailangan rin ninyong kumuha ng pangangalaga mula sa ospital na konektado sa inyong grupong medikal.

Kung minsan, maaaring kailangan ninyo ang isang serbisyo na hindi available mula sa isang provider sa grupong medikal. Sa kasong iyon, ire-refer ka ng inyong PCP sa isang provider na nasa ibang grupong medikal o nasa labas ng network. Hihingi ang inyong PCP ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para pumunta ka sa provider na ito.

Sa karamihan ng mga kaso, kailangan ninyong magkaroon ng paunang pahintulot mula sa inyong PCP, grupong medikal, o L.A. Care bago kayo makapunta sa isang provider na wala sa network o isang provider na hindi bahagi ng inyong grupong medikal. Hindi ninyo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyong pang-emergency, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o mga serbisyo sa kalusugang ng pag-iisip na nasa network.

Ang mga miyembrong parehong may Medicare at Medi-Cal

Ang mga miyembrong may Medi-Cal na may saklaw ng L.A. Care at Medicare sa ibang lugar ay dapat sumangguni sa kanilang Ebidensya ng Saklaw ng Medicare Advantage para sa mga detalye tungkol sa kanilang saklaw sa Medicare. Mayroon kayong access sa network ng mga provider ng L.A. Care Medi-Cal at mga provider ng Medicare sa inyong network ng Medicare Advantage. Para sa higit pang detalye, mangyaring sumangguni sa inyong direktoryo ng provider ng Medicare Advantage.

Mga doktor

Pipili kayo ng doktor o iba pang provider mula sa Direktoryo ng Provider ng L.A. Care bilang inyong PCP. Ang PCP na pipiliin ninyo ay dapat isang nasa network na provider. Upang makakuha ng kopya ng Direktoryo ng Provider ng L.A. Care, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). O hanapin ito online sa <https://providers.lacare.org/s/find-doctor-or-hospital>.

Kung pipili kayo ng bagong PCP, dapat rin ninyong tawagan ang PCP na gusto mo para matiyak na tumatanggap sila ng mga bagong pasyente.

Kung mayroon kayong doktor bago kayo naging miyembro ng L.A. Care, at ang doktor na iyon ay hindi bahagi ng network ng L.A. Care, maaari ninyong mapanatili ang doktor na iyon sa loob ng limitadong panahon. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga. Maaari kayong magbasa pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa handbook na ito. Upang matuto pa, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Kung kailangan ninyo ng espesyalista, ire-refer kayo ng inyong PCP sa isang espesyalista sa network ng L.A. Care. Hindi nangangailangan ng referral ang ilang espesyalista. Para sa higit pang referral, basahin ang “Mga Referral” sa hulihang bahagi ng kabanatang ito.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Tandaan, kung hindi kayo pipili ng PCP, pipili ang L.A. Care ng isa para sa inyo, maliban kung mayroon kayong iba pang kumprehensibong coverage sa kalusugan bukod sa Medi-Cal. Kayo ang pinakanakakaalam sa inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kung kaya't pinakamabuting kayo ang pumili. Kung ikaw ay nasa parehong Medicare at Medi-Cal, o kung mayroon kayong ibang insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi ninyo kailangang pumili ng PCP mula sa L.A. Care.

Kung gusto ninyong palitan ang inyong PCP, dapat kayong pumili ng PCP mula sa Direktoryo ng Provider ng L.A. Care. Tiyaking tumatanggap ng mga bagong pasyente ang PCP. Upang palitan ang inyong PCP, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) Maaari rin ninyong hilingin na palitan ang inyong PCP sa pamamagitan ng pag-log in sa portal ng miyembro ng L.A. Care Connect sa <https://members.lacare.org>.

Mga ospital

Sa isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Kung hindi ito isang emergency at kailangan ninyo ng pangangalaga sa ospital, magpapasya ang inyong PCP kung sa aling ospital kayo pupunta. Kakailanganin ninyong pumunta sa ospital na ginagamit ng inyong PCP at nasa network ng provider ng L.A. Care. Inililista ng Direktoryo ng Provider ang mga ospital sa network ng L.A. Care.

Mga espesyalista sa kalusugan ng kababaihan

Maaari kayong pumunta sa isang espesyalista sa kalusugan ng kababaihan sa network ng L.A. Care para sa saklaw na pangangalaga na kinakailangan upang magbigay ng mga serbisyo sa pang-iwas at karaniwang pangangalaga ng kababaihan. Hindi ninyo kailangan ng referral o pahintulot mula sa inyong PCP para makuha ang mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghahanap ng espesyalista sa kalusugan ng kababaihan, maaari ninyong tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Maaari din ninyong tawagan ang 24/7 na **Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line>** sa **1-800-249-3619** (TTY **711**) kung gusto ninyong kumausap ng Rehistradong Nurse.

Para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, hindi kailangang nasa network ng provider ng L.A. Care ang inyong provider. Maaari kayong pumili ng sinumang provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanya nang walang rekomendasyon o paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Para sa tulong sa paghahanap ng provider ng Medi-Cal sa labas ng network ng provider ng L.A. Care, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Direktoryo ng Provider

Inililista ng Direktoryo ng Provider ng L.A. Care ang mga provider na lumalahok sa network ng L.A. Care. Ang network ay ang grupo ng mga provider na nakikipagtulungan sa L.A. Care.

Ang Direktoryo ng Provider ng L.A. Care ay naglilista ng mga ospital, center ng agarang pangangalaga, PCP, espesyalista, nurse practitioner, nurse na kumadrona, doula, manggagawa sa kalusugan ng komunidad, katulong na doktor, provider ng pagpapalano ng pamilya, provider ng therapy ng kalusugan ng pag-uugali, FQHC, provider ng kalusugan ng isip ng outpatient, pinapamahalaang pangmatagalang serbisyo at suporta (managed long-term services and supports, MLTSS), Freestanding na Paanakan (Freestanding Birth Center, FBC), pasilidad ng dialysis, IHCP, RHC, at pantulong na provider, kabilang ang ngunit hindi limitado sa, mga acupuncturist, audiologist, chiropractor, occupational therapist, oncologist, physical therapist, podiatrist, rehistradong dietician, at speech therapist.

Ang Direktoryo ng Provider ay may mga pangalan, espesyalidad, address, numero ng telepono, oras ng negosyo, at wikang sinasalita ng nasa network na provider ng L.A. Care. Sinasabi nito kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang provider. Ibinibigay rin nito ang antas ng pisikal na pagiging accessible para sa gusali, gaya ng paradahan, mga rampa, hagdang may mga hawakan, at palikurang may malalawak na pinto at hawakan. Para matuto pa tungkol sa edukasyon, mga propesyonal na kwalipikasyon, pagkumpleto ng residency, kasanayan, at sertipikasyon sa board ng doktor, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Makikita ninyo ang online na Direktoryo ng Provider sa <https://providers.lacare.org/s/find-doctor-or-hospital>.

Kung kailangan ninyo ng naka-print na Direktoryo ng Provider, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Makakakita kayo ng listahan ng mga parmasyang nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Maaari din kayong makahanap ng parmasyang malapit sa inyo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273** (TTY **1-800-977-2273**) at pindutin ang 7 o **711**.

Napapanahong pag-access sa pangangalaga

Ang inyong provider na nasa network ay dapat magbigay ng napapanahong access sa pangangalaga batay sa inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Sa minimum, kailangan nilang mag-alok sa inyo ng appointment na nakalista sa mga time frame na ipinapakita sa talahanayan sa ibaba.

Uri ng Appointment	Makakakuha kayo dapat ng appointment sa loob ng:
Mga appointment ng agarang pangangalagang hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	48 oras
Mga appointment ng agarang pangangalagang nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot)	96 oras
Mga appointment ng hindi-agarang (karaniwan) pangunahing pangangalaga	10 araw ng trabaho
Mga appointment ng hindi agarang (karaniwan) pangangalaga ng espesyalista	15 araw ng trabaho
Mga appointment ng hindi agarang (karaniwang) pangangalaga ng provider ng kalusugan ng isip (hindi doktor)	10 araw ng trabaho
Mga appointment ng hindi agarang (karaniwang) follow-up na pangangalaga ng provider ng kalusugan ng isip (hindi doktor)	10 araw ng trabaho mula noong huling appointment
Mga appointment na hindi agaran (karaniwan) para sa mga pantulong na serbisyo para sa diagnosis o paggamot ng pinsala, karamdaman, o iba pang kundisyong pangkalusugan	15 araw ng trabaho
Iba pang pamantayan sa oras ng paghihintay	Dapat makakonekta kayo sa loob ng:
Mga oras ng paghihintay sa telepono para sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa panahon ng mga normal na oras ng trabaho	10 minuto
Mga oras ng paghihintay sa telepono para sa Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line>	30 minuto (nakonekta sa nurse)

Minsan, ang paghihintay nang mas matagal para sa pangangalaga ay hindi problema. Maaari kayong bigyan ng inyong provider ng mas mahabang oras ng paghihintay kung hindi ito makakasama sa inyong kalusugan. Dapat nakasaad sa inyong talaan na hindi makakasama sa inyong kalusugan ang mas matagal na panahon ng paghihintay. Maaari ninyong piliing maghintay para sa mas malaong appointment o tumawag sa L.A. Care upang pumunta sa ibang provider na gusto ninyo. Susundin ng inyong provider at ng L.A. Care ang inyong kahilingan.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Maaaring magrekumenda ang inyong doktor ng isang partikular na schedule para sa mga pang-iwas na serbisyo, follow-up na pangangalaga para sa mga nagpapatuloy na kundisyon, o pangmatagalang referral sa mga espesyalista, depende sa inyong mga pangangailangan.

Sabihin sa amin kung kailangan ninyo ng mga serbisyo ng interpreter, kabilang na ang wikang sign, kapag tumawag kayo sa L.A. Care o kapag kumukuha kayo ng mga saklaw na serbisyo. Available ang mga serbisyo ng interpreter nang libre. Hindi namin pinapayagan ang paggamit ng mga menor de edad o miyembro ng pamilya bilang mga interpreter. Para matuto pa tungkol sa serbisyo sa interpreter na inaalok namin, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Kung kailangan ninyo ng mga serbisyo ng interpreter, kabilang na ang sign language, sa isang parmasyang Medi-Cal Rx, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Mamimili ng Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaaring tumawag ang mga user ng TTY sa **711**, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Tagal o layo ng biyahe papunta sa pangangalaga

Dapat sundin ng L.A. Care ang mga pamantayan sa tagal o layo ng biyahe para sa inyong pangangalaga. Nakakatulong ang mga pamantayang iyon para matiyak na makakakuha ka ng pangangalaga nang hindi kinakailangang maglakbay ng masyadong malayo kung saan ka nakatira. Nakadepende ang mga pamantayan sa tagal o layo ng biyahe sa county kung saan kayo nakatira.

Kung hindi makapagbigay ng pangangalaga sa inyo ang L.A. Care sa loob ng mga pamantayang ito sa oras o distansya ng pagbiyahe, maaaring aprubahan ng DHCS ang ibang pamantayan, na tinatawag na alternatibong pamantayan sa pag-access. Para sa mga pamantayan sa oras at distansya ng L.A. Care para sa kung saan kayo nakatira, bumisita sa lacare.org o tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Itinuturing itong malayo kung hindi kayo makakapunta sa provider na iyon sa loob ng mga pamantayan ng L.A. Care sa tagal o layo ng biyahe para sa inyong county, anuman ang alternatibong pamantayan ng access na maaaring gamitin ng L.A. Care para sa inyong zip code.

Kung kailangan mo ng pangangalaga mula sa isang provider at ang provider na iyon ay malayo sa kung saan kayo nakatira, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) Matutulungan nila kayong maghanap ng pangangalaga sa isang provider na mas malapit sa inyo. Kung hindi makakahanap ang L.A. Care ng pangangalaga para sa inyo mula sa provider na mas malapit, maaari mong hilingin sa L.A. Care na magsasaayos ng transportasyon para makapagpatingin ka sa isang provider, kahit na malayo ang provider na iyon kung saan ka nakatira.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa mga provider sa botika, mangyaring tawagan ang Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273** (TTY **1-800-977-2273**) at pindutin ang **7** o **711**.

Mga appointment

Kapag kailangan ninyo ng pangangalagang pangkalusugan:

- Tawagan ang inyong PCP
- Ihanda ang inyong numero ng ID ng L.A. Care sa pagtawag
- Mag-iwan ng mensaheng may kasamang pangalan at numero ng telepono ninyo kung sarado ang tanggapan
- Dalhin ang inyong Medi-Cal BIC card at ID card sa L.A. Care sa inyong appointment
- Humiling ng transportasyon papunta sa inyong appointment, kung kinakailangan



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

- Humingi ng tulong sa wika o serbisyo sa interpretasyon bago ang inyong appointment para matanggap ang mga serbisyo sa oras ng inyong pagpapatingin
- Dumating sa inyong appointment sa tamang oras, dumating nang ilang minutong mas maaga para mag-sign in, punan ang mga form, at sagutin ang anumang tanong na maaaring mayroon ang iyong PCP
- Tumawag kaagad kung hindi ninyo mapupuntahan ang inyong appointment o mahuhuli kayo
- Ihanda ang inyong mga tanong at impormasyon ng gamot kung sakaling kailangan ninyo ang mga ito

Kung mayroon kayong emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagpapasya kung gaano kabilis ang pangangailangan ninyo ng pangangalaga at hindi available ang inyong provider para makipag-usap sa inyo, tawagan ang **Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line>** ng L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday sa **1-800-249-3619 (TTY 711)**.

Pagpunta sa inyong appointment

Kung wala kang paraan para makarating at makaalis sa inyong mga appointment para sa mga saklaw na serbisyo, maaaring tumulong ang L.A. Care sa pagsasaayos ng transportasyon para sa inyo. Depende sa inyong sitwasyon, maaari kayong maging kwalipikado para sa alinman sa Medikal na TranHindi Medikal na Transportasyon o para sa Hindi Medikal na Transportasyon. Hindi para sa mga emergency ang mga serbisyo sa transportasyon na ito at maaaring available nang libre.

Kung may emergency kayo, tumawag sa **911**. Available ang transportasyon para sa mga serbisyo at appointment na hindi nauugnay sa pang-emergency na pangangalaga.

Para matuto pa, basahin ang “Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyong hindi pang-emergency” sa hulihang bahagi ng kabanatang ito.

Pagkansela at paglilipat ng schedule

Kung hindi ka makakarating sa iyong appointment, tawagan agad ang tanggapan ng inyong provider. Iniaatas sa inyo ng karamihan ng mga provider na tumawag nang 24 na oras (1 araw ng trabaho) bago ang inyong appointment kung kailangan ninyong magkansela. Kung paulit-ulit ninyong napalampas ang mga appointment, maaaring huminto ang inyong provider sa pagbibigay ng pangangalaga sa inyo at kailangan ninyong maghanap ng bagong provider.

Pagbabayad

Hindi ninyo kailangang magbayad para sa mga saklaw na serbisyo maliban kung mayroon kayong isang bahagi ng gastos para sa pangmatagalang pangangalaga. Para matuto pa, basahin ang “Para sa mga miyembrong may pangmatagalang pangangalaga at bahagi sa gastusin” sa Kabanata 2. Sa karamihan ng kaso, hindi kayo makakatanggap ng bill mula sa isang provider. Dapat ninyong ipakita ang inyong ID card sa L.A. Care at inyong Medi-Cal BIC card kapag kumukuha kayo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o reseta, upang



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

malaman ng inyong provider kung sino ang sisingilin. Maaari kayong makakuha ng Paliwanag ng Mga Benepisyo (Explanation of Benefits, EOB) o ng pahayag mula sa isang provider. Ang mga EOB at statement ay hindi mga bill.

Kung makakakuha kayo ng bill, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Kung makatanggap kayo ng bayarin para sa mga reseta, tawagan ang Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273** (TTY **1-800-977-2273**) at pindutin ang 7 o **711**. O bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Sabihin sa L.A. Care ang halagang sinisingil sa inyo, ang petsa ng serbisyo, at ang dahilan ng pagsingil. Tutulungan kayo ng L.A. Care na malaman kung ang singil ay para sa isang saklaw na serbisyo o hindi. Wala kayong pananagutan na bayaran ang isang provider para sa anumang halagang kailangang bayaran ng L.A. Care para sa anumang saklaw na serbisyo. Kung kumuha kayo ng pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network at hindi ka nakakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa L.A. Care, maaaring kailangan ninyong bayaran ang pangangalaga na nakuha ninyo.

Kailangan ninyong kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa L.A. Care bago ka bumisita sa isang provider na wala sa network maliban kung:

- Kailangan ninyo ng mga pang-emergency na serbisyo, kung gayon i-dial ang 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital
- Kailangan ninyo ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya o mga serbisyong nauugnay sa pagsusuri para sa sexually transmitted infections, kung saan maaari kayong pumunta sa alinmang provider ng Medi-Cal nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot)
- Kailangan ninyo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, kung saan maaari kayong pumunta sa isang provider na nasa network o sa provider ng plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Kung kailangan ninyong kumuha ng medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network dahil hindi ito available sa network ng L.A. Care, hindi na ninyo kailangang magbayad hanggang ang pangangalaga ay isang saklaw na serbisyo ng Medi-Cal at nakakuha kayo ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa L.A. Care para dito. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, at mga sensitibong serbisyo, pumunta sa mga heading na iyon sa kabanatang ito.

Kung nakatanggap kayo ng bayarin o hiniling sa inyong magbayad ng co-pay na sa tingin ninyo ay hindi ninyo kailangang bayaran, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Kung babayaran ninyo ang bill, maaari kayong maghain ng claim sa L.A. Care. Kakailanganin ninyong sabihin sa L.A. Care sa pamamagitan ng pagsulat ang tungkol sa item o serbisyong binayaran ninyo. Babasahin ng L.A. Care ang inyong claim at magpapasya ito kung mababawi ninyo ang inyong pera.

Para sa mga tanong, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Kung nakatanggap kayo ng mga serbisyo sa sistema ng Mga Ugnayan ng Mga Beterano (Veterans Affairs) o hindi saklaw o hindi pinapahintulatang serbisyo na natanggap sa labas ng California, maaari maging responsable kayo sa pagbabayad.

Hindi kayo babayaran ng L.A. Care kung:

- Hindi saklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyo, gaya ng mga serbisyong pangkosmetiko
- Mayroon kayong hindi pa natutugunang bahagi sa gastusin ng Medi-Cal



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

- Nagpunta kayo sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at pumirma kayo sa isang form na nagsasabing gusto ninyo pa ring magpatingin at ikaw mismo ang magbabayad para sa mga serbisyo
- Hinihiling ninyong bayaran kayo para sa mga co-pay ng Medicare Part D para sa mga resetang sinasaklaw ng inyong plano sa Medicare Part D.

Mga referral

Kung kailangan ninyo ng isang espesyalista para sa inyong pangangalaga, ang inyong PCP o ibang espesyalista ay magbibigay sa iyo ng referral sa isa. Ang espesyalista ay isang provider na nakatuon sa isang uri ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Makikipagtulungan sa iyo ang doktor na nag-refer para pumili ng espesyalista. Para makatulong na matiyak na maaari kang pumunta sa isang espesyalista sa napapanahong paraan, ang DHCS ay nagtatakda ng mga hanay ng oras para sa mga miyembro para makakuha ng mga appointment. Nakalista ang mga time frame na ito sa “Napapanahong pag-access sa pangangalaga” sa naunang bahagi ng kabanatang ito. Matutulungan kayo ng tanggapan ng inyong PCP na magtakda ng appointment para pumunta sa espesyalista.

Kasama sa iba pang serbisyong maaaring mangailangan ng referral ang mga operasyong ginagawa sa tanggapan, X-ray, at pagsusuri sa laboratoryo.

Maaari kayong bigyan ng inyong PCP ng form para dalhin sa espesyalista. Sasagutan ng espesyalista ang form at ipapadala sa inyong PCP. Gagamutin kayo ng espesyalista hangga’t sa tingin niyang kailangan ninyo ng paggamot.

Kung mayroon kayong problema sa kalusugan na nangangailangan ng pangmatagalang espesyal na pangangalagang medikal, maaaring mangailangan kayo ng pangmatagalang referral. Ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng pangmatagalang referral ay maaari kayong pumunta sa parehong espesyalista nang higit sa isang beses nang hindi kumukuha ng referral sa bawat pagkakataon.

Kung nagkakaproblema kayo sa pagkuha ng pangmatagalang referral o gusto ninyo ng kopya ng patakaran sa referral ng L.A. Care, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Hindi ninyo kailangan ng referral para sa:

- Mga pagpapatingin sa doktor na PCP
- Mga pagpapatingin sa obstetrics/gynecology (OB/GYN)
- Mga pagpapatingin sa agaran o pang-emergency na pangangalaga
- Mga sensitibong serbisyo para sa nasa hustong gulang, gaya ng pangangalaga para sa sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya (para matuto ng higit pa, tawagan ang Tanggapan ng Impormasyon sa Pagpapalano ng Pamilya at Serbisyo sa Referral sa **1-800-942-1054**)
- Pagsusuri at pagpapayo para sa HIV (mga 12 taong gulang o mas matanda)
- Mga serbisyo ng sexually transmitted infection (mga 12 taong gulang o mas matanda)
- Paunang pagtatasa ng kalusugan ng isip
- Kasalukuyang ginagawang therapy para sa kalusugan ng isip

Maaari ding makakuha ang mga menor de edad ng ilang partikular na serbisyong outpatient para sa kalusugan ng isip, sensitibong serbisyo, at serbisyo sa sakit sa paggamit ng sangkap nang walang pahintulot ng magulang o tagapangalaga. Upang matuto pa, basahin ang “Mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad” sa hulihang bahagi ng kabanatang ito at “Mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng sangkap” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Mga Referral ng Batas sa Pagkamakatarungan sa Cancer ng California (California Cancer Equity Act)

Ang mabisang paggamot sa mga kumplikadong cancer ay nakasalalay sa maraming mga kadahilanan. Kabilang dito ang pagkuha ng tamang diagnosis at pagkuha ng napapanahong paggamot mula sa mga eksperto sa cancer. Kung na-diagnose kayo na may kumplikadong cancer, nagbibigay ang bagong Batas sa Pagkamakatarungan sa Cancer ng California (California Cancer Equity Act) sa inyo ng kakayahan na humingi ng referral mula sa inyong doktor para makakuha ng paggamot sa cancer na partikular mula sa isang nasa network na sentro para sa cancer na itinalaga ng Pambansang Institusyon para sa Cencer (National Cancer Institute, NCI), site na kaakibat ng Programa sa Pananaliksik sa Oncology ng Komunidad ng NCI (NCI Community Oncology Research Program, NCORP), o kwalipikadong sentro para sa cancer na pang-akademiko.

Kung ang L.A. Care ay walang nasa network na center para sa cancer na itinalaga ng NCI, papahintulutan kayo ng L.A. Care na humingi ng referral para makakuha ng paggamot sa cancer mula sa isa sa mga wala sa network na center na ito sa California, kung magkasundo ang wala sa network na center at ang L.A. Care sa pagbabayad, maliban kung pipili kayo ng ibang provider ng paggamot sa cancer.

Kung na-diagnose ka na may cancer, makipag-ugnayan sa L.A. Care para matingnan kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo mula sa isa sa mga sentro para sa kanser na ito.

Handa nang huminto sa paninigarilyo? Upang matuto tungkol sa mga serbisyo sa Ingles, tumawag sa 1-800-300-8086. Para sa Espanyol, tumawag sa 1-800-600-8191. Upang matuto pa, pumunta sa www.kickitca.org.

Paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganing humingi ng inyong PCP o espesyalista ng pahintulot mula sa L.A. Care bago ninyo makuha ang pangangalaga. Tinatawag itong paghingi ng paunang pag-apruba o paunang pahintulot. Nangangahulugan ito na dapat tiyakin ng L.A. Care na ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan o kailangan.

Makatuwiran at kinakailangan ang mga serbisyong medikal na kinakailangan para maprotektahan ang iyong buhay, maiwasan ang malubhang pagkakasakit o kapansanan, o mabawasan ang matinding pananakit mula sa isang natukoy na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, ang mga serbisyo ng Medi-Cal ay kinabibilangan ng pangangalagang medikal na kinakailangan para ayusin o tumulong na mapawi ang isang sakit o kundisyon sa katawan o pag-iisip.

Ang mga sumusunod na serbisyo ay **laging** nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), kahit na kukunin ninyo ang mga ito mula sa isang provider sa network ng L.A. Care:

- Pagpapaospital, kung hindi emergency
- Mga serbisyo sa labas ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care, kung hindi emergency o agaran
- Operasyong outpatient
- Pangmatagalang pangangalaga o mga serbisyo ng sanay na pag-aalaga sa isang pasilidad ng pag-aalaga (kabilang ang mga Pasilidad ng Subacute na Pangangalaga para sa nasa hustong gulang at bata na



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

nakakontrata sa Unit ng Subacute na Pangangalaga ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan) o mga pasilidad ng intermediate na pangangalaga (kabilang ang Pasilidad ng Intermediate na Pangangalaga para sa May Kapansanan sa Pag-unlad (Intermediate Care Facility for the Developmentally Disabled, ICF/DD), ICF/DD-Panghabilitasyon (ICF/DD-H), ICF/DD-Pagkalinga (ICF/DD-N))

- Mga espesyal na paggamot, imaging, pagsusuri, at mga pamamaraan
- Mga serbisyo sa medikal na transportasyon kapag hindi emergency.
- Pag-transplant ng pangunahing bahagi ng katawan

Ang mga pang-emergency na serbisyo ng ambulansya ay hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Mayroong 5 araw ng trabaho ang L.A. Care mula noong natanggap ng L.A. Care ang impormasyong makatwirang kinakailangan upang magpasya (aprubahan o tanggihan) ang mga kahilingan sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kapag gumawa ang isang provider ng kahilingan sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot) at natukoy ng L.A. Care na ang pagsunod sa karaniwang time frame ay maaaring malubhang makapahamak sa inyong buhay o kalusugan o kakayahang makakamit, makapagpanatili, o makabawi ng maximum na pagganap, gagawa ang L.A. Care ng desisyon sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot) nang hindi lalampas sa 72 oras. Nangangahulugan ito na pagkatapos makuha ang kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot), bibigyan kayo ng L.A. Care ng abiso sa lalong madaling panahon na kinakailangan ng inyong kundisyon sa kalusugan at nang hindi lalampas sa 72 oras o 5 araw pagkatapos ng kahilingan para sa mga serbisyo. Sinusuri ng mga klinikal o medikal na kawani tulad ng mga doktor, nurse, at parmasyutiko ang mga kahilingan sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Hindi naiimpluwensyahan ng L.A. Care ang desisyon ng mga tagasuri na tanggihan o aprubahan ang coverage o mga serbisyo sa anumang paraan. Kung hindi aaprubahan ng L.A. Care ang kahilingan, papadalhan kayo ng L.A. Care ng sulat na Abiso sa Pagkilos (Notice of Action, NOA). Sasabihin sa inyo ng sulat ng NOA kung paano maghain ng apela kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon.

Makikipag-ugnayan sa inyo ang L.A. Care kung kailangan ng L.A. Care ng higit pang impormasyon o higit pang oras upang suriin ang inyong kahilingan.

Hindi mo kailanman kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa pang-emergency na pangangalaga, kahit na wala ito sa network ng L.A. Care o wala sa inyong lugar ng serbisyo. Kabilang dito ang panganganak kung buntis kayo. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa ilang partikular na serbisyo sa sensitibong pangangalaga. Para malaman ang higit pa tungkol sa mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga, basahin ang "Sensitibong pangangalaga" sa hulihang bahagi ng kabanatang ito.

Para sa mga tanong tungkol sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot), tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Mga ikalawang opinyon

Maaaring gusto ninyo ng ikalawang opinyon tungkol sa pangangalagang sinasabi ng inyong provider na kailangan ninyo o tungkol sa inyong pagsusuri o plano ng paggamot. Halimbawa, maaaring gusto ninyo ng ikalawang opinyon kung hindi kayo sigurado kung kailangan ninyo ng iniresetang paggamot o operasyon, o sinubukan ninyong sumunod sa isang plano ng paggamot at hindi ito naging epektibo. Magbabayad ang L.A. Care para sa ikalawang opinyon kung hihilingin ninyo o ng inyong provider na nasa network at kukunin ninyo ang ikalawang opinyon mula sa isang provider na nasa network. Hindi ninyo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa L.A. Care para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa provider na nasa network. Kung



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

gusto ninyong makakuha ng ikalawang opinyon, ire-refer namin kayo sa isang kwalipikadong nasa network na provider na maaaring magbigay sa inyo ng ikalawang opinyon.

Upang humingi ng ikalawang opinyon at humingi ng tulong sa pagpili ng provider, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Ang inyong nasa network na provider ay maaari ring makatulong sa inyo na makakuha ng referral para sa ikalawang opinyon kung gusto ninyo nito.

Kung walang provider sa network ng L.A. Care na maaaring magbibigay sa inyo ng ikalawang opinyon, magbabayad ang L.A. Care para sa ikalawang opinyon mula sa provider na wala sa network. Sasabihin sa inyo ng L.A. Care sa loob ng 5 araw ng trabaho kung naaprubahan ang provider na pinili ninyo para sa ikalawang opinyon. Kung mayroon kayong hindi gumagaling, malala, o seryosong karamdaman, o nagkaroon ka ng isang kagyat at seryosong banta sa inyong kalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagkawala ng buhay, paa/braso, o pangunahing bahagi ng katawan o paggana ng katawan, magbibigay-alam sa inyo ang L.A. Care sa pamamagitan pagsulat sa loob ng 72 oras.

Kung tatanggihan ng L.A. Care ang inyong kahilingan para sa ikalawang opinyon, maaari kayong maghain ng karaingan. Para malaman pa ang tungkol sa mga karaingan, basahin ang “Mga Reklamo” sa Kabanata 6 ng handbook na ito.

Sensitibong pangangalaga

Mga serbisyong pinapayagan ng menor de edad

Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang, maaari kayong makatanggap ng ilang serbisyo nang walang pahintulot ng magulang o tagapangalaga. Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad.

Maaari ninyong matanggap ang mga sumusunod na serbisyo nang walang pahintulot ng inyong magulang o tagapangalaga:

- Mga serbisyo para sa panggagahasa at iba pang sekswal na pag-atake
- Pagsusuri at pagpapayo sa pagbubuntis
- Mga serbisyo sa pangontra sa pagbubuntis gaya ng pagkontrol sa pagbubuntis (hindi kasama ang sterilization)
- Mga serbisyo sa pagpapalaglag

Kung kayo ay 12 taong gulang pataas, maaari ninyong makuha ang mga serbisyong ito nang walang pahintulot ng inyong magulang o tagapangalaga:

- Mga serbisyong outpatient para sa kalusugan ng isip at pagpapayo, o mga serbisyo sa tirahan, batay sa inyong edad at kakayahang lumahok sa inyong sariling pangangalagang pangkalusugan
- Pagpapayo, pag-iwas, pagsusuri, at paggamot sa HIV/AIDS
- Pag-iwas, pagsusuri, at paggamot sa sexually transmitted infection kabilang ang mga sexually transmitted disease tulad ng syphilis, gonorrhea, chlamydia, at herpes simplex
- Paggamot sa sakit sa paggamit ng sangkap para sa pang-aabuso sa droga at alak kabilang ang screening, pagtatasa, interbensyon, at mga serbisyo sa referral
 - Para matuto ng higit pa, basahin ang “Mga Serbisyo sa Paggamot sa Karamdaman sa Paggamit ng Sangkap” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Para sa pagsusuri sa pagbubuntis, ang mga serbisyo sa pangontra sa pagbubuntis, o mga serbisyo para sa mga sexually transmitted infection, hindi kailangang nasa network ng L.A. Care ang provider o klinika. Maaari kayong pumili ng sinumang provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanya para sa mga serbisyong ito nang walang rekomendasyon o paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Maaaring hindi saklawin ang mga serbisyong mula sa isang wala sa network na provider na hindi nauugnay sa sensitibong pangangalaga. Upang makahanap ng provider ng Medi-Cal na nasa labas ng network ng L.A. Care Medi-Cal, o upang humingi ng tulong sa transportasyon upang makapunta sa isang provider, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Para sa higit pang impormasyong nauugnay sa mga serbisyo sa pangontra sa pagbubuntis, basahin ang “Mga serbisyo para sa pag-iwas sa sakit at pagpapanatili ng kalusugan at pamamahala sa sakit na hindi gumagaling” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Para sa mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad na mga serbisyong outpatient para sa kalusugan ng isip, maaari kayong pumunta sa nasa network o wala sa network na provider nang walang referral at walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Hindi kayo kailangang i-refer ng inyong PCP at hindi ninyo kailangang kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa L.A. Care para makakuha ng saklaw na mga serbisyo ng pagpapahintulot sa mga menor de edad.

Hindi sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad na mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip. Ang plano sa kalusugan ng isip ng county para sa county kung saan kayo nakatira ay sumasaklaw sa mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad na mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip. Para sa mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip, tawagan ang inyong plano sa kalusugan ng isip ng county o ang inyong Organisasyon sa Kalusugan ng Pag-uugali ng L.A. Care anumang oras, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para mahanap ang lahat ng walang bayad na numero ng telepono online, pumunta sa: <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>.

Maaaring makipag-usap ang mga menor de edad sa isang kinatawan nang pribado tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 na **Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line>** sa **1-800-249-3619 (TTY 711)**.

Kung magagawa ninyong pahintulutan ang inyong sariling pangangalaga nang walang pahintulot ng magulang o tagapangalaga sa ilalim ng batas, hindi magbibigay ang L.A. Care ng impormasyon tungkol sa inyong mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga sa inyong policyholder o pangunahing subscriber ng plano sa L.A. Care o sa sinumang nakatala sa L.A. Care nang wala ang inyong nakasulat na pahintulot. Maaari rin ninyong hilingin na kumuha ng pribadong impormasyon tungkol sa inyong mga serbisyong medikal sa isang partikular na anyo o format, kung available, at ipapadala ito sa inyo sa ibang lokasyon. Upang matuto pa tungkol sa kung paano humingi ng mga kumpidensyal na komunikasyon na nauugnay sa mga sensitibong serbisyo, basahin ang “Abiso sa mga kasanayan sa pagkapribado” sa Kabanata 7 ng handbook na ito.

Mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga para sa nasa hustong gulang

Bilang isang nasa hustong gulang na 18 taong gulang pataas, hindi ninyo kailangang pumunta sa inyong PCP para sa ilang partikular na sensitibo o pribadong pangangalaga. Maaari kayong pumili ng sinumang doktor o anumang klinika para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:

- Pagpapalano ng pamilya at pagkontrol sa pagbubuntis kabilang ang sterilization para sa mga nasa hustong gulang na 21 taon pataas
- Pagsusuri sa pagbubuntis at pagpapayo at iba pang serbisyong nauugnay sa pagbubuntis
- Pag-iwas at pagsusuri sa HIV/AIDS
- Pag-iwas, pagsusuri, at paggamot sa mga sexually transmitted infection
- Pangangalaga para sa sekswal na pag-atake
- Mga outpatient na serbisyo sa pagpapalaglag



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Para sa sensitibong pangangalaga, ang doktor o klinika ay hindi kailangang nasa network ng L.A. Care. Maaari ninyong piliing pumunta sa anumang provider ng Medi-Cal para sa mga serbisyong ito nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa L.A. Care. Kung nakakuha kayo ng pangangalaga na hindi nakalista rito bilang sensitibong pangangalaga mula sa isang wala sa network na provider, maaaring kailanganin ninyong magbayad para dito.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghahanap ng doktor o klinika para sa mga serbisyong ito, o tulong sa pagpunta sa mga serbisyong ito (kabilang ang transportasyon), tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). O tawagan ang 24/7 na **Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line>** sa **1-800-249-3619** kung gusto ninyong kumausap ng Rehistradong Nurse.

Hindi magbibigay ang L.A. Care ng impormasyon tungkol sa inyong mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga sa inyong policyholder o pangunahing subscriber ng plano sa L.A. Care, o sa sinumang nakatala sa L.A. Care, nang wala ang inyong nakasulat na pahintulot. Maaari kayong kumuha ng pribadong impormasyon tungkol sa inyong mga serbisyong medikal sa isang partikular na anyo o format, kung available, at ipapadala ito sa inyo sa ibang lokasyon. Upang matuto pa tungkol sa kung paano humingi ng mga kumpidensyal na komunikasyon na nauugnay sa mga sensitibong serbisyo, basahin ang “Abiso sa mga kasanayan sa pagkapribado” sa Kabanata 7 ng handbook na ito.

Moral na pagtutol

Ang ilang provider ay mayroong moral na pagtutol sa ilang saklaw na serbisyo. May karapatan silang **hindi** mag-alok ng ilang saklaw na serbisyo kung hindi sila sumasang-ayon sa mga serbisyo. Available pa rin sa inyo ang mga serbisyong ito mula sa ibang provider. Kung ang inyong provider ay may moral na pagtutol, tutulungan niya kayong maghanap ng ibang provider para sa mga kinakailangang serbisyo. Maaari rin kayong matulungan ng L.A. Care para maghanap ng provider.

Hindi nagbibigay ang ilang ospital at provider ng isa o higit pa sa mga serbisyong ito kahit na saklaw ito ng Medi-Cal:

- Pagpapalano ng pamilya
- Mga serbisyo ng pangontra sa pagbubuntis, kabilang ang pang-emergency na pangontra sa pagbubuntis
- Operasyon upang hindi mabuntis o makabuntis, kabilang ang pagpapatali sa panahon ng paghilab ng tiyan at panganganak
- Mga paggamot sa pagkabaog
- Pagpapalaglag

Para matiyak na pumili kayo ng isang provider na maaaring magbigay sa inyo ng pangangalaga na kailangan ninyo at ng iyong pamilya, tawagan ang doktor, grupong medikal, Independent Practice Association, o klinika na gusto ninyo. Itanong kung kaya at ibibigay ng provider ang mga serbisyong kailangan ninyo. O tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Available sa inyo ang mga serbisyong ito. Sisiguraduhin ng L.A. Care na kayo ng inyong mga miyembro ng pamilya ay makakagamit ng mga provider (mga doktor, ospital, at klinika) na magbibigay sa inyo ng pangangalagang kailangan ninyo. Kung mayroon kayong mga tanong o kailangan ninyo ng tulong sa paghahanap ng provider, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Agarang pangangalaga

Ang agarang pangangalaga ay **hindi** para sa isang emergency o nakamamatay na kundisyon. Para ito sa mga serbisyong kailangan ninyo para maiwasan ang seryosong panganib sa inyong kalusugan mula sa biglaang



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

karamdaman, pinsala o komplikasyon ng kundisyong mayroon kayo. Karamihan sa mga appointment sa agarang pangangalaga ay hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kung humingi kayo ng appointment sa agarang pangangalaga, makakakuha kayo ng appointment sa loob ng 48 oras. Kung ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga na kailangan ninyo ay nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), makakakuha kayo ng appointment sa loob ng 96 na oras mula sa inyong kahilingan.

Para sa agarang pangangalaga, tawagan ang inyong PCP. Kung hindi ninyo matawagan ang inyong PCP, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). O maaari ninyong tawagan ang **Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line>** 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday sa **1-800-249-3619** (TTY **711**), upang malaman ang antas ng pangangalaga na pinakamainam para sa inyo.

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad para sa agarang pangangalaga.

Ang mga pangangailangan sa agarang pangangalaga ay maaaring:

- Ubo at sipon
- Pananakit ng lalamunan
- Lagnat
- Pananakit ng tainga
- Napilay na kalamnan
- Mga serbisyo para sa pagbubuntis

Kapag nasa loob kayo ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care at kailangan ninyo ng agarang pangangalaga, dapat ninyong kunin ang mga serbisyo ng agarang pangangalaga mula sa nasa network na provider. Hindi ninyo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa agarang pangangalaga mula sa mga nasa network na provider na nasa loob ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care.

Kung nasa labas kayo ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care, ngunit nasa loob ng Estados Unidos, hindi ninyo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) upang makakuha ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo. Pumunta sa pinakamalapit na pasilidad sa agarang pangangalaga.

Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga sa labas ng Estados Unidos. Kung kayo ay naglalakbay sa labas ng Estados Unidos at kailangan ninyo ng agarang pangangalaga, hindi namin sasaklawin ang inyong pangangalaga.

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga sa kalusugan ng isip, tawagan ang plano sa kalusugan ng isip ng inyong county o ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Tawagan ninyo ang iyong plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county o ang inyong Organisasyon sa Kalusugan ng Pag-uugali ng L.A. Care anumang oras, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para mahanap ang lahat ng walang bayad na numero ng telepono online, pumunta sa: <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContaktList.aspx>.

Kung kukuha kayo ng mga gamot bilang bahagi ng inyong pagpapatingin para sa agarang pangangalaga habang kayo ay nasa pasilidad, sasaklawin ng L.A. Care ang mga ito bilang bahagi ng inyong saklaw na pagpapatingin. Kung ang inyong provider sa agarang pangangalaga ay magbibigay sa inyo ng reseta na kailangan ninyong dalhin sa isang parmasya, Medi-Cal Rx ang magpapasya kung sasaklawin ito. Upang matuto pa tungkol sa Medi-Cal Rx, basahin ang “Mga inireresetang gamot na sinasaklaw ng Medi-Cal Rx” sa “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Pang-emergency na pangangalaga

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER). Para sa pang-emergency na pangangalaga, **hindi** ninyo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot) mula sa L.A. Care.

Sa loob ng Estados Unidos, kabilang ang anumang Teritoryo ng U.S., mayroon kayong karapatang gamitin ang anumang ospital o iba pang setting para sa pang-emergency na pangangalaga.

Kung nasa labas kayo ng Estados Unidos, tanging mga pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico lang ang saklaw. Hindi sinasaklaw ang pang-emergency na pangangalaga at iba pang pangangalaga sa iba pang bansa.

Ang pang-emergency na pangangalaga ay para sa mga nakamamatay na medikal na kundisyon. Ang pangangalagang ito ay para sa isang karamdaman o pinsala na maaaring asahan ng isang maingat (makatwiran) na karaniwang tao (hindi isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na may karaniwang kaalaman sa kalusugan at gamot na, kung hindi kayo maaalagaan kaagad, ay malalagay ninyo ang inyong kalusugan (o kalusugan ng inyong hindi pa isinisilang na sanggol) sa malubhang panganib. Kabilang dito ang panganib ng malubhang pinsala sa paggana ng inyong katawan, mga organ ng katawan o mga bahagi ng katawan. Ang mga halimbawa ay maaaring kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

- Paghilab ng tiyan bago manganak
- Baling buto
- Malubhang pananakit
- Pananakit ng dibdib
- Nahihirapan huminga
- Malalang paso
- Pagka-overdose sa gamot
- Pagkahilo
- Malalang pagdurugo
- Mga pang-emergency na kundisyon ng isip, gaya ng matinding depresyon o mga pag-iisip na pagpapakamatay

Huwag pumunta sa ER para sa karaniwang pangangalaga o pangangalaga na hindi agad na kinakailangan. Dapat ninyong kunin ang karaniwang pangangalaga mula sa inyong PCP na siyang pinakamabuting nakakaalam ng inyong kundisyon. Hindi ninyo kailangang tanungin muna ang inyong PCP o L.A. Care bago kayo pumunta sa ER. Gayunpaman, kung hindi kayo sigurado kung ang inyong medikal na kundisyon ay isang emergency, tawagan ang inyong PCP. Maaari din ninyong tawagan ang 24/7 na **Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line>** sa **1-800-249-3619 (TTY 711)**.

Kung kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care, pumunta sa pinakamalapit na ER kahit na wala ito sa network ng L.A. Care. Kung pupunta kayo sa ER, hilingin sa kanilang tawagan ang L.A. Care. Kayo o ang ospital kung saan kayo na-admit ay dapat tumawag sa L.A. Care sa loob ng 24 na oras pagkatapos ninyong makatanggap ng pang-emergency na pangangalaga. Kung naglalakbay ka sa labas ng U.S., maliban sa Canada o Mexico, at nangangailangan ng pang-emergency na pangangalaga, **hindi** sasaklawin ng L.A. Care ang inyong pangangalaga.

Kung kailangan ninyo ng pang-emergency na transportasyon, tumawag sa **911**.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Kung kailangan ninyo ng pangangalaga sa isang wala sa network na ospital pagkatapos ng inyong emergency (pangangalaga pagkatapos ng pagpapatatag), tatawagan ng ospital ang L.A. Care.

Kung kayo o isang kakilala ninyo ay nakakaranas ng krisis, mangyaring makipag-ugnayan sa 988 Suicide and Crisis Lifeline: **Tumawag o mag-text sa 988** o **mag-chat online sa 988lifeline.org/chat**. Ang 988 Suicide and Crisis Lifeline ay nag-aalok ng libre at kumpidensyal na suporta para sa sinumang nakakaranas ng krisis. Kabilang dito ang mga taong may emosyonal na pagkabalisa at mga nangangailangan ng suporta para sa krisis na nauugnay sa pagpapakamatay, kalusugan ng isip, at/o paggamit ng sangkap.

Tandaan: Huwag tawagan ang **911** maliban kung sa makatwirang palagay ninyo ay mayroon kayong medikal na emergency. Kumuha ng pang-emergency na pangangalaga para lang sa emergency, hindi para sa karaniwang pangangalaga o isang minor na sakit tulad ng sipon o pamamaga ng lalamunan. Kung isa itong emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ER.

Nagbibigay sa inyo ang Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line> ng L.A. Care ng libreng medikal na impormasyon at payo 24 na oras sa isang araw, bawat araw sa isang taon. Tumawag sa 1-800-249-3619 (TTY 711).

Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line>

Nagbibigay sa inyo ng libreng medikal na impormasyon at payo 24 na oras sa isang araw, bawat araw ng taon ang **Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line>** ng L.A. Care. Tumawag sa **1-800-249-3619 (TTY 711)** upang:

- Makipag-usap sa isang nurse na sasagot ng mga medikal na tanong, magbibigay ng payo sa pangangalaga, at tutulong kayong magpasya kung dapat kayong pumunta agad sa isang provider
- Humingi ng tulong sa mga medikal na kundisyon tulad ng diabetes o hika, pati payo tungkol sa kung anong uri ng provider ang maaaring naaangkop sa inyong kundisyon

Ang **Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line>** ay **hindipuwedeng** tumulong sa mga appointment sa klinika o pag-refill ng gamot. Tawagan ang tanggapan ng inyong provider kung kailangan ninyo ng tulong sa mga ito.

Ang mga nurse ay tutulong sa inyo sa inyong wika nang wala kayong babayaran. Ang numero ng **Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line>** ay nakalista sa inyong ID card para sa planong pangkalusugan.

Mga paunang direktiba sa pangangalagang pangkalusugan

Ang isang paunang direktiba sa pangangalagang pangkalusugan, o paunang direktiba, ay isang legal na form. Maaari ninyong ilista kung anong pangangalagang pangkalusugan ang gusto ninyo kung sakaling hindi kayo makapagsalita o makapagpasya sa kalaunan. Maaari rin ninyong ilista kung anong pangangalagang pangkalusugan ang **hindi** ninyo gusto. Maaari kayong magbanggit ng isang tao, gaya ng asawa, upang magpasya para sa inyong kalusugan kung hindi ninyo ito magagawa.

Maaari kayong makakuha ng form ng paunang direktiba sa mga botika, ospital, tanggapan ng abogado, at tanggapan ng mga doktor. Maaaring kailangan ninyong magbayad para sa form. Makakahanap din kayo



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

at makakapag-download ng libreng form online sa <https://oag.ca.gov/system/files/media/ProbateCodeAdvanceHealthCareDirectiveForm-fillable.pdf>. Maaari ninyong hilingin sa inyong pamilya, PCP, o isang taong pinagkakatiwalaan mo para tulungan kayo sa pagsagot ng form.

May karapatan kayong ipalagay ang inyong paunang direktiba sa inyong mga medikal na talaan. May karapatan kayong baguhin o kanselahin ang inyong paunang direktiba anumang oras.

May karapatan kayong malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa mga batas sa paunang direktiba. Sasabihin sa inyo ng L.A. Care ang tungkol sa mga pagbabago sa batas sa estado nang hindi lalagpas sa 90 araw pagkatapos ng pagbabago.

Upang matuto pa, maaari ninyong tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Donasyon ng bahagi ng katawan at tissue

Makakatulong kayo sa pagliligtas sa mga buhay sa pamamagitan ng pagiging donor ng organ o tissue. Kung kayo ay nasa pagitan ng 15 at 18 taong gulang, maaari kayong maging donor gamit ang nakasulat na pahintulot ng inyong magulang o tagapangalaga. Maaaring magbago ang inyong isip sa pagiging donor ng organ anumang oras. Kung gusto ninyong matuto pa tungkol sa pagbibigay ng organ o tissue bilang donasyon, makipag-usap sa inyong PCP. Maaari din kayong bumisita sa website ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao ng United States sa www.organdonor.gov.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

4. Mga benepisyo at serbisyo

Anong mga benepisyo at serbisyo ang sinasaklaw ng inyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga benepisyo at serbisyong sinasaklaw ng L.A. Care. Libre ang inyong mga saklaw na serbisyo hangga't sa medikal na kinakailangan ang mga ito at ibinibigay ng nasa network na provider ng L.A. Care. Dapat kayong humiling ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) sa L.A. Care kung ang pangangalaga ay wala sa network maliban sa ilang partikular na sensitibong serbisyo at pang-emergency na pangangalaga. Maaaring saklawin ng inyong planong pangkalusugan ang mga serbisyong medikal na kinakailangan mula sa isang provider na wala sa network, pero kailangan ninyong magtanong sa L.A. Care para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para dito.

Makatuwiran at kinakailangan ang Mga serbisyong medikal na kinakailangan para maprotektahan ang iyong buhay, maiwasan ang malubhang pagkakasakit o kapansanan, o mabawasan ang matinding pananakit mula sa isang natukoy na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, ang mga serbisyo ng Medi-Cal ay kinabibilangan ng pangangalagang medikal na kinakailangan para ayusin o tumulong na mapawi ang sakit o kundisyon sa katawan o pag-iisip. Para sa higit pa sa inyong mga saklaw sa serbisyo, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay makakakuha ng mga karagdagang benepisyo at serbisyo. Para matuto pa, basahin ang Kabanata 5, "Well care para sa mga bata at kabataan" sa handbook na ito.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Nakalista sa ibaba ang ilan sa mga pangunahing benepisyo at serbisyo sa kalusugan na iniaalok ng L.A. Care. Ang mga benepisyo at serbisyong may bituin (*) ay nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

- Acupuncture*
- Mga panandaliang (hindi matagal na paggamot) therapy at serbisyong pangkalusugan sa bahay
- Mga imyunisasyon (mga iniksyon) ng nasa hustong gulang
- Pagsusuri at mga iniksyon para sa allergy
- Mga serbisyo ng ambulansya para sa emergency
- Mga serbisyo ng anesthesiologist
- Pag-iwas sa hika
- Audiology*
- Mga paggamot ukol sa kalusugan ng pag-uugali*
- Pagsusuri sa biomarker*
- Rehabilitasyon ng puso*
- Mga serbisyong kiropraktiko*
- Chemotherapy at Radiation therapy
- Mga pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyo ng health worker ng komunidad
- Mga serbisyo sa ngipin - limitado (isasagawa ng medikal na propesyonal/provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP) sa isang medikal na tanggapan, o para sa pangkalahatang anesthesia/malalim na pagpapakalma na nauugnay sa ngipin *hindi* isasagawa ng isang provider sa ngipin) *
- Mga serbisyo sa dialysis/hemodialysis
- Mga Serbisyo ng Doula
- Durable medical equipment (DME)*
- Mga serbisyo sa dyadic na pangangalaga
- Mga pagpunta sa emergency room
- Enteral at parenteral na nutrisyon*
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya (maaari kayong pumunta sa isang hindi kalahok na provider)
- Mga serbisyo at device para sa habilitation*
- Mga hearing aid*
- Pangangalagang pangkalusugan sa bahay*
- Pangangalaga ng hospice*
- Medikal at pang-operasyong pangangalaga ng inpatient*
- Mga serbisyo ng pasilidad ng intermediate na pangangalaga
- Laboratory at radiology*
- Mga pangmatagalang therapy at serbisyong pangkalusugan sa bahay*
- Pangangalaga sa pagbubuntis at sa bagong silang
- Pag-transplant ng pangunahing bahagi ng katawan*
- Occupational therapy*
- Orthotics/mga prosthesis*
- Ostomy at mga urological supply
- Mga serbisyong outpatient sa ospital*
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng outpatient
- Pag-opera sa pasyenteng hindi nananatili sa ospital*
- Palliative na pangangalaga*
- Mga pagpapatingin sa doktor na PCP
- Mga pediatric na serbisyo
- Physical therapy*
- Mga serbisyo sa paa*
- Rehabilitasyon ng baga
- Rapid Whole Genome Sequencing*
- Mga serbisyo at device para sa rehabilitasyon*
- Mga serbisyo ng sanay na pag-aalaga, kabilang ang mga serbisyong subacute*
- Mga pagpapatingin sa espesyalista
- Speech therapy*
- Mga serbisyo sa operasyon*
- Telemedicine/Telehealth
- Mga serbisyo para sa transgender*
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo para sa paningin
- Mga serbisyo sa kalusugan ng kababaihan

Ang mga kahulugan at paglalarawan ng mga saklaw na serbisyo ay nasa Kabanata 8, "Mga mahalagang numero at salita na dapat malaman" sa handbook na ito.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Makatuwiran at kinakailangan ang mga serbisyonang medikal na kinakailangan para maprotektahan ang iyong buhay, maiwasan ang malubhang pagkakasakit o kapansanan, o mabawasan ang matinding pananakit mula sa isang natukoy na sakit, karamdaman, o pinsala.

Kasama sa mga medikal na kinakailangang serbisyo ang mga serbisyonang kinakailangan para sa paglaki at pag-develop na angkop sa edad, o upang magkaroon ng, mapanatili ang, o maibalik ang functional capacity.

Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kung ito ay kinakailangan para iwasto o mapabuti ang mga depekto at karamdaman sa katawan at pag-iisip o kundisyon sa ilalim ng Medi-Cal para sa mga Bata at Teen (kilala din sa tawag na Maaga at Pana-panahong Screening, Pagsusuri, at Paggamot o Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment, EPSDT)). Kabilang dito ang pangangalaga na kinakailangan upang maayos o makatulong na maibsan ang pisikal o mental na karamdaman o kundisyon o mapanatili ang kundisyon ng miyembro upang hindi na ito lumala.

Hindi kasama sa mga medikal na kinakailangang serbisyo ang:

- **Mga paggamot na hindi pa nasusubukan o sinusubukan pa lang**
- **Mga serbisyo o item na hindi karaniwang tinatanggap bilang mabisa**
- **Mga serbisyo na wala sa normal na panahon o tagal ng paggamot o mga serbisyo na walang klinikal na alituntunin**
- **Mga serbisyo para sa kaginhawahan ng caregiver o provider**

Nakikipag-ugnayan ang L.A. Care sa iba pang programa para matiyak na natatanggap ninyo ang lahat ng medikal na kinakailangang serbisyo, kahit na ang mga serbisyonang iyon ay saklaw ng ibang programa at hindi ng L.A. Care.

Kasama sa mga medikal na kinakailangang serbisyo ang mga saklaw na serbisyo na makatuwiran at kinakailangan upang:

- Protektahan ang buhay;
- Maiwasan ang mapanganib na karamdaman o malaking kapansanan,
- Bawasan ang matinding pananakit;
- Makamit ang paglago at pag-unlad na angkop sa edad, o
- Makamit, mapanatili, at mabawi ang kakayahan sa paggalaw.

Para sa mga miyembrong mas bata sa 21 taong gulang, ang mga serbisyonang medikal na kinakailangan ay kinabibilangan ng lahat ng saklaw na serbisyo na nakalista sa itaas, at anumang iba pang kinakailangang pangangalagang pangkalusugan, screening, imyunisasyon, mga serbisyonang diagnostic, paggamot, at iba pang hakbang para iwasto o mapabuti ang mga depekto at sakit at karamdaman sa katawan o pag-iisip, na kinakailangan ng benepisyong Medi-Cal para sa Mga Bata at Teen. Ang benepisyong ito ay tinatawag na benepisyong sa Maaga at Pana-panahong Screening, Pagsusuri, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment, EPSDT) sa ilalim ng pederal na batas.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Ang Medi-Cal para sa Mga Bata at Teen ay nagbibigay ng mga serbisyong pang-iwas, pagsusuri, at paggamot para sa mga sanggol, mga bata, at kabataang wala pang 21 taong gulang mula sa pamilyang may mababang kita. Mas maraming serbisyo ang saklaw ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teen kaysa sa benepisyo para sa mga nasa hustong gulang. Dinisenyo ito para matiyak na makakakuha ang mga bata ng maagang pagtuklas at pangangalaga para maiwasan o masuri at gamutin ang mga problema sa kalusugan. Layunin ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teen na tiyakin na makukuha ng bawat bata ang pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila kapag kailangan nila ito – ang tamang pangangalaga sa tamang bata sa tamang oras sa tamang sitwasyon.

Makikipag-ugnayan ang L.A. Care sa iba pang programa para matiyak na natatanggap ninyo ang lahat ng medikal na kinakailangang serbisyo, kahit na ang isa pang programa ay sumasaklaw sa mga serbisyong iyon at hindi ang L.A. Care. Basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa hulihang bahagi ng kabanatang ito.

Mga benepisyo ng Medi-Cal na saklaw ng L.A. Care

Mga serbisyong pang-outpatient (ambulatory)

Mga imyunisasyon (iniksyon) ng nasa hustong gulang

Makakakuha kayo ng mga imyunisasyon (mga iniksyon) para sa nasa hustong gulang mula sa nasa network na provider nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) kapag pang-iwas na serbisyo ang mga ito. Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga imyunisasyon (mga iniksyon) na inirerekomenda ng Tagapayong Komite para sa Mga Kasanayan sa Pagbabakuna (Advisory Committee on Immunization Practices, ACIP) ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) bilang mga pang-iwas na serbisyo, kabilang ang mga imyunisasyon (mga iniksyon) na kailangan ninyo kapag naglalakbay kayo.

Makakakuha rin kayo ng ilang serbisyo ng imyunisasyon (mga iniksyon) para sa nasa hustong gulang mula sa isang parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx. Upang matuto pa tungkol sa Medi-Cal Rx, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa hulihang bahagi ng kabanatang ito.

Pangangalaga sa allergy

Sinasaklaw ng L.A. Care ang pagsusuri at paggamot sa allergy, kabilang ang allergy desensitization, hypo-sensitization, o immunotherapy.

Mga serbisyo ng anesthesiologist

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo sa anesthesia na medikal na kinakailangan kapag tumatanggap kayo ng pangangalagang outpatient. Maaaring kabilang dito ang anesthesia para sa mga procedure sa ngipin kapag ibinigay ng isang anesthesiologist na maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Mga serbisyong chiropractic

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyong chiropractic, na limitado sa paggamot ng gulugod sa pamamagitan ng manual na manipulasyon. Limitado ang mga serbisyong chiropractic sa maximum na 2 serbisyo kada buwan. Hindi nalalapat sa mga batang wala pang 21 taong gulang ang mga limitasyon. Maaaring bigyan ng L.A. Care ng paunang pag-apruba ang iba pang serbisyo bilang medikal na kinakailangan.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Kwalipikado para sa mga serbisyong chiropractic ang mga miyembrong ito:

- Mga batang wala pang 21 taong gulang
- Mga buntis hanggang sa katapusan ng buwan na kinabibilangan ng 60 araw kasunod ng pagtatapos ng pagbubuntis
- Mga naninirahan sa isang pasilidad ng sanay na pag-aalaga, pasilidad ng intermediate na pangangalaga, o pasilidad ng subacute na pangangalaga
- Ang lahat ng miyembro, kapag ang mga serbisyo ay ibinigay sa mga departamento para sa outpatient sa ospital ng county, klinika para sa outpatient, Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (FQHC) o Klinikang Pangkalusugan sa Lalawigan (RHC) na nasa network ng L.A. Care. Hindi lahat ng mga FQHC, RHC o ospital ng county ay nag-aalok ng mga serbisyong chiropractic para sa outpatient.

Mga pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip

Sinasaklaw ng L.A. Care ang isang taunang maikling pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga miyembrong 65 taong gulang pataas, at sa ibang paraan ay hindi kwalipikado para sa katulad na pagtatasa bilang bahagi ng taunang pagpapatingin para sa kagalingan sa ilalim ng programa ng Medicare. Ang isang pagtatasa ng kalusugan ng isip ay naghahanap ng mga senyales ng sakit na Alzheimer's o dementia.

Mga Serbisyo ng Health Worker ng Komunidad

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng manggagawang pangkalusugan sa komunidad (community health worker, CHW) para sa mga indibidwal kapag inirerekomenda ng isang manggagamot o iba pang lisensiyadong practitioner para maiwasan ang sakit, kapansanan, at iba pang kundisyon sa kalusugan o ang pag-unlad nito; pahabain ang buhay; at itaguyod ang kalusugan at kahusayan sa katawan at pag-iisip. Walang limitasyon sa lokasyon ng serbisyo ang mga serbisyo ng CHW at maaaring makatanggap ang mga miyembro ng mga serbisyo sa mga setting, gaya ng departamento para sa emergency. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang:

- Edukasyon sa kalusugan at indibidwal na suporta o adbokasiya, kabilang ang pagkontrol at pag-iwas sa mga hindi gumagaling o nakakahawang sakit; kundisyon sa kalusugan ng pag-uugali, perinatal, at bibig; at pag-iwas sa karahasan o pinsala
- Pag-promote sa kalusugan at pagtuturo, kabilang ang pagtatakda ng layunin at paggawa ng mga plano ng pagkilos upang matugunan ang pag-iwas at pamamahala sa sakit
- Pag-navigate sa kalusugan, kabilang ang pagbibigay ng impormasyon, pagsasanay, at suporta upang makatulong na makakuha ng pangangalagang pangkalusugan at mga mapagkukunan sa komunidad
- Mga serbisyo sa screening at pagtatasa na tumutulong na ikonekta ang isang miyembro sa mga serbisyo upang mapabuti ang kanyang kalusugan.

Available ang mga serbisyo ng CHW sa pag-iwas sa karahasan sa mga miyembrong nakakatugon sa alinman sa mga sumusunod na sitwasyon gaya ng matutukoy ng isang lisensiyadong practitioner:

- Ang miyembro ay marahas na napinsala bilang resulta ng karahasan sa komunidad.
- Ang miyembro ay nasa malaking panganib na makaranas ng marahas na pinsala bilang resulta ng karahasan sa komunidad.
- Ang miyembro ay nakaranas ng paulit-ulit na pagkakalantad sa karahasan sa komunidad.

Ang mga serbisyo ng CHW sa pag-iwas sa karahasan ay partikular sa karahasan sa komunidad (hal., karahasan ng gang). Ang mga serbisyo ng CHW ay maaaring ibigay sa mga miyembro para sa karahasan sa ibang tao/sa tahanan sa pamamagitan ng iba pang pamamaraan na may pagsasanay/karanasang partikular sa mga pangangailangang iyon.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Mga serbisyo sa dialysis/hemodialysis

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga dialysis na paggamot. Sinasaklaw din ng L.A. Care ang mga serbisyo sa hemodialysis (chronic dialysis) kung magsusumite ang inyong doktor ng kahilingan at aaprubahan ito ng L.A. Care.

Hindi kasama sa saklaw ng Medi-Cal ang:

- Mga kagamitan, supply, at feature para sa kaginhawaan, kadalian, o luho
- Mga hindi medikal na gamit, gaya ng mga generator o accessory upang gawing portable sa paglalakbay ang kagamitan sa dialysis sa bahay

Mga Serbisyo ng Doula

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng doula na ibinibigay ng mga nasa network na provider na doula sa panahon ng pagbubuntis ng miyembro; sa panahon ng paghilab ng tiyan at panganganak, kabilang ang stillbirth, pagkalaglag, at pagpapalaglag; at sa loob ng isang taon pagkatapos ng pagbubuntis ng miyembro. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang lahat ng serbisyo ng doula.

Ang mga provider na doula ay mga manggagawa sa panganganak na nagbibigay ng edukasyon sa kalusugan, adbokasiya, at pisikal, emosyonal, at hindi medikal na suporta para sa mga buntis at may postpartum na tao bago ang, sa panahon ng, at pagkatapos ng panganganak, kabilang ang suporta sa panahon nito, sa stillbirth, sa pagkalaglag, at sa pagpapalaglag.

Bilang isang benepisyong pang-iwas, nangangailangan ang mga serbisyo ng doula ng nakasulat na rekomendasyon mula sa isang doktor o iba pang lisensyadong practitioner na manggagamot sa loob ng kanilang saklaw ng pagsasanay. Nagbigay ang DHCS ng pangmatagalang rekomendasyon para sa mga serbisyo ng doula na nakakatugon sa kinakailangan para sa paunang rekomendasyon. Kabilang sa paunang rekomendasyon para sa mga serbisyo ng doula ang mga sumusunod na pahintulot:

- Isang paunang pagbisita
- Hanggang 8 karagdagang pagbisita na maaaring pinaghalong mga pagbisita bago ang panganganak at pagkatapos manganak
- Suporta sa panahon ng paghilab ng tiyan at panganganak (kabilang ang paghilab ng tiyan at panganganak na nagresulta sa stillbirth), pagpapalaglag o pagkalaglag
- Hanggang 2 pinahabang 3 oras na pagbisita pagkatapos manganak sa katapusan ng pagbubuntis

Ang mga miyembro ay maaaring makatanggap ng hanggang siyam na karagdagang pagbisita pagkatapos manganak sa pamamagitan ng isang karagdagang nakasulat na rekomendasyon mula sa isang doktor o iba pang lisensyadong practitioner.

Dapat makipagtulungan ang L.A. Care para sa wala sa network na access sa mga serbisyo ng doula para sa mga miyembro kung hindi available ang isang nasa network na provider na doula.

Mga serbisyo sa dyadic na pangangalaga

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo sa dyadic na pangangalaga para sa mga miyembro at kanilang mga tagapag-alaga na medikal na kinakailangan. Ang dyad ay isang bata at ang kanilang mga magulang o tagapag-alaga. Naglilingkod ang dyadic na pangangalaga sa mga magulang o caregiver at anak nang magkasama. Layunin nito ang kagalingan ng pamilya para suportahan ang malusog na pag unlad ng bata at kalusugan ng isip.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Kabilang sa mga serbisyo sa dyadic na pangangalaga ang:

- Mga pagpapatingin para sa DBH ng well-child
- Mga dyadic na serbisyo sa mga kumprehensibong Suporta sa Komunidad
- Mga dyadic na serbisyong psycho-educational
- Mga dyadic na serbisyo sa magulang o caregiver
- Dyadic na pagsasanay sa pamilya, at
- Pagpapayo para sa pag-unlad ng bata, at mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng ina

Operasyong outpatient

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga operasyong outpatient. Para sa ilang mga procedure, kakailanganin mong makakuha ng paunang pag apruba (paunang pahintulot) bago makuha ang mga serbisyong iyon. Itinuturing na elective ang mga procedure ng diagnostic at ilang medikal na pang-outpatient o procedure sa ngipin. Kailangan ninyong kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Mga serbisyo ng doktor

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng doktor na medikal na kinakailangan.

Mga serbisyo para sa paa

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo para sa paa bilang medikal na kinakailangan para sa diagnosis at medikal, pang-operasyon, mekanikal, pangmanipula, at elektrikal na paggamot ng paa ng tao. Kabilang dito ang paggamot para sa bukung-bukong at para sa mga tendon na konektado sa paa. Kabilang dito ang mga hindi pang-operasyong paggamot ng mga kalamnan at litid ng binti na kumokontrol sa mga paggalaw ng paa.

Mga therapy na paggamot

Sinasaklaw ng L.A. Care ang iba't ibang therapy na paggamot, kasama ang:

- Chemotherapy
- Radiation therapy

Pangangalaga sa pagbubuntis at sa bagong silang

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng pangangalaga sa pagbubuntis at sa bagong silang na ito:

- Mga serbisyo ng mga paanakan
- Mga breast pump at supply
- Edukasyon at mga tulong sa pagpapasuso
- Koordinasyon sa pangangalaga
- Mga Sertipikadong Kumadronang Nurse (Certified Nurse Midwife, CNM)
- Pagpapayo
- Pangangalaga sa panganganak at postpartum
- Diagnosis ng mga henetikong kapansanan ng fetus at pagpapayo



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

- Mga Serbisyo ng Doula
- Lisensyadong Kumadrona (Licensed Midwife, LM)
- Mga serbisyo sa maternal na kalusugan ng isip
- Pangangalaga sa bagong silang
- Edukasyon sa nutrisyon
- Edukasyon sa kalusugan na nauugnay sa pagbubuntis
- Pangangalaga bago ang panganganak
- Mga pagtatasa at referral sa kalusugang panlipunan at kalusugan ng isip
- Mga suplementong bitamina at mineral

Mga serbisyong telehealth

Ang telehealth ay isang paraan ng pagtanggap ng mga serbisyo nang hindi kinakailangang nasa parehong lokasyon kayo ng inyong provider. Maaaring kabilang sa telehealth ang pagkakaroon ng live na pakikipag-usap sa inyong provider sa pamamagitan ng telepono, video, o iba pang paraan o maaaring kabilang sa telehealth ang pagbabahagi ng impormasyon sa inyong provider nang walang live na pag-uusap. Maaari kayong makatanggap ng maraming serbisyo sa pamamagitan ng telehealth.

Gayunpaman, ang telehealth ay maaaring hindi available para sa lahat ng saklaw na serbisyo. Maaari kayong makipag-ugnayan sa iyong provider para malaman kung anong mga uri ng serbisyo ang available sa pamamagitan ng telehealth. Mahalaga ang pagsang-ayon ninyo at ng inyong provider na naaangkop para sa inyo ang paggamit ng telehealth para sa partikular na serbisyo. May karapatan ka sa mga harapang serbisyo. Hindi ninyo kinakailangang gumamit ng telehealth kahit na sumasang-ayon ang inyong provider na angkop ito para sa inyo.

Mga serbisyo sa kalusugan ng isip

Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng outpatient

Sinasaklaw ng L.A. Care ang isang paunang pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip nang hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Maaari kayong makakuha ng pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip anumang oras mula sa isang lisensyadong provider sa kalusugan ng pag-isip sa network ng L.A. Care nang walang referral.

Maaaring gumawa ng referral ang inyong PCP o provider sa kalusugan ng pag-iisip para sa higit pang screening sa kalusugan ng pag-iisip sa isang espesyalista sa loob ng network ng L.A. Care para pagpasyahan ang inyong antas ng kailangang pangangalaga. Kung matukoy sa mga resulta ng inyong screening sa kalusugan ng pag-iisip na ikaw ay nasa bahagya o katamtamang pagkabalisa o mayroon kang kapansanan sa paggana ng pag-iisip, emosyon o pag-uugali, maaaring magbigay ang L.A. Care ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa inyo. Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip gaya ng:

- Pang-indibidwal at panggrupong pagsusuri at paggamot ng kalusugan ng isip (psychotherapy);
- Sikolohikal na pagsusuri kapag ipinababatid ng klinika na tasahin ang isang kundisyon ng kalusugan ng isip
- Paggamot sa kalusugan ng pag-uugali para sa pag-unlad ng mga cognitive na kakayahan upang mapabuti ang atensyon, memorya, paglutas ng problema, pagkatuto ng mga bagong kakayahan, pakikipag-ugnayan, pagtaas ng mga positibong pag-uugali at pagbabawas ng mahihirap na pag-uugali



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

- Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay ng therapy sa gamot
- Mga serbisyo sa laboratoryo para sa outpatient
- Mga gamot para sa outpatient na hindi na saklaw sa ilalim ng listahan ng nakakontratang gamot ng Medi-Cal Rx (<https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>), supply, at suplemento
- Pagkonsulta ukol sa sakit sa isip
- Pampamilyang therapy na kung saan ay nagsasangkot ang hindi bababa sa 2 miyembro ng pamilya. Kabilang, pero hindi limitado, sa mga halimbawa ng pampamilyang therapy ang:
 - Psychotherapy para sa bata at magulang (edad 0 hanggang 5 taon)
 - Interaktibong therapy para sa magulang at bata (edad 2 hanggang 12 taon)
 - Cognitive-behavioral therapy para sa magkapareha (mga nasa hustong gulang)

Ibinibigay ng L.A. Care ang mga serbisyong ito sa kalusugan ng isip sa pamamagitan ng mga Espesyalista sa Kalusugan ng Pag-uugali mula sa Carelon Behavioral Health. Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na ibinibigay ng L.A. Care sa pamamagitan ng Carelon Behavioral Health, tumawag sa **1-877-344-2858** (TTY **1-800-735-2929**).

Kung ang paggamot na kailangan ninyo para sa isang sakit sa kalusugan ng pag-isip ay hindi available sa network ng L.A. Care o hindi maibibigay ng inyong PCP o provider ng kalusugan ng isip ang pangangalaga na kailangan ninyo sa oras na nakalista sa itaas sa “Napapanahong access sa pangangalaga,” sasaklawin at tutulungan ka ng L.A. Care kumuha ng mga serbisyong wala sa network.

Kung matutukoy ng mga resulta ng pagsusuri ng inyong kalusugan ng pag-iisip na ikaw ay may mas mataas na antas ng kapansanan at kailangan ninyo ng mga espesyalista sa serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (SMHS), ire-refer kayo ng inyong PCP o ng inyong provider ng kalusugan ng pag-iisip sa isang plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county para tumanggap ng pagtatasa. Tutulungan kayo ng L.A. Care na isaayos ang inyong unang appointment sa isang provider ng plano sa kalusugan ng isip ng county upang piliin ang tamang pangangalaga para sa inyo. Upang matuto pa, basahin ang Kabanata 4, “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa ilalim ng Mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng isip sa handbook na ito.

Mga serbisyo sa pang-emergency na pangangalaga

Mga serbisyong inpatient at outpatient na kailangan upang gamutin ang isang medikal na emergency

Sinasaklaw ng L.A. Care ang lahat ng serbisyong kinakailangan para gamutin ang medikal na emergency na nangyari sa Estados Unidos (kabilang ang mga teritoryong gaya ng Puerto Rico, United States Virgin Islands, atbp.). Sinasaklaw din ng L.A. Care ang pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico.

Ang medikal na emerhensiya ay isang kundisyong medikal na may matinding kirot o seryosong pinsala sa katawan. Napakaseryoso ng kundisyon na, kung hindi ito makakakuha ng agarang medikal na atensyon, maaaring asahan ng isang maingat (makatwiran) na karaniwang tao (hindi isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na magreresulta ito sa alinman sa mga sumusunod:

- Seryosong panganib sa inyong kalusugan
- Seryosong pinsala sa mga paggana ng katawan
- Seryosong paghina ng anumang organo o bahagi ng katawan



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

- Seryosong panganib sa isang buntis na aktibong nagle-labor, ibig sabihin ay ang pagle-labor sa panahon kung kailan magaganap ang alinman sa mga sumusunod:
 - Walang sapat na panahon upang ligtas na ilipat ang miyembro sa ibang ospital bago ang panganganak.
 - Ang paglipat ay maaaring maghatid ng banta sa kalusugan o kaligtasan o sa inyong hindi pa naisisilang na anak.

Kung ang emergency room ng ospital ay nagbibigay sa iyo ng hanggang pang-72 oras na supply ng inireresetang gamot para sa outpatient bilang bahagi ng inyong paggamot, ang inireresetang gamot ay sasaklawin L.A. Care bilang bahagi ng iyong saklaw na Mga Pang-emergency na Serbisyo. Kung bibigyan kayo ng reseta ng provider ng emergency room ng ospital na kailangan ninyong dalhin sa botika para sa outpatient para mapunan, sasaklawin ng Medi-Cal Rx ang coverage ng resetang iyon.

Kung kailangan ninyo ng pang-emergency na supply ng gamot mula sa outpatient na parmasya habang naglalakbay, Medi-Cal Rx ang magiging responsable sa pagsaklaw sa gamot, at hindi ang L.A. Care. Kung nangangailangan ng tulong ang parmasya sa pagbibigay sa iyo ng isang supply ng gamot na pang-emergency, ipatawag sa kanila ang Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273**.

Mga serbisyo sa pang-emergency na transportasyon

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng ambulansya para tulungan kayong makapunta sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga sa mga sitwasyong pang-emergency. Nangangahulugan ito na ang inyong kundisyon ay sapat na seryoso na maaaring manganib ang inyong buhay o kalusugan ng iba pang paraan ng pagpunta sa lugar ng pangangalaga. Walang serbisyo ang saklaw sa labas ng Estados Unidos maliban sa mga pang-emergency na pangangalaga na nag-aatas sa inyong manatili sa ospital sa Canada o Mexico. Kung kukuha kayo ng mga pang-emergency na serbisyo sa ambulansya sa Canada o Mexico at hindi kayo naospital sa panahon ng kaganapan ng pangangalagang iyon, hindi sasaklawin ng L.A. Care ang inyong mga serbisyo ng ambulansya.

Pangangalaga sa hospice at palliative na pangangalaga

Sinasaklaw ng L.A. Care ang pangangalaga sa hospice at palliative na pangangalaga para sa mga bata at nasa hustong gulang, na tumutulong na mabawasan ang pisikal, emosyonal, panlipunan, at espirituwal na mga pagkabalisa. Ang mga nasa hustong gulang na may edad na 21 taon pataas ay maaaring hindi makakuha ng mga serbisyo ng pangangalaga sa hospice at panlunas (pagpapagaling) na pangangalaga nang magkasabay.

Pangangalaga sa hospice

Ang pangangalaga sa hospice ay isang benepisyo para sa mga miyembrong walang lunas ang sakit. Kinakailangan sa pangangalaga sa hospice na magkaroon ng tagal ng buhay na anim na buwan o mas mababa ang miyembro. Ito ay isang intervention na pangunahing nakatuon sa pamamahala ng pananakit at sintomas sa halip na sa paggamot upang mapahaba ang buhay.

Kabilang sa pangangalaga sa hospice ang:

- Mga serbisyo ng pangangalaga
- Mga serbisyo para sa katawan, trabaho, o pananalita
- Mga medikal na serbisyong panlipunan
- Mga serbisyo ng katulong sa kalusugan sa bahay at tagapamahala ng bahay
- Mga medikal na supply at appliance



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

- Ilang gamot at biological na serbisyo (ang ilan ay maaaring available sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx)
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Mga tuloy-tuloy na serbisyo ng pangangalaga nang 24 na oras sa panahon ng mga yugto ng krisis at kung kinakailangan upang mapanatili sa bahay ang mga miyembrong walang lunas ang sakit.
 - Pangangalaga para sa pahinga para sa inpatient nang hanggang sa limang magkakasunod na araw sa isang ospital, pasilidad para sa may kasanayang pagkalinga, o pasilidad ng hospice
 - Panandaliang pangangalaga para sa inpatient para sa pagkontrol ng pananakit o pamamahala ng sintomas sa isang ospital, pasilidad para sa may kasanayang pagkalinga, o pasilidad ng hospice

Maaaring iatas ng L.A. Care na kumuha kayo ng pangangalaga sa hospice mula sa isang nasa network na provider maliban kung hindi available sa network ang mga medikal na kinakailangang serbisyo.

Palliative na pangangalaga

Ang palliative na pangangalaga ay pangangalagang nakasentro sa pasyente at pamilya na nagpapabuti sa kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pag-abang, pag-iwas, at paggamot sa paghihirap. Hindi kinakailangang magkaroon ng tagal ng buhay na anim na buwan o mas mababa ang miyembro. Maaaring ibigay ang palliative na pangangalaga kasabay ng panlunas na pangangalaga.

Kasama sa palliative na pangangalaga ang:

- Paunang pagpapalano sa pangangalaga
- Pagtatasa at pagpapayo para sa palliative na pangangalaga
- Plano ng pangangalaga kasama ang lahat ng pinapahintulutang palliative at panlunas na pangangalaga
- Pangkat ng palliative na pangangalaga, na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:
 - Doktor sa medisina o osteopathy
 - Katulong na doktor
 - Rehistradong Nurse
 - Lisensyadong bokasyonal na nurse o nurse practitioner
 - Social Worker
 - Chaplain
- Koordinasyon sa pangangalaga
- Pagkontrol sa pananakit at sintomas
- Serbisyo sa kalusugan ng isip at medikal na serbisyonang panlipunan

Ang mga nasa hustong gulang na may edad na 21 taon pataas ay hindi maaaring makakuha ng parehong palliative (panlunas) na pangangalaga at pangangalaga sa hospice nang magkasabay. Kung nakakakuha kayo ng palliative na pangangalaga at kwalipikado para sa pangangalaga sa hospice, maaari kayong humiling na lumipat sa pangangalaga sa hospice anumang oras.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Pagpapaospital

Mga serbisyo ng anesthesiologist

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ng anesthesiologist sa panahon ng mga saklaw na pamamalagi sa ospital. Ang isang anesthesiologist ay isang provider na dalubhasa sa pagbibigay ng anesthesia sa mga pasyente. Ang anesthesia ay isang uri ng gamot na ginagamit sa ilang medikal na pamamaraan o operasyon sa ngipin.

Mga serbisyonang inpatient sa ospital

Sinasaklaw ng L.A. Care ang medikal na kinakailangang pangangalaga ng inpatient sa ospital kapag na-admit kayo sa ospital.

Rapid Whole Genome Sequencing

Ang Rapid Whole Genome Sequencing (RWGS) ay isang saklaw na benepisyong para sa sinumang miyembro ng Medi-Cal na 1 taong gulang pababa at nakakakuha ng mga serbisyo sa ospital para sa inpatient sa intensive care unit. Kabilang dito ang indibidwal na sequencing, trio sequencing para sa isang magulang o mga magulang at kanilang sanggol, at ultra rapid sequencing.

Ang RWGS ay isang bagong paraan para ma-diagnose ang mga kundisyon sa tamang oras upang makaapekto sa pangangalaga ng Intensive Care Unit (ICU) sa mga batang 1 taong gulang pababa. Kung ang inyong anak ay kwalipikado para sa programang Mga Serbisyo para sa Mga Bata ng California (California Children's Services, CCS), maaaring saklawin ng CCS ang pananatili sa ospital at RWGS.

Mga serbisyo sa operasyon

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga medikal na kinakailangang operasyong isinagawa sa isang ospital.

Pinahabang saklaw pagkatapos manganak

Sinasaklaw ng L.A. Care ang buong sakop na saklaw nang hanggang 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis anuman ang pagkamamamayan, katayuan sa imigrasyon, mga pagbabago sa kita, o kung paano magtatapos ang pagbubuntis.

Mga serbisyo at aparato na rehabilitative at habilitative (therapy)

Kasama sa benepisyong ito ang mga serbisyo at device para matulungan ang mga taong may pinsala, kapansanan, o hindi gumagaling na kundisyon para makuha o mabawi ang mga kasanayan sa pag-iisip at pangangatawan.

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyonang pangrehabilitasyon at panghabilitasyon na inilarawan sa seksyong ito kung natutugunan ang lahat ng sumusunod na kinakailangan:

- Medikal na kinakailangan ang mga serbisyo
- Ang mga serbisyo ay upang matugunan ang isang kundisyon ng kalusugan
- Ang mga serbisyo ay upang tumulong sa inyong panatilihin, matutuhan, o pahasayin ang mga kakayahan at pag-function para sa pang-araw-araw na pamumuhay
- Nakuha ninyo ang mga serbisyo sa isang pasilidad na nasa network, maliban kung nakita ng doktor na nasa network na medikal na kinakailangan para sa inyo na tumanggap ng mga serbisyo sa ibang lokasyon, o ang pasilidad na nasa network ay hindi available para gamutin ang inyong kundisyon sa kalusugan.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyonang ito sa rehabilitasyon/habilitasyon:**Acupuncture**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng acupuncture para maiwasan, mabago, o mapababa ang pang-unawa ng malubha, patuloy at hindi gumagaling na sakit na dulot ng pangkalahatang kinikilalang kundisyong medikal.

Ang mga pang-outpatient na serbisyo sa acupuncture, mayroon man o walang electric stimulation ng mga karayom, ay limitado sa 2 serbisyo kada buwan kapag ibinibigay ng isang doktor, dentista, podiatrist, o acupuncturist. Hindi nalalapat sa mga batang wala pang 21 taong gulang ang mga limitasyon. Ang L.A. Care ay maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ang mga karagdagang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

Audiology (pandinig)

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo sa audiology. Ang pang-outpatient na audiology ay limitado sa dalawang serbisyo kada buwan (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Ang L.A. Care ay maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ang mga karagdagang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

Mga paggamot ukol sa kalusugan ng pag-uugali

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng paggamot ukol sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health treatment, BHT) para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang sa pamamagitan ng benepisyo ng Medical para sa Mga Bata at Teen. Kabilang sa BHT ang mga serbisyo at programa sa paggamot gaya ng applied behavior analysis at mga programa sa interbensyon sa pag-uugali na nakabatay sa ebidensya na nagpapaunlad o nagpapanumbalik, hanggang sa maximum na lawak na magagawa, ng pag-function ng isang miyembrong wala pang 21 taong gulang.

Ang mga serbisyo ng BHT ay nagtuturo ng mga kasanayan gamit ang pag-oobserba at pagpapatibay ng pag-uugali o sa pamamagitan ng pag-udyok na ituro ang bawat hakbang ng pag-uugaling nilalayong ituro. Nakabatay ang mga serbisyo ng BHT sa maaasahang katibayan at hindi ito pang-eksperimento. Hindi eksperimental ang mga ito. Kabilang sa mga halimbawa ng serbisyo ng BHT ang pamamagitan sa pag-uugali, mga package ng pamamagitan sa pag-iisip at pag-uugali, komprehensibong paggamot ng pag-uugali, at applied behavioral analysis.

Ang mga serbisyo ng BHT ay dapat medikal na kinakailangan, inireseta ng lisensyadong doktor o sikolohista, inaprubahan ng L.A. Care, at ibinigay sa paraang sumusunod sa inaprubahang plano sa paggamot.

Rehabilitasyon ng puso

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo sa rehabilitasyon ng puso ng inpatient at outpatient.

Matibay na kagamitang medikal (durable medical equipment, DME)

Sinasaklaw ng L.A. Care ang pagbili o pag-upa ng mga supply, kagamitan, at iba pang serbisyo ng DME na may reseta mula sa doktor, assistant na doktor, nurse practitioner, o espesyalistang nurse ng klinika. Sinasaklaw ang mga iniresetang item ng DME bilang medikal na kinakailangan para mapanatili ang mga paggalaw ng katawan na kailangan sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay o para maiwasan ang malalang pisikal na kapansanan.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Sa pangkalahatan, hindi sinasaklaw ng L.A. Care ang:

- Mga kagamitan, feature, at supply para sa kaghahawaan, kadalihan, o luho, maliban sa mga retail grade na breast pump na naunang inilarawan sa kabanatang ito sa ilalim ng “Mga breast pump at supply” sa “Pangangalaga sa pagbubuntis at sa bagong silang”
- Mga item na hindi inilaan para sa pagpapanatili ng mga normal na aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay, tulad ng mga kagamitan sa pag-eehersisyo kabilang ang mga device na nilayon para magbigay ng higit pang suporta para sa mga aktibidad sa libangan o isports
- Kagamitan sa kalinisan, maliban kapag medikal na kinakailangan para sa miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Mga item na hindi pangmedikal, gaya ng mga sauna bath o elevator
- Mga pagbabago sa inyong bahay o kotse
- Mga device para sa pagsusuri ng dugo o iba pang-sangkap sa katawan (ang mga monitor ng glucose ng dugo para sa diabetes, monitor para sa patuloy na pagsubaybay ng glucose, mga test strip, at mga lancet ay saklaw ng Medi-Cal Rx)
- Mga electronic monitor ng puso o baga maliban sa mga apnea monitor para sa sanggol
- Pag-aayos o pagpapalit ng equipment dahil sa pagkawala, pagnanakaw, o maling paggamit, maliban na lang kung medikal na kinakailangan para sa isang miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Iba pang item na hindi karaniwang ginagamit lalo na para sa pangangalagang pangkalusugan

Sa ilang kaso, maaaring maaprubahan ang mga item na ito kapag nagsumite ang iyong doktor ng kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Enteral at parenteral na nutrisyon

Ang mga pamamaraang ito ng paghahatid ng nutrisyon sa katawan ay ginagamit kapag pinipigilan kayo ng medikal na kundisyong kumain ng pagkain nang normal. Maaaring masaklaw ang mga formula ng enteral na nutrisyon at produkto para sa parenteral na nutrisyon sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx, kapag medikal na kinakailangan. Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga enteral at parenteral na pump at tubo, kapag medikal na kinakailangan.

Mga hearing aid

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga hearing aid kung kayo ay nasuri para sa pagkawala ng pandinig, medikal na kinakailangan ang mga hearing aid, at may reseta mula sa iyong doktor. Ang saklaw ay limitado sa pinakamurang hearing aid na nakakatugon sa inyong mga medikal na pangangailangan. Sasaklawin ng L.A. Care ang isang hearing aid maliban kung kailangan ng hearing aid para sa bawat tainga upang mas makarinig kaysa kung isang hearing aid lang ang gagamitin.

Mga hearing aid para sa mga Miyembrong wala pang 21 taong gulang:

Iniaatas ng batas ng estado ng Los Angeles County sa mga batang wala pang 21 taong gulang na nangangailangan ng mga hearing aid na mai-refer sa programang Mga Serbisyo para sa Mga Bata ng California (California Children's Services, CCS) upang magpasya kung ang bata ay kwalipikado para sa CCS. Kung ang bata ay kwalipikado para sa CCS, sasaklawin ng CCS ang mga gastos para sa medikal na kinakailangang mga hearing aid. Kung ang bata ay hindi kwalipikado para sa CCS, sasaklawin ng L.A. Care ang mga medikal na kinakailangang hearing aid bilang bahagi ng saklaw ng Medi-Cal.

Mga hearing aid para sa mga miyembrong 21 taong gulang pataas.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasaklawin ng L.A. Care ang mga sumusunod para sa bawat saklaw na hearing aid:

- Mga ear mold na kailangan para sa pagsusukat
- Isang standard na battery pack
- Mga pagbisita upang matiyak na maayos na gumagana ang hearing aid
- Mga pagbisita para sa paglilinis at pagsusukat ng inyong hearing aid
- Pagsasaayos ng inyong hearing aid
- Mga accessory at rental ng hearing aid

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasaklawin ng L.A. Care ang isang pamalit na hearing aid kung:

- Hindi maiwasto ng inyong kasalukuyang hearing aid ang paghina ng inyong pandinig
- Nawala, nanakaw, o nasira ang inyong hearing aid at hindi na ito maaayos at hindi ninyo ito kasalanan. Kailangan ninyo kaming bigyan ng isang tala na nagsasabi sa amin kung paano ito nangyari.

Para sa mga nasa hustong gulang na may edad na 21 taon pataas, **hindi** saklaw ng Medi-Cal ang:

- Mga pamalit na baterya ng hearing aid

Mga serbisyo ng pangkalusugan sa bahay

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyong pangkalusugan na ibinigay sa inyong tahanan kapag natagpuan medikal na kinakailangan at inireseta ng inyong doktor o ng isang assistant na doktor, nurse practitioner, o espesyalistang klinikal na nurse.

Ang mga serbisyong pangkalusugan sa bahay ay limitado sa mga serbisyong saklaw ng Medi-Cal gaya ng:

- Part-time na sanay na pag-aalaga
- Part-time na katulong sa kalusugan sa bahay
- May kasanayang pisikal na therapy, occupational therapy, at therapy sa pagsasalita
- Mga medikal na serbisyong panlipunan
- Mga medikal na supply

Mga medikal na supply, kagamitan, at appliance

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga medikal na supply na inireseta ng doktor, assistant na doktor, nurse practitioner, at mga espesyalistang klinikal na nurse. Ang ilang medikal na supply ay saklaw sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx, bahagi ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal, at hindi ng L.A. Care. Kapag sinasaklaw ng Medi-Cal Rx ang mga supply, sisingilin ng provider ang Medi-Cal.

Hindi saklaw ng Medi-Cal ang:

- Mga karaniwang gamit sa bahay, na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:
 - Adhesive tape (lahat ng uri)
 - Rubbing alcohol
 - Cosmetics



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

- Mga cotton ball at swab
- Mga dusting powder
- Mga tissue wipe
- Witch hazel
- Mga karaniwang remedyo sa bahay, na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:
 - White petrolatum
 - Mga oil at lotion para sa nanunuyong balat
 - Mga produktong talc at talc combination
 - Mga oxidizing agent gaya ng hydrogen peroxide
 - Carbamide peroxide at sodium perborate
- Mga hindi de-resetang shampoo
- Mga paghahanda ng ipinapahid na gamot na naglalaman ng benzoic at salicylic acid na ointment, salicylic acid na cream, ointment o likido, at zinc oxide na paste
- Iba pang item na karaniwang hindi ginagamit lalo na para sa pangangalagang pangkalusugan at regular at pangunahing ginagamit ng mga taong walang partikular na pangangailangang medikal para sa mga ito.

Occupational therapy

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng occupational therapy, kabilang ang pagsusuri sa occupational therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, at mga serbisyo sa pagtuturo at pakonsulta. Ang mga serbisyo ng occupational therapy ay limitado sa 2 serbisyo kada buwan (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Ang L.A. Care ay maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ang mga karagdagang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

Orthotics/mga prosthesis

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga orthotic at prosthetic na device at serbisyo na medikal na kinakailangan at inireseta ng inyong doktor, podiatrist, dentista, o hindi doktor na medikal na provider. Kabilang sa mga ito ang naka-implant na device para sa pandinig, prosthesis para sa suso/mga mastectomy bra, compression burn garment, at prosthetic para mapanubalik ang paggalaw o palitan ang isang bahagi ng katawan, o para suportahan ang isang bahagi ng katawang humina o nasira ang anyo.

Ostomy at mga urological supply

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga supply at pandikit para sa ostomy bag, urinary catheter, draining bag, at irrigation. Hindi kabilang dito ang mga supply, kagamitan o feature para sa ginhawa, kadalian o luho.

Physical therapy

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyong medikal na kinakailangang pisikal na therapy, kabilang ang pagsusuri sa pisikal na therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, pagtuturo, mga serbisyo sa pagkonsulta at paggamit ng ipinapahid na gamot.

Rehabilitasyon ng baga

Sinasaklaw ng L.A. Care ang rehabilitasyon ng baga na medikal na kinakailangan at inireseta ng doktor.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Mga serbisyo sa pasilidad ng sanay na pag-aalaga

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo sa pasilidad ng sanay na pag-aalaga kung medikal na kinakailangan kung kayo ay may kapansanan at kailangan ninyo ng mataas na antas ng pangangalaga. Kasama sa mga serbisyong ito ang kwarto at pamamalagi sa isang lisensyadong pasilidad na may 24 na oras bawat araw ng may kasanayang pagkalinga.

Speech therapy

Sinasaklaw ng L.A. Care ang speech therapy na medikal na kinakailangan. Ang mga serbisyo ng speech therapy ay limitado sa 2 serbisyo kada buwan. Hindi nalalapat sa mga batang wala pang 21 taong gulang ang mga limitasyon. Ang L.A. Care ay maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ang mga karagdagang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

Mga serbisyo para sa transgender

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo para sa transgender (mga serbisyong nagpapatunay ng kasarian) kapag medikal na kinakailangan ang mga ito o kapag ang mga serbisyo ay nakakatugon sa mga tuntunin para sa reconstructive surgery.

Mga klinikal na pagsubok

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga karaniwang gastusin sa pangangalaga ng pasyente para sa mga pasyente na tinatanggap sa mga klinikal na pagsubok, kabilang ang mga klinikal na pagsubok para sa cancer, na nakalista para sa Estados Unidos sa <https://clinicaltrials.gov>.

Sinasaklaw ng Medi-Cal Rx, na bahagi ng FFS Medi-Cal, ang karamihan sa mga inireresetang gamot para sa outpatient. Upang matuto pa, basahin ang “Mga inireresetang gamot para sa outpatient” sa hulihang bahagi ng kabanatang ito.

Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng laboratoryo at X-ray ng outpatient at inpatient kapag medikal na kinakailangan. Sinasaklaw ang advanced na pamamaraan ng imaging gaya ng mga CT scan, MRI, at PET scan, batay sa medikal na pangangailangan.

Mga serbisyo para sa pag-iwas sa sakit at pagpapanatili ng kalusugan at pamamahala sa sakit na hindi gumagaling

Saklaw ng L.A. Care ang:

- Mga inirerekumendang bakuna ng Tagapayong Komite para sa Mga Kasanayan sa Pagbabakuna (Advisory Committee for Immunization Practices, ACIP)
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya
- Mga rekomendasyon ng American Academy of Pediatrics Bright Futures (https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf)
- Screening sa masamang karanasan sa pagkabata (ACE)
- Mga serbisyo sa pag-iwas sa hika
- Mga serbisyong pang-iwas sa sakit para sa mga babae na inirerekumenda ng American College of Obstetricians and Gynecologists
- Tulong upang tumigil sa paninigarilyo, tinatawag ding mga serbisyo para sa pagtigil sa paninigarilyo
- Mga inirerekumendang serbisyong pang-iwas sa sakit ng Task Force Grade A at B ng Mga Serbisyong Pang-iwas sa Sakit ng United States (United States Preventive Services Task Force Grade A at B)



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya

Ang mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya ay ipinagkakaloob sa mga miyembro ng pamilya na nasa edad na maaari nang magkaanak para matulungan silang pumili ng bilang at pagitan ng mga anak. Kasama sa mga serbisyong ito ang lahat ng pamamaraan ng pagkontrol ng pagbubuntis na inaprubahan ng Food and Drug Administration (FDA). Available ang mga PCP at espesyalista sa OB/GYN ng L.A. Care para sa mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya.

Para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, maaari din kayong pumili ng sinumang doktor o klinika sa Medi-Cal na wala sa network ng L.A. Care nang hindi kumukuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa L.A. Care. Kung kukuha kayo ng mga serbisyong hindi nauugnay sa pagpapalano ng pamilya mula sa isang wala sa network na provider, maaaring hindi saklaw ang mga serbisyong iyon. Upang matuto pa, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Pamamahala sa sakit na hindi gumagaling

Sinasaklaw din ng L.A. Care ang mga programa sa pamamahala sa sakit na hindi gumagaling na nakatuon sa mga sumusunod na kundisyon:

- Diabetes
- Sakit sa puso at daluyan ng dugo
- Hika

Para sa impormasyon tungkol sa pangangalagang pang-iwas sa sakit para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, basahin ang Kabanata 5, “Well care para sa mga bata at kabataan” sa handbook na ito.

Programang Pag-iwas sa Diabetes

Ang Programang Pag-iwas sa Diabetes (Diabetes Prevention Program, DPP) ay isang nakabatay sa katibayang programa ng pagbabago ng paraan ng pamumuhay. Ang 12 buwang programang ito ay nakatuon sa mga pagbabago sa pamumuhay. Nakadiseno ito para iwasan o antalahin ang paglitaw ng Type 2 diabetes sa mga taong na-diagnose na may prediabetes. Ang mga miyembrong nakakatugon sa mga pamantayan ay maaaring maging kwalipikado para sa ikalawang taon. Nagbibigay ang programa ng edukasyon at suporta ng grupo. Ang mga pamamaraan ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

- Pagbibigay ng peer coach
- Pagtuturo ng pagsubaybay sa sarili at paglutas ng problema
- Pagbibigay ng lakas ng loob at puna
- Pagbibigay ng mga materyal na may impormasyon upang suportahan ang mga layunin
- Pagsubaybay sa mga regular na pagsukat ng timbang upang makatulong na makamit ang mga layunin

Dapat matugunan ng mga miyembro ang ilang mga patakaran para sumali sa DPP. Tawagan ang Diabetes Care Partners sa **1-877-227-3889 (TTY 711)** Lunes – Biyernes mula 9:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. PST upang malaman kung kwalipikado kayo para sa programa.

Mga reconstructive na serbisyo

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga operasyon upang itama o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawan upang mapahusay ang o gumawa ng normal na hitsura hangga’t maaari. Ang mga abnormal na istruktura ng katawan ay yaong sanhi ng mga congenital na depekto, abnormalidad sa pag-unlad, trauma, impeksyon, mga tumor, sakit, o paggamot sa sakit na nagresulta sa pagkawala ng istruktura ng katawan, gaya ng mastectomy. Maaaring malapat ang ilang limitasyon at pagbubukod.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Mga serbisyo sa screening para sa problema sa paggamit ng sangkap

Saklaw ng L.A. Care ang:

- Screening sa Alkohol at Droga, Pagtatasa, mga Maikling interbensyon, at Referral sa Paggamot (SABIRT)

Para sa saklaw ng paggamot sa buong county, basahin ang “Mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng sangkap” sa hulihang bahagi ng kabanatang ito.

Mga benepisyo sa paningin

Saklaw ng L.A. Care ang:

- Isang karaniwang pagsusuri sa mata isang beses kada 24 na buwan; ang mga mas madalas na pagsusuri sa mata ay saklaw kung medikal na kinakailangan para sa mga miyembro, gaya ng para sa mga may diabetes
- Salamin sa mata (mga frame at lente) isang beses sa bawat 24 na buwan na may wastong reseta
- Kapalit ng salamin sa mata sa loob ng 24 na buwan kung mayroon kayong pagbabago sa reseta o ang inyong salamin sa mata ay nawala, ninakaw, o nasira (at hindi maaaring ayusin), at hindi ninyo kasalanan ito. Dapat ninyo kaming bigyan ng sulat na nagsasaad kung paano nawala, nanakaw, o nasira ang inyong salamin sa mata.
- Mga device para sa malabong paningin kung mayroon kayong kapansanan sa paningin na nakakaapekto sa inyong kakayahang magsagawa ng mga pang-araw-araw na aktibidad (gaya ng macular degeneration na nauugnay sa edad) at hindi magagawang itama ng mga karaniwang salamin, contact lens, gamot, o operasyon ang inyong kapansanan sa paningin.
- Medikal na kinakailangang mga contact lens. Maaaring saklawin ang pagsusuri sa contact lens at mga contact lens kung hindi posible ang paggamit ng salamin sa mata dahil sa sakit o kundisyon sa mata (tulad ng kulang ang isang tainga). Kasama sa mga medikal na kundisyong kwalipikado para sa mga espesyal na contact lens ang, ngunit hindi limitado sa, aniridia, aphakia, at keratoconus

Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyong hindi mga emergency

Maaari kayong makakuha ng medikal na transportasyon kung mayroon kayong mga medikal na pangangailangan na hindi nagpapahintulot sa inyong gumamit ng kotse, bus, tren, o taxi papunta sa inyong mga appointment para sa medikal na pangangalaga. Maaari kayong makakuha ng medikal na transportasyon para sa mga saklaw na serbisyo at mga appointment sa parmasya na saklaw ng Medi-Cal. Maaari kayong humiling ng medikal na transportasyon sa pamamagitan ng pagtatanong sa iyong doktor, dentista, podiatrist, o provider sa kalusugan ng pag-iisip o paggamit ng kontroladong sangkap. Ang inyong provider ang magpapasya sa tamang uri ng transportasyon upang matugunan ang inyong mga pangangailangan.

Kung kwalipikado kang magpatala sa 1915(c) waiver, maaari kang makakuha ng mga serbisyong nakabase sa bahay at komunidad na hindi nauugnay sa isang kundisyon na kwalipikado sa CCS ngunit kinakailangan para manatili ka sa isang setting ng komunidad sa halip na isang institusyon. Halimbawa, kung kailangan ninyo ng mga pagbabago sa bahay upang matugunan ang inyong mga pangangailangan sa isang setting na nakabatay sa komunidad, hindi mababayaran ng L.A. Care ang mga gastos na iyon bilang kundisyong nauugnay sa CCS. Ngunit kung ikaw ay nakatala sa isang 1915(c) waiver, ang mga pagbabago sa bahay ay maaaring masaklaw kung ang mga ito ay medikal na kinakailangan upang maiwasan ang institusyonalisasyon.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

1915(c) waiver ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (HCBS)

Ang 6 na Medi-Cal 1915(c) waiver ng California ay nagpapahintulot sa estado na magbigay ng mga serbisyo sa mga taong kung hindi man ay mangangailangan ng pangangalaga sa pasilidad ng pangangalaga o base sa setting ng komunidad na ospital na pinili nila. Ang Medi-Cal ay may kasunduan sa Pederal na Pamahalaan na nagpapahintulot sa mga serbisyo ng waiver na maialok sa isang pribadong tahanan o sa isang parang tahanan na kapaligirang komunidad. Ang mga serbisyong inaalok sa ilalim ng mga waiver ay hindi dapat mas malaki kaysa sa alternatibong antas ng institusyonal na pangangalaga. Ang mga tatanggap ng HCBS Waiver ay dapat maging kwalipikado para sa buong saklaw ng Medi-Cal. May limitadong availability ang ilang provider ng 1915(c) sa buong Estado ng California at/o maaaring may waitlist. Ang anim na waiver ng Medi-Cal 1915(c) ay:

- California Assisted Living Waiver (ALW)
- Ang Waiver ng California Self Determination Program (SDP) ay para sa mga Indibidwal na may Kapansanan sa Pag-unlad
- HCBS Waiver para sa mga taga-California na may Kapansanan sa Pag-unlad (HCBS-DD)
- Waiver ng Mga Alternatibong Nakabase sa Tahanan at Komunidad (HCBA)
- Medi-Cal Waiver Program (MCWP), na dating tinatawag na Human Immunodeficiency Virus/Acquired Immune Deficiency Syndrome (HIV/AIDS) Waiver
- Maraming Layunin na Programang Mga Serbisyo sa Nakatatanda (Multipurpose Senior Services Program, MSSP)

Para malaman ang higit pa tungkol sa mga Medi Cal Waiver, pumunta sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/Pages/HCBSWaiver.aspx>. O tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Mga Serbisyong Pansuporta sa Loob ng Bahay (IHSS)

Ang programa ng Mga Pansuportang Serbisyo sa Loob ng Bahay (In-Home Supportive Services, IHSS) ay nagbibigay ng tulong sa personal na pangangalaga sa loob ng bahay bilang alternatibo sa pangangalaga sa labas ng bahay sa mga kwalipikadong taong karapat-dapat sa Medi-Cal, kabilang ang mga matanda, bulag, at/o may-kapansanan. Nagbibigay-daan ito sa mga tatanggap na manatiling ligtas sa kanilang sariling mga tahanan. Dapat sumang-ayon ang inyong tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan na kailangan ninyo ng tulong sa personal na pangangalaga sa loob ng bahay at nanganganib kayong ilagay sa labas ng bahay na pangangalaga kung hindi kayo kumuha ng mga serbisyo ng IHSS. Ang programang IHSS ay gagawa rin ng isang pagtatasa ng mga pangangailangan.

Para malaman ang higit pa tungkol sa IHSS na available sa iyong county, pumunta sa <https://www.cdss.ca.gov/inforesources/ihss>. O tawagan ang iyong lokal na ahensya ng mga serbisyong panlipunan ng county.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Mga serbisyong hindi ninyo maaaring makuha sa pamamagitan ng L.A. Care o Medi-Cal

Hindi sasaklawin ng L.A. Care at Medi-Cal ang ilang serbisyo. Hindi sinasaklaw ng L.A. Care o Medi-Cal ang mga serbisyo na kasama, ngunit hindi limitado sa:

- In vitro fertilization (IVF), kabilang ngunit hindi limitado sa mga pag-aaral sa pagkabaog o operasyon upang masuri o magamot ang pagkabaog
- Mga pang-eksperimentong serbisyo
- Mga pagbabago sa sasakyan
- Operasyong pampaganda
- Pagpapanatili sa kakayahang magkaanak

Maaaring saklawin ng L.A. Care ang isang hindi saklaw na serbisyo kung ito ay medikal na kinakailangan. Ang inyong provider ng serbisyo ay dapat magsumite ng isang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) na kahilingan sa L.A. Care na may mga dahilan kung bakit ang hindi saklaw na benepisyo ay medikal na kailangan.

Upang matuto pa, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Pagtataya ng mga bago at umiiral na teknolohiya

Sumusunod ang L.A. Care sa mga pagbabago at pangunguna sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga bagong panggamot, gamot, pamamaraan at aparato. Tinatawag din itong “bagong teknolohiya.” Sumusunod ang L.A. Care sa bagong teknolohiya para matiyak na may access ang mga miyembro sa ligtas at epektibong pangangalaga. Sinusuri ng L.A. Care ang bagong teknolohiya para sa mga medikal at kalusugan ng isip na proseso, pharmaceutical, at device. Ang kahilingan na magsuri ng bagong teknolohiya ay maaaring manggaling sa isang miyembro, practitioner, organisasyon, tagasuring doktor ng L.A. Care, o iba pang kawani.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

5. Well care para sa mga bata at kabataan

Ang mga bata at kabataang miyembrong wala pang 21 taong gulang ay makakakuha kaagad ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan kapag nakapagpatala na sila. Tinitiyak nito na nakukuha nila ang tamang pangangalagang pang-iwas, para sa ngipin at kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang mga serbisyo sa pag-unlad at espesyalidad. Ipinapaliwanag sa kabanatang ito ang mga serbisyonang ito.

Mga Brochure/Liham ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teen:

Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay sinasaklaw para sa kinakailangang pangangalaga. Kasama sa listahan sa ibaba ang mga serbisyonang medikal na kinakailangan para gamutin o pangalagaan ang anumang depekto at diagnosis sa katawan o pag-iisip. Kabilang sa mga saklaw na serbisyo, ngunit hindi limitado sa:

- Mga well-child na pagpapatingin at mga check-up para sa teenager (mahahalagang pagpapatingin na kailangan ng mga bata)
- Mga imyunisasyon (mga iniksiyon)
- Pagtatasa at paggamot sa kalusugan ng pag-uugali
- Pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang pang-indibidwal, panggrupo, at pampamilyang psychotherapy (ang specialty mental health services (SMHS) ay saklaw ng county)
- Screening sa masamang karanasan sa pagkabata (ACE)
- Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (Enhanced Care Management, ECM) para sa Mga Bata at Kabataang Populasyong Pinagtutuunan ng Pansin (POF) (isang benepisyo sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga (MCP) ng Medi-Cal)
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kasama ang pagsusuri sa dugo para sa pagkalason sa lead
- Edukasyon sa kalusugan at pag-iwas sa sakit
- Mga serbisyo para sa paningin
- Mga serbisyo sa ngipin (sinasaklaw sa ilalim ng Medi-Cal Dental)
- Mga serbisyo sa pandinig (Sinaklaw ng California Children's Services (CCS) para sa mga batang kwalipikado (sasaklawin ng L.A. Care ang mga serbisyo para sa mga batang hindi kwalipikado sa CCS).
- Mga Serbisyo sa Kalusugan sa Bahay, tulad ng pribadong tungkulin na pag-aalaga (PDN), occupational therapy, physical therapy, at kagamitang medikal at mga panustos.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Ang mga serbisyo sa pangangalaga ay tinatawag na Medi-Cal para sa Mga Bata at Teen (kilala rin bilang mga serbisyo sa Maaga at Pana-panahong Screening, Pagsusuri at Paggamot (EPSDT). Ang karagdagang impormasyon para sa mga miyembro tungkol sa Medi-Cal para sa Mga Bata at Teen ay maaaring malaman dito, <https://www.dhcs.ca.gov/services/Medi-Cal-For-Kids-and-Teens/Pages/Member-Information.aspx>. Ang mga serbisyo Medi-Cal para sa mga Bata at Teen na inirerekumenda ng mga alituntunin ng Bright Futures ng mga doktor ng mga bata upang makatulong sa inyo o sa inyong anak na manatiling malusog ay sinasaklaw nang wala kayong babayaran. Upang basahin ang mga alituntunin ng Bright Futures, pumunta sa https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf.

Ang Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (Enhanced Care Management, ECM) ay isang benepisyo sa pinamamahalaang plano ng pangangalaga (MCP) ng Medi-Cal na magagamit sa lahat ng county ng California upang suportahan ang kumprehensibong pamamahala ng pangangalaga para sa mga miyembro ng MCP na may mga kumplikadong pangangailangan. Dahil ang mga bata at kabataan na may kumplikadong pangangailangan ay madalas na pinaglilingkuran ng isa o higit pang mga tagapamahala ng kaso o iba pang mga tagabigay ng serbisyo sa loob ng isang nakahiwalay na sistema ng paghahatid, ang ECM ay nag-aalok ng koordinasyon sa pagitan ng mga sistema. Kasama sa mga Populasyong Pinagtutuunan ng Pansin ng mga bata at Kabataang Karapat-dapat para sa benepisyong ito ang:

- Mga Bata at Kabataan na Nakakaranas ng Kawalan ng Tirahan
- Mga Bata at Kabataan na Nanganganib na Gumamit ng Maiiwasang Pagpunta sa Ospital o Emergency Department (ED)
- Mga Bata at Kabataang May Malubhang Kalusugan ng Pag-iisip at/o Mga Pangangailangan kaugnay ng Problema sa Paggamit ng Sangkap (SUD)
- Mga Bata at Kabataan na Naka-enroll sa California Children's Services (CCS) o CCS Whole Child Model (WCM) na May Mga Karagdagang Pangangailangan Higit pa sa Kundisyon ng CCS
- Mga Bata at Kabataang Nasa Child Welfare

Ang karagdagang impormasyon sa ECM ay matatagpuan dito:

<https://www.dhcs.ca.gov/CalAIM/ECM/Documents/ECM-Children-And-Youth-POFs-Spotlight.pdf>

Bilang karagdagan, hinihikayat ang Mga Pangunahing Tagapamahala ng Pangangalaga ng ECM na i-screen ang mga miyembro ng ECM para sa mga pangangailangan para sa mga serbisyo ng Suporta sa Komunidad na ibinibigay ng mga MCP bilang mga cost-effective na alternatibo sa mga tradisyunal na medikal na serbisyo o setting—at sumangguni sa Mga Suporta sa Komunidad kapag karapat-dapat at available. Ang mga bata at kabataan ay maaaring makinabang mula sa marami sa mga serbisyo ng Mga Suporta sa Komunidad, kabilang ang muling paglunas ng hika, pag-navigate sa pabahay, pahinga sa medikal, at mga sentro ng paghinga.

Ang Mga Suporta sa Komunidad ay mga serbisyong ibinibigay ng mga plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal (MCP) at available sa mga karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal anuman ang kanilang pagiging kwalipikado para sa mga serbisyo ng ECM.

Makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa Mga Suporta sa Komunidad dito:

<https://www.dhcs.ca.gov/CalAIM/DHCS-Medi-Cal-Community-Support-Supplemental-Fact-Sheet.pdf>

Ang ilan sa mga serbisyong makukuha sa pamamagitan ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teen, gaya ng PDN, ay itinuturing na mga karagdagang serbisyo. Hindi ito makukuha ng mga miyembro ng Medi-Cal na 21 taong gulang pataas. Upang patuloy na makuha ang mga serbisyong ito nang libre, maaaring kailanganin ninyo o ng inyong anak na magpatala sa 1915(c) Mga Serbisyong Nakabase sa Bahay at Komunidad (Home and Community-Based Services, HCBS) waiver o ibang Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (Long-Term Services and Supports, LTSS) sa o bago sumapit sa edad na 21. Kung ikaw o ang iyong anak ay tumatanggap ng mga karagdagang serbisyo sa pamamagitan ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Teen at malapit nang mag-21 taong gulang, makipag-ugnayan sa L.A. Care upang pag-usapan ang tungkol sa mga pagpipilian para sa patuloy na pangangalaga.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Mga well-child na check-up para sa kalusugan at pangangalagang pang-iwas sa sakit

Kasama sa pangangalagang pang-iwas sa sakit ang mga regular na check-up para sa kalusugan, screening upang matulungan ang inyong doktor na matukoy nang maaga ang mga problema, at serbisyo sa pagpapayo upang matukoy ang mga sakit, karamdaman, o medikal na kundisyon bago pa magdulot ng mga problema ang mga ito. Ang mga regular na pagpapatingin ay tumutulong sa inyo o sa doktor ng inyong anak na maghanap ng anumang problema. Ang mga problema ay maaaring kinabibilangan ng medikal, pangngipin, paningin, pandinig, kalusugan ng pag-iisip, at anumang sakit sa paggamit ng kontroladong sangkap (alak o droga). Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga check-up para i-screen kung may mga problema (kasama ang pagtatasa sa antas ng lead sa dugo) anumang oras na kailanganin ang mga ito, kahit na hindi sa panahon ng regular na check-up ninyo o ng inyong anak.

Kasama rin sa pangangalagang pang-iwas sa sakit ang mga iniksyon na kailangan ninyo o ng inyong anak. Dapat siguraduhin ng L.A. Care na ang lahat ng mga nakatalang bata ay napapanahon sa lahat ng bakuna (pag-iiniksyon) na kailangan nila kapag bumibisita sila sa kanilang doktor. Available ang mga serbisyo at pagsusuri para sa pangangalagang pang-iwas sa sakit nang walang babayaran at nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Dapat magpa-check up ang inyong anak sa mga edad na ito:

- 2-4 araw pagkapanganak
- 1 buwan
- 2 buwan
- 4 na buwan
- 6 na buwan
- 9 buwan
- 12 buwan
- 15 buwan
- 18 buwan
- 24 buwan
- 30 buwan
- Isang beses sa isang taon mula 3 hanggang 20 taong gulang

Kasama sa mga well-child na check-up para sa kalusugan ang:

- Kumpletong kasaysayan at pisikal na pagsusuri mula ulo hanggang paa
- Mga pagpapabakuna na angkop sa edad (ang California ay sumusunod sa schedule ng American Academy of Pediatrics Bright Futures: https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf)
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kasama ang pagsusuri sa dugo para sa pagkalason sa lead
- Edukasyon sa kalusugan
- Screening para sa paningin at pandinig
- Screening para sa kalusugan ng bibig
- Pagtatasa sa kalusugan ng pag-uugali

Kung may nakitang problema ang doktor sa kalusugan ninyo sa katawan o pag-iisip o ng inyong anak sa isang check up o screening, maaaring kailanganin ninyong magpagamot o ang inyong anak. Sasaklawin ng L.A. Care ang pangangalagang iyon nang libre, kasama ang:

- Doktor, manggagamot na nurse, at pangangalaga sa ospital
- Mga bakuna (iniksyon) upang panatilihin kayong malusog



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

- Mga physical, speech/language, at occupational therapy
- Mga serbisyo sa kalusugan sa tahanan, kabilang ang medikal na kagamitan, supply at mga appliance
- Paggamot para sa mga problema sa paningin, kasama ang salamin sa mata
- Paggamot para sa mga problema sa pandinig, kasama ang mga hearing aid kapag hindi sinasaklaw ng CCS ang mga ito
- Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali para sa mga kundisyong pangkalusugan gaya ng mga autism spectrum disorder, at iba pang kapansanan sa pag-unlad
- Pamamahala ng kaso at edukasyon sa kalusugan
- Reconstructive na operasyon, na operasyon upang itama o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawang sanhi ng mga congenital na depekto, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, mga impeksyon, tumor, o sakit upang pahasayin ang paggana o gumawa ng normal na hitsura

Mga screening sa pagkalason dahil sa lead sa dugo

Ang lahat ng batang nakatala sa L.A. Care ay dapat makakuha ng screening para sa pagkalason dahil sa lead sa dugo sa 12 at 24 na buwang gulang o sa pagitan ng edad na 24 at 72 buwang gulang kung hindi sila masuri nang mas maaga. Maaaring makakuha ng pagsusuri sa dugo ang mga bata kung hihiling ang isang magulang o tagapag-alaga ng isa. Dapat ring suriin ang mga bata sa tuwing naniniwala ang doktor na ang pagbabago sa buhay ay naglalagay sa panganib sa bata.

Tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa well care para sa mga bata at kabataan

Tutulungan ng L.A. Care ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang at ang kanilang mga pamilya na makuha ang mga serbisyong kailangan nila. Magagawa ng isang coordinator ng pangangalaga sa L.A. Care na:

- Sabihin sa inyo ang mga available na serbisyo
- Tumulong sa paghahanap ng mga provider na nasa network o provider na wala sa network, kapag kinakailangan
- Tumulong sa pagpapa-appointment
- Magsaaayos ng medikal na transportasyon upang makapunta ang mga bata sa kanilang mga appointment
- Tumulong sa pag-aayos ng pangangalaga sa mga serbisyong available sa pamamagitan ng Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal, gaya ng:
 - Mga serbisyo ng paggamot at rehabilitative na serbisyo para sa mga problema sa kalusugan ng isip at paggamit ng sangkap
 - Paggamot para sa mga problema sa ngipin, kasama ang orthodontics



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Iba pang serbisyong makukuha ninyo sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa

Mga check-up para sa ngipin

Panatilihin malinis ang mga gilagid ng inyong sanggol sa pamamagitan ng dahan-dahang pagpupunas sa mga gilagid gamit ang bimpow araw-araw. Pagsapit ng 4 hanggang 6 na buwang gulang, magsisimula ang “pag-ngingipin” dahil magsisimula nang tumubo ang baby teeth. Dapat kayong magpa-appointment kaagad para sa unang pagpapatingin para sa ngipin ng inyong anak kapag tumubo na ang una niyang ngipin o bago ang kanyang unang kaarawan, alinman ang mauuna.

Ang mga sumusunod na serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal ay libre o murang serbisyo para sa:

Mga sanggol na 0-3 taong gulang

- Unang pagpapatingin para sa ngipin ng sanggol (marami)
- Unang pagsusuri sa ngipin ng sanggol (Mga pasta)
- Mga pagsusuri sa ngipin (tuwing 6 na buwan, at minsan mas marami) mga X-ray (Mga pagbubunot (pagtanggap ng ngipin))
- Paglilinis sa ngipin (tuwing 6 na buwan, at minsan mas marami) (Mga pang-emergency na serbisyo sa ngipin)
- Fluoride varnish (bawat 6 na buwan, at minsan mas marami) (*Pagpapakalma (kung medikal na kinakailangan))

Mga batang 4-12 taong gulang

- Mga pagsusuri sa ngipin (tuwing 6 na buwan, at minsan mas marami) (Mga molar sealant)
- Mga x-ray (Mga pasta)
- Fluoride varnish (bawat 6 na buwan, at minsan mas marami) (Mga root canal)
- Paglilinis sa ngipin (tuwing 6 na buwan, at minsan mas marami) (Mga pagbubunot (pagtanggap ng ngipin))
- Mga pang-emergency na serbisyo sa ngipin (*Pagpapakalma (kung medikal na kinakailangan))

Mga kabataang may edad na 13-20

- Mga pagsusuri sa ngipin (tuwing 6 na buwan, at minsan mas marami) (Mga crown)
- Mga x-ray (Mga root canal)
- Fluoride varnish (bawat 6 na buwan, at minsan mas marami) (Hindii-buo at buong mga pustiso)
- Paglilinis sa ngipin (tuwing 6 na buwan, at minsan mas marami) (Scaling at root planing)
- Orthodontics (braces) para sa mga kwalipikado (Mga pagbubunot (pagtanggap ng ngipin))
- Mga pasta (*Pagpapakalma (kung medikal na kinakailangan))



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

*Dapat isaalang-alang ng mga provider ang sedation at pangkalahatang anesthesia kapag natukoy at naidokumento nila ang isang dahilan kung bakit ang lokal na anesthesia ay hindi medikal na naaangkop, at ang paggamot sa ngipin ay paunang naaprubahan o hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Ito ang ilan sa mga dahilan kung bakit hindi maaaring gamitin ang lokal na anesthesia at maaaring gamitin ang sedation o pangkalahatang anesthesia sa halip:

- Kundisyon ng katawan, pag-uugali, pag-unlad, o emosyon na nagbabawal sa pasyente na tumugon sa mga pagsubok ng provider na magsagawa ng paggamot
- Malakihang procedure sa pagpapanumbalik o pang-operasyon
- Batang hindi nakikipagtulungan
- Isang malalang impeksyon sa bahagi ng iniksyon
- Pag-iwas sa lokal na anesthesia upang makontrol ang sakit

Kung may mga tanong kayo o gusto ninyong matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Medi-Cal Dental Program sa **1-800-322-6384** (TTY **1-800-735-2922** o **711**). O pumunta sa <https://smilecalifornia.org/>.

Mga karagdagang serbisyo sa preventive na referral para sa edukasyon

Kung nag-aalala kayo na ang inyong anak ay hindi nakikibahagi at natututo nang mabuti sa paaralan, makipag-usap sa doktor, guro, o mga tagapangasiwa ng inyong anak sa paaralan. Bilang karagdagan sa inyong mga medikal na benepisyong saklaw ng L.A. Care, may mga serbisyong dapat ibigay ng paaralan para matulungan ang inyong anak na matuto at hindi mahuli. Ang mga serbisyo na maaaring ibigay para matulungan ang inyong anak na matuto ay kinabibilangan ng:

- Mga serbisyo sa pananalita at wika
- Mga psychological na serbisyo
- Physical therapy
- Occupational therapy
- Pantulong na Teknolohiya
- Mga serbisyo ng Gawaing Panlipunan
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Mga Serbisyo ng Nurse sa Paaralan
- Transportasyon papunta sa at pauwi mula sa paaralan

Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay at binabayaran ng Departmento ng Edukasyon ng California. Kasama ng mga doktor at guro ng inyong anak, maaari kayong gumawa ng custom na planong pinakamakakatulong sa inyong anak.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema

May dalawang paraan upang mag-ulat at maglutas ng problema:

- Gumamit ng **reklamo (karaingan)** kapag mayroon kayong problema o hindi nasisiyahan sa L.A. Care o sa isang provider, o sa pangangalagang pangkalusugan o paggamot na nakuha ninyo mula sa provider
- Gumamit ng **apela** kapag hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng L.A. Care na palitan ang inyong mga serbisyo o hindi saklawin ang mga ito.

Mayroon kayong karapatang maghain ng mga karaingan at apela sa L.A. Care upang ipaalam sa amin ang inyong problema. Hindi nito inaalang ang anumang legal na karapatan at remedyo ninyo. Hindi kami mandidiskrimina o gaganti laban sa inyo dahil sa pagrereklamo ninyo sa amin. Ang pagsasabi sa amin tungkol sa inyong problema ay makakatulong sa amin na mapabuti ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Maaari kayong makipag-ugnayan muna sa L.A. Care para ipaalam sa amin ang inyong problema. Tawagan kami nag 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Sabihin sa amin ang tungkol sa inyong problema. Para sa mga reklamo, karaingan, at apela, maaari rin kayong makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng:

- Telepono: **1-888-839-9909 (TTY 711)**
- Fax: **1-213-438-5748**
- Koreo: L.A. Care Health Plan
Appeals & Grievances Department o Kagawaran ng mga Pag-apela at Hinaing
1200 W. 7th Street,
Los Angeles, CA 90017
- Online: <https://www.lacare.org/members/member-support/file-grievance/grievance-form> o magpadala ng email sa civilrightscoordinator@lacare.org.

Kung hindi malulutas ang inyong karaingan o apela pagkalipas ng 30 araw, o hindi kayo nasiyahan sa resulta, maaari kayong tumawag sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC). Hilingin sa kanila na suriin ang inyong reklamo o magsagawa ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR). Kung agaran ang iyong usapin, tulad ng mga may kinalaman sa seryosong banta sa iyong kalusugan, maaari kang tumawag kaagad sa DMHC nang hindi na muna maghain ng karaingan o apela sa L.A. Care. Maaari kayong tumawag sa DMHC nang libre sa **1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891 o 711)**. O pumunta sa: <https://www.dmhc.ca.gov>.

Makakatulong din ang Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal (Department of Health Care Services, DHCS) ng California. Makakatulong sila kung may mga problema kayo sa pagsali sa, pagpapalit ng, o pag-alis sa planong pangkalusugan. Makakatulong din sila kung lumipat kayo at nagkakaproblema kayo sa paglipat ng inyong Medi-Cal sa inyong bagong county. Maaari ninyong tawagan ang Ombudsman mula Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa **1-888-452-8609**. Libre ang tawag.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](https://www.lacare.org).

Maaari rin kayong maghain ng karaingan sa inyong county eligibility office tungkol sa pagiging karapat-dapat ninyo sa Medi-Cal. Kung hindi kayo sigurado kung kanino kayo maghahain ng inyong karaingan, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Para mag-ulat ng maling impormasyon tungkol sa inyong karagdagang insurance sa kalusugan, mangyaring tumawag sa Medi-Cal mula Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa **1-800-541-5555**.

Mga Reklamo

Ang reklamo (o karaingan) ay kapag mayroong kang problema o hindi kayo nasisiyahan sa mga serbisyo na inyong natatanggap mula sa L.A. Care o sa provider. Walang limitasyon sa oras sa paghahain ng reklamo. Maaari kayong maghain ng reklamo sa L.A. Care anumang oras sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, o online. Ang iyong awtorisadong kinatawan o provider ay maaari ring maghain ng reklamo para sa inyo nang may pahintulot ninyo.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa **1.888.839.9909** (TTY **711**), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday. Ibigay ang inyong numero ng ID sa planong pangkalusugan, inyong pangalan, at dahilan ng inyong reklamo.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY/TDD **711**) at humiling na padalhan kayo ng form. Kapag nakuha na ninyo ang form, sagutan ito. Tiyaking isama ang inyong pangalan, numero ng ID sa planong pangkalusugan, at ang dahilan ng inyong reklamo. Sabihin sa amin kung anong nangyari at kung paano namin kayo matutulungan.

Ipadala ang form sa:

L.A. Care Health Plan
 Appeals & Grievance Department o Kagawaran ng Mga Karaingan at Apela
 1200 W. 7th Street,
 Los Angeles, CA 90017

May makukuhang mga form ng reklamo sa tanggapan ng iyong doktor.

- **Online:** Pumunta sa website ng L.A. Care sa lacare.org.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghahain ng inyong reklamo, makakatulong kami sa inyo. Maaari kaming magbigay ng mga libheng serbisyo sa wika. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Sa loob ng 5 araw sa kalendaryo mula nang matanggap namin ang inyong reklamo, padadalhan kayo ng L.A. Care ng sulat na nagpapaalam sa inyong natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, magpapadala kami sa inyo ng isa pang sulat na nagsasabi sa inyo kung paano lulutasin ang inyong problema. Kung tatawag kayo sa L.A. Care para sa karaingan na hindi tungkol sa saklaw sa pangangalagang pangkalusugan, medikal na pangangailangan, o sinusubukan o sinisiyasat na paggamot, at ang inyong karaingan ay nalutas sa dulo ng sumunod na araw ng trabaho, maaaring hindi kayo makakuha ng sulat.

Kung mayroon kayong agarang bagay na kinasasangkutan ng isang malubhang alalahanin sa kalusugan, magsisimula kami ng isang pinabilis (mabilis) na pagsusuri. Bibigyan ka namin kayo ng isang desisyon sa loob ng 72 oras. Para humiling ng pinabilis na pagsusuri, tawagan kami sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Sa loob ng 72 oras ng pagkuha ng inyong reklamo, kami ang magpapasya kung paano namin pangangasiwaan ang inyong reklamo at kung pabibilisin namin ito. Kung napagpasyahan namin na hindi namin pabibilisin ang inyong reklamo, ipapaalam namin sa inyo na lulutasin namin ang inyong reklamo sa loob ng 30 araw. Maaari kayong



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

direktang makipag-ugnayan sa DMHC para sa anumang dahilan, kabilang ang kung naniniwala kayo na ang inyong alalahanin ay kwalipikado para sa pinabilis na pagsusuri, ang L.A. Care ay hindi tumugon sa inyo sa loob ng 72 oras, o kung hindi kayo masaya sa desisyon ng L.A. Care.

Ang mga reklamong nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi napapailalim sa proseso ng karaingan ng L.A. Care o karapat-dapat para sa Independent Medical Review. Maaaring magsumite ng mga reklamo at apela ang mga miyembro tungkol sa mga benepisyo sa botika ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-977-2273** (TTY **1-800-977-2273**) at pindutin ang 7 o **711**. O pumunta sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Ang mga reklamo na nauugnay sa mga benepisyo sa botika na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging kwalipikado para sa isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri. Ang walang bayad na numero ng telepono ng DMHC ay **1-888-466-2219** (TTY ay **1-877-688-9891**). Mahahanap ninyo ang form para sa Independent Medical Review/Reklamo at mga tagubilin online sa website ng DMHC: <https://www.dmhc.ca.gov/>.

Mga Apela:

Iba ang apela sa reklamo. Ang apela ay isang kahilingan para sa L.A. Care na magsuri at magbago ng desisyon na ginawa namin tungkol sa saklaw ng hiniling na serbisyo. Kung nagpadala kami sa inyo ng sulat na Abiso sa Pagkilos (NOA) na nagsasabi sa inyo na kami ay tumatanggi, nagpapaantala, nagbabago o nagtatapos ang mga serbisyo, at hindi kayo sumasang-ayon sa aming desisyon, maaari kayong humingi sa amin ng apela. Maaari ding humingi sa amin ng apela para sa inyo ang inyong pinahintulatang kinatawan o provider gamit ang inyong nakasulat na pahintulot.

Dapat kayong humiling na pag-apela sa loob ng 60 araw mula sa petsa sa NOA na natanggap ninyo mula sa L.A. Care. Kung nagpasya kaming bawasan, suspindihin, o ihinto ang serbisyo na nakukuha ninyo ngayon, maaari ninyong ipagpatuloy ang pagkuha ng mga serbisyong iyon habang hinihintay na mapagpasyahan ang inyong apela. Tinatawag itong Binabayaran ang Tulong Habang Naghihintay (Aid Paid Pending). Para makatanggap ng Aid Paid Pending, kailangan ninyong hilingin sa amin ang isang apela sa loob ng 10 araw mula sa petsa sa NOA o bago ang petsa na sinabi namin na ang inyong mga serbisyo ay hihinto, alinman sa mas mahuhuli. Kapag humiling kayo ng apela sa ilalim ng mga sitwasyong ito, magpapatuloy ang inyong serbisyo habang hinihintay ninyo ang inyong desisyon sa apela.

Maaari kayong maghain ng apela sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, o sa online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa **1.888.839.9909** (TTY **711**), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kabilang ang mga holiday. Ibigay ang inyong pangalan, numero ng ID ng planong pangkalusuan at ang serbisyong inaapela ninyo.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY/TDD **711**) at humiling na padalhan kayo ng form. Kapag nakuha na ninyo ang form, sagutan ito. Tiyaking mailalagay ninyo ang inyong pangalan, numero ng ID ng planong pangkalusuan at ang serbisyong inaapela ninyo.

Ipadala ang form sa:

L.A. Care Health Plan
Appeals & Grievance Department o Kagawaran ng Mga Karaingan at Apela
1200 W. 7th Street
Los Angeles, CA 90017

May makukuhang mga form ng pag-apela sa tanggapan ng inyong doktor.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

- **Online:** Bisitahin ang website ng L.A. Care. Pumunta sa lacare.org.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghiling ng apela o sa Binabayaran ang Tulong Habang Naghihintay, matutulungan namin kayo. Maaari kaming magbigay ng mga libreng serbisyo sa wika. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Sa loob ng 5 araw mula nang matanggap ang inyong apela, padadalhan ng L.A. Care kayo ng sulat na nagpapaalam sa inyong natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, sasabihin namin sa inyo ang aming pasya sa apela at padadalhan namin kayo ng sulat na Abiso ng Resolusyon ng Apela (Notice of Appeal Resolution, NAR). Kung hindi namin ibibigay sa inyo ang aming desisyon sa apela sa loob ng 30 araw, maaari kayong humiling ng isang Pagdinig ng Estado mula sa Departamento ng Mga Serbisyon Panlipunan ng California (CDSS) at isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) sa DMHC.

Pero kung humiling muna kayo ng Pagdinig ng Estado, at nangyari na ang pagdinig, hindi kayo maaaring humiling ng IMR sa DMHC. Sa ganitong sitwasyon, ang Pagdinig ng Estado ang susundin. Ngunit maaari pa rin kayong maghain ng reklamo sa DMHC kung hindi magiging kwalipikado para sa IMR ang inyong mga isyu, kahit na nangyari na ang Pagdinig ng Estado.

Kung gusto ninyo o ng inyong doktor na gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil ang oras na aabutin upang magpasya na ang inyong apela ay maglalagay sa inyong buhay, kalusugan, o kakayahang gumana sa panganib, maaari kayong humingi ng isang pinabilis (mabilis) na pagsusuri. Upang humiling ng pinabilis na pagsusuri, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Gagawa kami ng desisyon sa loob ng 72 oras pagkatanggap ng inyong apela.

Ano ang dapat gawin kung hindi kayo sumasang-ayon sa mga pasya sa apela

Kung humiling kayo ng apela at nakatanggap kayo ng sulat na NAR na nagsasabing hindi namin binago ang aming pasya, o hindi kayo nakatanggap ng sulat na NAR at mahigit 30 araw na ang nakalipas, maaari kayong:

- Humiling ng **Pagdinig ng Estado** mula sa California Department of Social Services (CDSS), at susuriin ng isang hukom ang inyong kaso. Ang walang bayad na numero ng telepono ng CDSS ay **1-800-743-8525** (TTY **1-800-952-8349**). Maaari rin kayong humingi ng Pagdinig ng Estado online sa <https://www.cdss.ca.gov>. Makakakita ng higit pang paraan ng paghiling ng Pagdinig ng Estado sa “Mga pagdinig ng Estado” sa susunod na bahagi ng kabanatang ito.
- Maghain ng form ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri/Reklamo sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC) para masuri ang desisyon ng L.A. Care. Kung kwalipikado ang inyong reklamo para sa proseso ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) ng DMHC, susuriin ng panlabas na doktor na hindi bahagi ng L.A. Care ang inyong kaso at gagawa ng desisyon na dapat sundin ng L.A. Care.

Ang walang bayad na numero ng telepono ng DMHC ay **1-888-466-2219** (TTY ay **1-877-688-9891**). Makikita ninyo ang form ng IMR/Reklamo at mga tagubilin online sa website ng DMHC: <https://www.dmhc.ca.gov>.

Hindi ninyo kakailanganing magbayad para sa isang Pagdinig ng Estado o sa IMR.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

May karapatan kayo sa Pandinig ng Estado at IMR. Pero kung humiling muna kayo ng Pagdinig ng Estado, at nangyari na ang pagdinig, hindi kayo maaaring humiling ng IMR sa DMHC. Sa ganitong sitwasyon, ang Pagdinig ng Estado ang susundin. Ngunit maaari pa rin kayong maghain ng reklamo sa DMHC kung hindi magiging kwalipikado sa IMR ang mga isyu, kahit na nangyari na ang Pagdinig ng Estado.

Ang mga seksyon sa ibaba ay may higit pang impormasyon sa kung paano humiling ng Pagdinig ng Estado at ng IMR.

Hindi pinapangasiwaan ng L.A. Care ang mga reklamo at apelang nauugnay sa mga benepisyong sa parmasya ng Medi-Cal Rx. Maaari kayong magsumite ng mga reklamo at apela tungkol sa mga benepisyong sa botika ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-977-2273** (TTY **1-800-977-2273**) at pindutin ang 7 o **711**. Ang mga reklamo at apela na nauugnay sa mga benepisyong sa botika na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging karapat-dapat para sa Hiwalay na medikal na Pagsusuri (IMR) ng DMHC.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa isang pasyang nauugnay sa inyong benepisyong sa parmasya ng Medi-Cal Rx, maaari kayong humiling ng Pagdinig ng Estado. Hindi kayo maaaring humingi sa DMHC ng isang IMR para sa mga desisyon sa benepisyong sa parmasya ng Medi-Cal Rx.

Mga Reklamo at Hiwalay na Medikal na Pagsusuri o Independent Medical Reviews (IMR) sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC)

Nagkakaroon ng IMR kapag ang isang doktor mula sa labas na walang kaugnayan sa L.A. Care ang nag-review ng inyong kaso. Kung gusto ninyo ng IMR, dapat muna kayong maghain ng apela sa L.A. Care para sa mga hindi madaliang mga alalahanin. Kung wala kayong mababalitaan mula sa inyong L.A. Care sa loob ng 30 araw sa kalendaryo, o kung hindi kayo nasisiyahan sa pasya ng inyong L.A. Care, maaari kayong humiling ng IMR. Dapat kayong humiling ng IMR sa loob ng 6 na buwan mula sa petsa sa abiso na nagsasabi sa inyo ng desisyon sa apela, ngunit mayroon lamang kayong 120 araw upang humiling ng isang Pagdinig ng Estado. Kaya, kung gusto ninyo ng IMR at Pagdinig ng Estado, ihain ang inyong reklamo sa lalong madaling panahon.

Tandaan, kung humiling muna kayo ng Pagdinig ng Estado, at nangyari na ang pagdinig para sa pagtugon ng inyong mga natukoy na issue, hindi kayo maaaring humiling ng isang IMR sa DMHC sa parehong mga issue. Sa ganitong sitwasyon, ang Pagdinig ng Estado ang susundin. Ngunit maaari pa rin kayong maghain ng reklamo sa DMHC kung hindi magiging kwalipikado sa IMR ang mga isyu, kahit na nangyari na ang Pagdinig ng Estado.

Maaari kayong makakuha kaagad ng isang IMR nang hindi muna nagsusumite ng apela sa L.A. Care. Ito ay sa mga kaso kung saan ang inyong alalahanin sa kalusugan ay agaran, gaya ng mga kinasasangkutan ng isang malubhang banta sa inyong kalusugan.

Kung hindi magiging kwalipikado para sa IMR ang inyong reklamo sa DMHC, susuriin pa rin ng DMHC ang inyong reklamo upang makatiyak na tamang pasya ang ginawa ng L.A. Care noong inapela ninyo ang pagtanggap nito sa mga serbisyo.

Responsibilidad ng Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California na pangasiwaan ang mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kayong karaingan laban sa inyong planong pangkalusugan, dapat muna kayong tumawag sa inyong planong pangkalusugan sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) at gamitin ang proseso ng karaingan ng inyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa kagawaran. Hindi magreresulta ang paggamit ng pamamaraang ito para sa karaingan sa



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

pagbabawal sa anumang posibleng legal na karapatan o remedyo na maaari ninyong gamitin. Kung kailangan ninyo ng tulong sa karaingan na may kaugnayan sa isang emergency, isang karaingan na hindi pa kasiya-siyang nalutas ng inyong planong pangkalusugan, o isang karaingan na mahigit 30 araw nang hindi pa nalulutas, maaari ninyong tawagan ang departamento para sa tulong. Maaaring kwalipikado rin kayo para sa isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (Independent Medical Review, IMR). Kung kwalipikado kayo para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng walang kinikilingang pagsusuri sa mga medikal na desisyon na ginawa ng planong pangkalusugan na may kaugnayan sa pangangailangang medikal ng iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga desisyon sa coverage para sa mga paggamot na sinusubukan o sinisiyasat pa lang at mga hindi pagkakasundo sa pagbabayad para sa emergency o mga agarang serbisyong medikal. Ang kagawaran ay mayroon din walang-bayad o toll-free na numero ng telepono (**1-888-466-2219**) at isang TDD na linya (**1-877-688-9891**) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng departamento na www.dmhc.ca.gov ay may mga form para sa reklamo, form ng aplikasyon para sa IMR, at mga tagubilin online.

Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong kasama ang L.A. Care at isang hukom mula sa California Department of Social Services (CDSS). Tutulong ang hukom na lutasin ang inyong problema at magpapasya kung tamang pasya ang ginawa ng L.A. Care o hindi. May karapatan kayong humingi ng Pagdinig ng Estado kung nakahiling na kayo ng apela sa L.A. Care at hindi pa rin kayo nasisiyahan sa naging desisyon, o kung hindi kayo nakatanggap ng desisyon sa inyong apela pagkalipas ng 30 araw.

Dapat kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula sa petsa sa aming sulat na NAR. Kung binigyan ka namin ng Aid Paid Pending sa panahon ng inyong apela, at gusto ninyong magpatuloy ito hanggang sa magkaroon ng desisyon sa inyong Pagdinig ng Estado, kailangan ninyong humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa aming liham na NAR, o bago ang petsa na sinabi namin na ang inyong mga serbisyo ay ihihinto, alinman ang mas mahuhuli.

Kung kailangan ninyo ng tulong para matiyak na ang Aid Paid Pending ay magpapatuloy hanggang sa magkaroon ng isang pangwakas na desisyon sa inyong Pagdinig ng Estado, makipag-ugnayan sa L.A. Care, nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo ng Miyembro sa **1-888-839-9909**. Kung hindi kayo nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, tumawag sa TTY **711**. Maaaring humingi sa amin ng apela para sa inyo ang inyong pinahihintulatang kinatawan o provider gamit ang inyong nakasulat na pahintulot.

Kung minsan, maaari kayong humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi sumasailalim sa aming proseso ng apela. Halimbawa, kung hindi kayo naabisuhan ng L.A. Care nang tama o sa wastong oras tungkol sa inyong mga serbisyo, maaari kayong humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi kinakailangang kumpletuhin ang aming proseso ng apela. Tinatawag itong Deemed Exhaustion. Narito ang ilang halimbawa ng Deemed Exhaustion:

- Hindi naming ginawang available ang NOA o NAR na sulat sa iyong gustong wika
- Nagkamali kami na nakakaapekto sa alinman sa iyong mga karapatan.
- Hindi kami nagbigay sa inyo ng NOA na sulat.
- Hindi kami nagbigay sa inyo ng NAR na sulat.
- Nagkamali kami sa aming NAR na sulat.
- Hindi kami nagpasya sa inyong apela sa loob ng 30 araw.
- Napagpasyahan naming agaran ang inyong kaso, ngunit hindi kami tumugon sa inyong apela sa loob ng 72 oras.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Maaari kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa mga sumusunod na paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa State Hearings Division ng CSSS sa **1-800-743-8525** (TTY **1-800-952-8349** o **711**)
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Sagutan ang form na ibibigay kasama ng inyong abiso ng paglutas ng apela:
California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, MS 09-17-433
Sacramento, CA 94244-2430
- **Online:** Humiling ng pagdinig online sa www.cdss.ca.gov
- **Sa pamamagitan ng email:** Punan ang form na kasama ng inyong abiso ng paglutas ng apela at i-email ito sa Scopeofbenefits@dss.ca.gov
 - Tandaan: Kung ipapadala mo ito sa pamamagitan ng email, may panganib na ang isang tao maliban sa State Hearings Division ay maaaring maharang ang iyong email. Isaalang-alang ang paggamit ng mas ligtas na paraan upang ipadala ang inyong kahilingan.
- **Sa pamamagitan ng fax:** Punan ang form na kasama sa inyong abiso sa resolusyon ng apela at I-fax ito sa State Hearings Division sa 916-309-3487 o sa toll free sa **1-833-281-0903**

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghiling ng Pagdinig ng Estado, makakatulong kami sa inyo. Maaari kaming magbigay ng mga libheng serbisyo sa wika. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Sa pagdinig, sasabihin ninyo sa hukom kung bakit hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng L.A. Care. Sasabihin ng L.A. Care sa hukom kung paano namin ginawa ang aming desisyon. Maaaring umabot ito nang hanggang 90 araw para makapagpasya ang hukom sa inyong kaso. Kailangang sundin ng L.A. Care ang mapagpapasyahan ng hukom.

Kung gusto ninyong gumawa ng mabilis na desisyon ang CDSS dahil ang oras na aabutin para magkaroon ng Pagdinig ng Estado ay maglalagay sa inyong buhay, kalusugan, o kakayahang ganap na gumana sa panganib, ikaw, ang inyong awtorisadong kinatawan, o ang inyong provider ay maaaring makipag-ugnayan sa CDSS at humingi ng pinabilis (mabilis) Pagdinig ng Estado. Dapat gumawa ng desisyon ang CDSS nang hindi lalampas sa 3 araw ng negosyo pagkatapos nitong matanggap ang iyong kumpletong file ng kaso mula sa L.A. Care.

Pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso

Kung pinaghihinalaan ninyo na ang isang provider o isang taong nakakatanggap ng Medi-Cal ay nakagawa ng pandaraya, pag-aaksaya, o pang-aabuso, responsibilidad ninyong iulat ito sa pamamagitan ng pagtawag sa kumpidensyal at walang bayad na numero na **1-800-822-6222** o pagsumite ng reklamo online sa <https://www.dhcs.ca.gov/>.

Kabilang sa pandaraya, pag-aaksaya, at pang-aabuso sa provider ang:

- Pamemeke ng mga medikal na talaan
- Pagreseta ng mas maraming gamot kaysa sa medikal na kinakailangan
- Pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na higit sa medikal na kinakailangan
- Billing para sa mga serbisyon hindi ibinigay



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

- Billing para sa mga propesyonal na serbisyo nang hindi isinasagawa ng propesyonal ang serbisyo
- Pag-aalok ng libre o may diskwentong mga item at serbisyo sa mga miyembro para maimpluwensyahan kung aling provider ang pipiliin ng miyembro
- Pagpapalit ng doktor ng pangunahing pangangalaga ng miyembro nang hindi nagpapaalam sa miyembro

Kabilang sa mga panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso ng taong nakakatanggap ng benepisyo ang, ngunit hindi limitado ang mga ito sa:

- Pagpapahiram, pagbebenta, o pagbibigay ng ID card sa planong pangkalusugan o Identification Card para sa Mga Benepisyo (BIC) ng Medi-Cal sa ibang tao
- Pagkuha ng mga katulad o parehong paggagmot o gamot mula sa mahigit isang provider
- Pagpunta sa emergency room kahit hindi ito emergency
- Paggamit ng Social Security Number o numero ng ID sa planong pangkalusugan ng ibang tao
- Pagsakay sa medikal at hindi medikal na transportasyon para sa mga serbisyong hindi nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan, para sa mga serbisyong hindi sinasaklaw ng Medi-Cal, o kapag wala kayong medikal na appointment o mga inireresetang gamot na dapat kunin.

Para mag-ulat ng pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso, isulat ang pangalan, address at numero ng ID ng taong gumawa ng pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso. Bigyan kami ng mas maraming impormasyon hangga't makakaya tungkol sa tao, gaya ng numero ng telepono o espesyalidad kung isa itong provider. Ibigay ang mga petsa ng mga pangyayari at ang buod ng eksaktong nangyari.

Ipadala ang inyong ulat sa:

L.A. Care Health Plan
Unit ng Espesyal na Pagsisiyasat
1200 W. 7th Street
Los Angeles, CA 90017

Maaari din ninyong tawagan ang Compliance Helpline sa **1-800-400-4889**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, i-email ang impormasyon sa ReportingFraud@lacare.org, o iulat ang impormasyon online sa lacare.ethicspoint.com.

Lahat ng pag-uulat ay maisasagawa nang walang pagkakakilanlan.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

7. Mga karapatan at responsibilidad

Bilang miyembro ng L.A. Care, may ilang partikular na karapatan at responsibilidad kayo. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na ito. Kasama sa kabanatang ito ang mga legal na abiso na may karapatan kayo bilang miyembro ng L.A. Care.

Ang Inyong Mga Karapatan

Ito ang inyong mga karapatan bilang miyembro ng L.A. Care:

- Itrato nang may paggalang at dignidad, nang binibigyan ng nararapat na pagsasaalang-alang ang inyong karapatan sa pagkapribado at pangangailangan na panatilihin ang pagkakumpidensyal ng inyong medikal na impormasyon gaya ng medikal na kasaysayan, mental at pisikal na kundisyon o paggamot, at reproductive o sekswal na kalusugan
- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa planong pangkalusugan at mga serbisyo nito, kabilang ang mga saklaw na serbisyo, practitioner, at mga karapatan at responsibilidad ng miyembro
- Makakuha ng ganap na isinaling nakasulat na impormasyon ng miyembro sa inyong pinipiling wika, kabilang ang lahat ng reklamo at abiso sa pag-apela
- Magbigay ng mga rekomendasyon tungkol sa patakaran sa mga karapatan at responsibilidad ng miyembro ng L.A. Care
- Makapili ng provider ng pangunahing pangangalaga sa loob ng network ng L.A. Care.
- Magkaroon ng napapanahong pag-access sa mga provider sa network
- Lumahok sa paggawa ng desisyon kasama ang mga provider tungkol sa inyong sariling pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot
- Magpahayag ng mga karaingan, pasalita man o pasulat, tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang inyong natatanggap
- Malaman ang medikal na dahilan para sa desisyon ng L.A. Care na tanggihan, antalahin, wakasan (tapusin), o baguhin ang isang kahilingan para sa pangangalagang medikal
- Makakuha ng pagsasaayos ng pangangalaga.
- Humiling ng apela sa mga pagpapasya para tanggihan, ipagliban o limitahan ang mga serbisyo o mga benepisyo.
- Makakuha ng walang gastos na mga serbisyo sa interpretasyon para sa inyong wika
- Makakuha ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan para sa legal na tulong o iba pang grupo
- Magsagawa ng mga maagang tagubilin



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

- Humiling ng Pagdinig ng Estado kung tinanggihan ang isang serbisyo o benepisyo at nakapaghain na kayo ng apela sa L.A. Care at hindi pa rin kayo nasiyahan sa pasya, o kung hindi kayo nakatanggap ng pasya sa inyong apela pagkalipas ng 30 araw, pati ng impormasyon tungkol sa mga pagkakataon kung saan posible ang pinabilis na pagdinig.
- Umalis sa pagkakatala sa L.A. Care at lumipat sa ibang planong pangkalusugan ng county kapag hiniling
- Ma-access ang mga serbisyo ng pagpapahintulot sa mga menor de edad
- Para makakuha ng walang bayad na nakasulat na impormasyon ng miyembro sa iba pang format (gaya ng braille, malalaking titik, audio, at naa-access na mga elektronikong format) kapag hiniling at sa tamang oras na naaangkop sa format na hinihiling at alinsunod sa seksyon 14182 (b)(12) ng (W&I) na Kodigo sa Kapakanan at Mga Institusyon
- Maging malaya sa anumang anyo ng pagpigil o pagbubukod na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, pagdisiplina, pagpapaghinawa, o paghihiganti
- Matapat na talakayin ang impormasyon sa mga available na opsyon at alternatibo sa paggamot, na inihain sa paraang naaangkop sa inyong kundisyon at kakayahang umunawa, anuman ang gastos o saklaw
- Magkaroon ng access at makakuha ng kopya ng inyong mga medikal na record at humiling na ang mga ito ay baguhin o itama, gaya ng tinukoy sa 45 Kodigo ng Mga Pederal na Regulasyon (CFR) mga seksyon ng 164.524 at 164.526
- Maging malayang isagawa ang mga karapatang ito nang hindi negatibong naapektuhan kung paano kayo ituring ng L.A. Care, ng inyong mga provider o ng Estado.
- Magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, Freestanding na Paanakan, Pederal na Kwalipikadong Health Center, Health Care Provider para sa mga Indian, serbisyo ng kumadrona, Rural na Health Center, serbisyo sa sexually transmitted infection at serbisyong pang-emergency sa labas ng network ng L.A. Care alinsunod sa pederal na batas
- Makatanggap ng mga libreng nakasulat na materyales ng plano sa inyong gustong wika o alternatibong format (gaya ng audio, braille o malaking titik).

Ang Inyong Mga Responsibilidad

Ang mga ito ang responsibilidad ng mga miyembro ng L.A. Care:

- Tratuhan ang inyong doktor at ang lahat ng provider at kawani nang may kagandahang-loob at paggalang. May tungkulin kayong dumating sa tamang oras sa inyong mga pagpapatingin o tumawag sa tanggapan ng inyong doktor nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang inyong pagpapatingin upang magkansela o magpabago ng schedule
- Magbigay ng tamang impormasyon at ng pinamakaraming impormasyong maibibigay ninyo sa lahat ng inyong provider at sa L.A. Care
- Sumailalim sa mga regular na checkup at magsabi sa inyong doktor tungkol sa mga problema sa kalusugan bago maging malubha ang mga ito
- Makipag-usap sa inyong doktor tungkol sa inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, bumuo at sumang-ayon sa mga layunin, gawin ang inyong makakaya upang maintindihan ang inyong mga problema sa kalusugan, at sumunod sa mga plano at tagubilin sa paggamot na pareho ninyong sinasang-ayunan
- Magbigay ng impormasyon (hangga't maaari) na kailangan ng organisasyon at mga practitioner at provider na ito upang magbigay ng pangangalaga



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

- Sumunod sa mga plano at tagubilin para sa pangangalaga na sinang-ayunan nila ng kanilang mga practitioner
- Maunawaan ang kanilang mga problema sa kalusugan at lumahok sa pagbuo ng mga layunin ng paggamot na sinang-ayunan ng dalawang partido, hangga't maaari
- Mag-ulat sa L.A. Care ng pandaraya o maling gawain sa pangangalagang pangkalusugan. Magagawa ninyo ito nang hindi ibinibigay ang inyong pangalan sa pamamagitan ng pagtawag sa toll-free na Compliance Helpline ng L.A. Care sa **1-800-400-4889**, pagpunta sa lacare.ethicspoint.com, o pagtawag sa walang bayag o toll-free na Medi-Cal Fraud and Abuse Hotline ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS) ng California sa **1-800-822-6222**
- Upang ibigay ang inyong tumpak, pisikal na mailing address

Abiso Tungkol sa Hindi Pandidiskrimina

Ang pandidiskrimina ay labag sa batas. Sumusunod ang L.A. Care sa mga pang-estado at pederal na batas sa mga karapatang sibil. Hindi labag sa batas na nandidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o nakikitungo sa kanila nang naiiba ang L.A. Care dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, gender, kinikilalang gender, o sekswal na oryentasyon.

Ang L.A.Care ay nagbibigay ng:

- Mga libreng suporta at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang mas mapahusay ang kanilang pakikipag-ugnayan, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter ng wikang pasenyas
 - Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking titik, audio, naa-access na elektronikong format, at iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika para sa mga taong hindi English ang pangunahing wika, gaya ng::
 - Mga kwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan ninyo ang mga ganitong serbisyo, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday, sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-888-839-9909**. O, kung hindi kayo nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, tumawag sa TTY **711** para gamitin ang California Relay Service.

Paano maghain ng karaingan

Kung naniniwala kayo na nabigo ang L.A. Care na ibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nandidiskrimina ito sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, gender, kinikilalang gender, o sekswal na oryentasyon, maaari kang maghain ng karaingan sa Punong Opisyal sa Pagsunod ng L.A. Care Health Plan. Maaari kayong maghain ng karaingan sa pamamagitan ng pagtawag, koreo, o online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-888-839-9909**. O, kung hindi kayo nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, tumawag sa TTY **711** para gamitin ang California Relay Service.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Sumagot ng form ng reklamo o sumulat at ipadala ito sa:

L.A. Care Health Plan
Pangunahing Opisyal ng Pagsunod
1200 W. 7th Street
Los Angeles, CA 90017

- **Personal:** Bumisita sa tanggapan ng inyong doktor o sa L.A. Care at sabihing gusto ninyong maghain ng karaingan.
- **Online:** Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang website ng L.A. Care sa <https://www.lacare.org/members/member-support/file-grievance/grievance-form> o magpadala ng email sa civilrightscoordinator@lacare.org

Office of Civil Rights – Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services) ng California

Maaari din kayong maghain ng reklamo hinggil sa mga karapatang sibil sa Office of Civil Rights ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, o elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa **1-916-440-7370**. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig nang mabuti, tumawag sa **711** (Telecommunications Relay Service).
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Punan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

Deputy Director, Office of Civil Rights
Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan
Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413

Makakakuha ng mga form ng reklamo sa https://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx.

- **Online:** Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

Office of Civil Rights – Departamento ng mga Serbisyo Para Sa Kalusugan at Tao Ng U.S. o United States Department of Health and Human Services

Kung naniniwala kayong nadiskrimina kayo dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari din kayong maghain ng reklamo hinggil sa mga karapatang sibil sa Office of Civil Rights ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao ng U.S. sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, o elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa **1-800-368-1019**. O, kung hindi kayo nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, tumawag sa TTY **1-800-537-7697** o **711** para gamitin ang California Relay Service.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Punan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

Departamento ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao ng U.S.
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201

Makakakuha ng mga form para sa pagrereklamo sa <https://www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html>.

- **Online:** Bisitahin ang Portal para sa Pagrereklamo ng Office for Civil Rights sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp>.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Mga paraan upang makibahagi bilang miyembro

Gusto ng L.A. Care na makibalita sa inyo. Bawat buwan, mayroong mga pagpupulong ang L.A. Care upang pag-usapan kung ano ang gumagana nang maayos at paano pa mapapahusay ang L.A. Care. Iniimbitahan ang mga miyembrong dumalo. Pumunta sa isang pulong!

Mga Panrehiyong Tagapayong Komite ng Komunidad ng L.A. Care

Mayroong labing-isang Panrehiyong Tagapayong Komite ng Komunidad (Regional Community Advisory Committee, RCAC) ang L.A. Care sa Los Angeles County (ang RCAC ay binibigkas na “rack”). Ang grupong ito ay binubuo ng mga miyembro ng L.A. Care, provider, at tagapagtaguyod ng pangangalagang pangkalusugan. Ang layunin nila ay iparating ang tinig ng mga komunidad sa Board of Governors ng L.A. Care, na gumagabay sa mga programa ng pangangalagang pangkalusugan upang paglingkuran ang aming mga miyembro. Hinihikayat namin kayong matuto pa tungkol sa mga pagkakataon sa komite ng tagapayo. Ang grupo ay nag-uusap tungkol sa kung paano pahasayin ang mga patakaran ng L.A. Care at siyang responsable para sa:

- Pagtulong sa L.A. Care na maunawaan ang mga usapin sa pangangalagang pangkalusugang nakakaapekto sa mga taong naninirahan sa inyong lugar
- Pagganap bilang mga mata at tainga ng L.A. Care sa 8 rehiyon ng RCAC sa buong Los Angeles County
- Pagbibigay ng impormasyong pangkalusugan sa mga tao sa inyong komunidad

Kung gusto ninyong maging bahagi ng grupong ito, tawagan ang Community Outreach & Engagement nang toll free na linya sa **1-888-522-2732 (TTY 711)**.

Mga pagpupulong ng Board of Governors ng L.A. Care

Ang Board of Governors ang nagpapasya sa mga patakaran para sa L.A. Care. Maaaring dumalo ang sinuman sa mga pulong. Nagpupulong ang Board of Governors sa unang Huwebes ng bawat buwan nang 2 p.m. Makakakita kayo ng higit pang impormasyon tungkol sa mga pagpupulong at update sa schedule ng Board of Governors sa lacare.org.

Abiso sa mga kasanayan sa pagkapribado

Available ang isang pahayag na naglalarawan ng mga patakaran at pamamaraan ng L.A. Care para sa pagpapanatili ng pagkakumpidensyal ng mga medikal na record at ibibigay ito sa inyo kapag hiniling.

Kung ikaw ay nasa edad at kapasidad na sumang-ayon sa mga sensitibong serbisyo, hindi ninyo kailangang kumuha ng pahintulot ng sinumang miyembro para makakuha ng mga sensitibong serbisyo o magsumite ng isang claim para sa mga sensitibong serbisyo. Maaari kayong magbasa nang higit pa tungkol sa mga sensitibong serbisyo sa seksyon ng “Sensitibong pangangalaga” ng handbook na ito.

Maaari kayong magtanong sa L.A. Care na magpadala ng mga komunikasyon tungkol sa mga sensitibong serbisyo sa isa pang mailing address, email address, o numero ng telepono na inyong pinili. Ito ay tinatawag na “kahilingan para sa kumpidensyal na mga komunikasyon.” Kung ikaw ay humiling ng kumpidensyal na komunikasyon, ang L.A. Care ay hindi magbibigay ng impormasyon sa inyong mga sensitibong serbisyo sa pangangalaga sa sinuman nang wala kang nakasulat na pahintulot. Kung hindi kayo magbibigay ng mailing address, email address, o numero ng telepono, magpapadala ang L.A. Care ng mga komunikasyon sa inyong pangalan sa address o numero ng telepono sa file.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Igagalang ng L.A. Care ang inyong mga kahilingan para makakuha ng mga kumpidensyal na komunikasyon sa form at format na hiniling ninyo. O sigisiguruhin namin na ang inyong mga komunikasyon ay madaling ilagay sa form at format na hiniling ninyo. Papadalan namin sila sa iba pang lokasyong pipiliin ninyo. Ang inyong kahilingan para sa kumpidensyal na komunikasyon ay magtatagal hanggang sa kanselahin ninyo ito o magsumite ng bagong kahilingan para sa kumpidensyal na komunikasyon.

Para makagawa ng kumpidensyal na kahilingan sa komunikasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Ang pahayag ng L.A. Care ng mga patakaran at pamamaraan nito para sa pagprotekta sa iyong medikal na impormasyon (tinatawag na isang “Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado”) ay kasama sa ibaba:

ABISO SA MGA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO

Inilalarawan ng abisong ito kung paano maaaring gamitin at ipakita ang inyong medikal, pangngipin, at pampaninging impormasyon, na may kaugnay sa inyong mga benepisyo sa kalusugan, at kung paano kayo magkakaroon ng access sa impormasyong ito. **PAKISURI ITO NANG MABUTI.**

Ang Local Initiative Health Authority for Los Angeles County, isang pampublikong entity na nagpapatakbo at nagsasagawa ng negosyo bilang L.A. Care Health Plan (L.A. Care) na nagbibigay ng inyong mga benepisyo at saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng mga programa ng Estado, Pederal, at komersyal na programa. Mahalaga sa amin ang pagprotekta sa inyong protektadong impormasyong pangkalusugan (Protected Health Information, PHI). Kinakailangan ng L.A. Care na ibigay sa inyo ang abisong ito tungkol sa inyong mga karapatan at ilan sa aming responsibilidad para mapanatiling ligtas ang inyong PHI, kabilang ang abiso sa mga kasanayan ng California State, at ang abiso sa mga kasanayan ng Batas sa Portability at Accountability ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA). Sinasabi sa inyo ng abisong ito kung paano namin maaaring gamitin at ibahagi ang inyong PHI. Sinasabi rin nito sa inyo kung ano ang inyong mga karapatan. Maaaring kayong magkaroon ng mga karagdagan o mas mahihigpit na karapatan sa pagkapribado alinsunod sa batas ng estado.

I. Ang Inyong PHI ay Personal at Pribado.

Nakakatanggap ang L.A. Care ng PHI na tumutukoy sa pagkakakilanlan ninyo, gaya ng inyong pangalan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, personal na impormasyon, at impormasyon tungkol sa pananalapi, mula sa ilang mapagkukunan, gaya ng Estado, Pederal, at mga lokal na ahensya bago kayo maging karapat-dapat, maitalaga, at/o makapagpatala sa programa ng L.A. Care. Nakakatanggap din kami ng PHI tungkol sa inyo na ibinibigay ninyo sa amin. Nakakatanggap din kami ng PHI mula sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan gaya ng mga doktor, klinika, ospital, lab, at iba pang kumpanya o tagapagbayad ng insurance. Ginagamit namin ang impormasyon ito para iugnay, aprubahan, bayaran, at pahasayin ang inyong pangangalagang pangkalusugan, at para makipag-ugnayan sa inyo. Hindi namin gagamitin ang genetic na impormasyong ito sa pagpapasya kung ibibigay namin sa inyo ang saklaw sa pangangalagang pangkalusugan o ang halaga ng saklaw. Kung minsan, maaari kaming makatanggap ng impormasyon sa lahi, etnisidad, at wika tungkol sa inyo. Maaari naming gamitin ang impormasyong ito para matulungan kayo, makipag-ugnayan sa inyo, at matukoy ang inyong mga pangangailangan, gaya ng pagbibigay sa inyo ng mga edukasyonal na materyales sa wika na inyong gusto, at pag-aalok ng mga serbisyo ng tagasalin nang libre. Ginagamit at ibinabahagi namin ang impormasyong ito ayon sa ibinigay sa abisong ito. Hindi namin gagamitin ang impormasyong ito sa pagpapasya kung ibibigay namin sa inyo ang saklaw sa pangangalagang pangkalusugan o ang halaga ng saklaw.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

II. Paano Namin Pinoprotektahan Ang Inyong PHI

Ang L.A. Care ay nakatuon sa pagrotekta sa inyong PHI. Pinapanatili namin ang PHI ng aming mga kasalukuyan at dating miyembro na pribado at ligtas gaya ng iniaatas sa batas, at pamantayan ng akreditasyon. Gumagamit kami ng mga pisikal at elektronikong pag-iingat, at regular na sinasanay ang aming kawani sa paggamit at pagbabahagi ng PHI. Kabilang sa mga ilang paraan kung paano namin pinapanatiling ligtas ang PHI ang pagpapatibay ng seguridad ng mga tanggapan at pagkandado sa mga mesa at filing cabinet, pagprotektahan sa mga computer at elektronikong kagamitan gamit ang mga password, at pagbibigay lamang ng access sa impormasyong kailangan ng tauhan para gawin ang kanilang trabaho. Kung saan iniaatas ng batas, kapag nakikipagtulungan sa amin ang aming mga partner sa negosyo, kailangan din nilang protektahan ang pagkapribado ng anumang PHI na ibinabahagi namin sa kanila at hindi pinapayagang magbigay ng PHI sa iba maliban kung pinapayagan ng batas, at ng abisong ito. Ayon sa iniaatas ng batas, ipapaalam namin sa nyo kung nagkaroon ng paglabag sa inyong hindi ligtas na PHI. Susundin namin ang abisong ito, at hindi namin gagamitin o ibabahagi ang inyong impormasyon bukod pa sa inilalarawan sa abisong ito, o bilang pagsunod sa mga batas ng Estado at Pederal, o alinsunod sa inyong pahintulot.

III. Mga Pagbabago sa Abiso sa Mga Kasanayan sa Privacy na ito

Kailangang sumunod ng L.A. Care sa abisong ginagamit namin ngayon. May karapatan kaming baguhin ang abiso sa mga kasanayan sa pagkapribado na ito anumang oras. Ang anumang mga pagbabago ay ilalapat sa inyong PHI, kasama ang PHI na matatanggap namin bago maisagawa ang mga pagbabago. Ipapaalam namin sa inyo kapag gumawa kami ng mga pagbabago sa abisong ito sa pamamagitan ng newsletter, sulat, o ng aming website. Maaari din kayong humiling sa amin ng kopya ng bagong abiso, pakitingnan sa ibaba kung paano makipag-ugnayan sa amin.

IV. Paano Namin Maaaring Gamitin at Ibahagi Ang PHI Tungkol sa Inyo

Kinokolekta, ginagamit, o ibinabahagi ng L.A. Care ang PHI na ibinigay sa amin gaya ng pinapayagan ng batas para sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan kaugnay ng programa kung saan kayo nakatala. Kabilang sa mga ginagamit o ibinabahaging PHI ang, pero hindi limitado sa:

- Pangalan;
- Address;
- Petsa ng Kapanganakan;
- Natatanggap na pangangalaga at paggamot;
- Kasaysayan ng kalusugan;
- Ang halaga ng/bayad sa pangangalaga;
- Lahi/Etnisidad;
- Wika;
- Sekswal na itinalaga sa kapanganakan;
- Kinikilalang kasarian;
- Sekswal na oryentasyon at
- Mga panghalip (pronouns)



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Mga Paraan na Karaniwan Naming Ginagamit at Ibinabahagi ang PHI:

Karaniwang ginagamit at ibinabahagi namin ang PHI sa mga sumusunod na paraan:

- **Paggamot: *Hindi kami nagbibigay ng paggamot***, pero maaari naming gamitin at ibahagi ang PHI sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at iba pang provider ng serbisyo gaya ng mga doktor, ospital, taga-supply ng durable medical equipment, at iba pang nag-aalok sa inyo ng pangangalaga, at paggamot at iba pang serbisyo, at impormasyon para makatulong sa inyo.
- **Pagbabayad:** Maaari naming gamitin at ibahagi ang PHI sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, provider ng serbisyo, at iba pang insurer at nagbabayad para iproseso ang mga kahilingan para sa mga pagbabayad, at magbayad para sa mga serbisyong pangkalusugan na ibinigay sa iyo.
- **Mga Operasyon sa Pangangalaga sa Kalusugan:** Maaari naming gamitin at ibahagi ang PHI para magpatakbo ng aming organisasyon at makipag-ugnayan sa inyo kapag kinakailangan, halimbawa para sa mga audit, pagpapahusay ng kalidad, pamamahala ng pangangalaga, pangangasiwa ng pangangalaga, at pang-araw-araw na function. Maaari naming gamitin at ibahagi ang PHI sa mga programa ng Estado, Pederal, at County para sa mga pakikilahok, at nangangasiwa ng programa.
- **Ilang Halimbawa ng Mga Paraan ng Paggamit Namin ng PHI:**
 - Magbigay ng impormasyon sa doktor o ospital para kumpirmahin ang inyong mga benepisyo, copay, o deductible.
 - Mag-apruba ng pangangalaga nang maaga.
 - Magproseso at magbayad ng mga claim para sa mga serbisyo at paggamot sa pangangalagang pangkalusugan na natatanggap ninyo.
 - Ibigay ang PHI sa inyong doktor o ospital para magamot nila kayo.
 - Magsuri ng kalidad ng pangangalaga at mga serbisyo na natatanggap ninyo.
 - Matulungan kayo at mabigyan kayo ng edukasyonal at pagpapahusay ng kalusugan na impormasyon at serbisyo, hal., para sa mga kundisyong tulad ng diabetes.
 - Mapabatid sa inyo ang mga karagdagang serbisyo at programa na maaaring nasa interes ninyo at/o makatulong sa inyo, hal., klase sa pagpapalakas ng katawan sa Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care.
 - Paalalahanan kayong kumuha ng regular na mga pagtataya, pagsusuri, o checkup sa kalusugan.
 - Bumuo ng mga programa at inisyatiba sa pagpapahusay ng kalidad, kabilang ang paggawa, paggamit, o pagbabahagi ng walang pagkakakilanlan data gaya ng pinapahintulutan ng HIPAA.
 - Gumamit at magbahagi ng impormasyon, direkta o hindi direkta, sa mga health information exchange, para sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan.
 - Pagsisiyasat at pag-uusig sa mga kaso, gaya ng pandaraya, pag-aaksaya, o pang-aabuso.

Iba Pang Paraan na Maaari Naming Gamitin at Ibahagi ang PHI

Pinapahintulutan o iniaatasan kaming magbahagi ng inyong PHI sa iba pang paraan, kadalasang para makapag-ambag sa ikabubuti ng publiko, gaya ng pampublikong kalusugan at pananaliksik. Magagamit at maibabahagi namin ang inyong PHI para sa mga sumusunod na karagdagang layunin:

- Para sumunod sa mga batas ng Estado, Pederal, o lokal.
- Para sumunod sa kahilingan ng ahensyang nagpapatupad ng batas, gaya ng pulisya, militar, ahensya ng pambansang seguridad, o ahensya o kinatawan ng Federal, Estado, o lokal na pamahalaan, gaya ng workers' compensation board, o ng ahensyang nangangasiwa sa kalusugan para sa mga aktibidad na pinapahintulutan ng batas, at utos ng hukuman o administratibo.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

- Para tumugon sa Departamento ng Mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao kung gusto nitong makita na sumusunod kami sa pederal na batas sa pagkapribado
- Para makatulong sa mga recall ng produkto.
- Para makapag-ulat ng hindi magagandang reaksyon sa mga gamot.
- Para makapag-ulat ng pinaghihinalang pang-aabuso, pagpapabaya, o karahasan sa tahanan, gaya ng iniaatas o pinapayagan sa ilalim ng batas.
- Para sa pananaliksik sa pangangalagang pangkalusugan.
- Para makatugon sa mga kahilingan sa donasyon ng organ at tissue, at makipagtulungan sa isang medikal na tagasuri direktor ng punerarya.
- Kaugnay ng mga reklamo, pagsisiyasat, paghahabla at legal na pagkilos.
- Para maiwasan o mapahina ang isang malubhang panganib sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman.

Pakikipag-ugnayan Sa Inyo

Maaari naming gamitin ang PHI sa pakikipag-ugnayan sa inyo o sa inyong itinalaga tungkol sa mga benepisyo, serbisyo, pagpili ng inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan at billing at pagbabayad. Susundin ng L.A. Care ang mga naaangkop na batas sa pakikipag-ugnayan nito sa inyo, kabilang ang Batas sa Proteksyon sa Consumer ng Telepono (Telephone Consumer Protection ACT, TCPA). Maaari kaming makipag-ugnayan sa inyo sa pamamagitan ng mga sulat, newsletter, pamphlet, at sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- **Mga Tawag sa Telepono.** Kung ibinigay ninyo sa amin ang inyong numero sa telepono (kabilang ang kung nagbigay ang isang tagapangalaga o itinalaga ng kanyang numero sa telepono), kabilang ang iyong numero sa cell phone, maaaring tumawag kami, o ang aming mga kaanib at subcontractor, sa aming ngalan, kabilang ang sa pamamagitan ng awtomatikong sistema sa pag-dial/o isang artipisyal na boses nang naaayon sa mga naaangkop na batas. Maaari kayong singilin ng inyong mobile cell phone carrier para sa pagtanggap ng mga tawag, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong cell phone carrier para sa impormasyong ito. Kung ayaw ninyong makipag-ugnayan sa ganitong paraan, ipaalam ito sa caller, o makipag-ugnayan sa amin para mailagay sa aming Listahan ng Huwag Tatawagan (Do Not Call).
- **Pagpapadala ng Text sa Inyo.** Kung nagbigay kayo sa amin ng inyong numero ng cell phone (kabilang ang numero ng telepono ng tagapangalaga o itinalaga kung ibinigay nila ito), maaari kaming, kasama ng aming mga affiliate at subcontractor, sa ngalan namin, magpadala ng text sa inyo para sa ilang partikular na layunin, gaya ng mga paalala, opsyon sa paggamot, serbisyo, at paalala o kumpimasyon para sa premium na pagbabayad, alinsunod sa mga naaangkop na batas. Maaari kayong singilin ng inyong mobile cell phone carrier para sa pagtanggap ng mga tawag, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong cell phone carrier para sa impormasyong ito. Kung anumang oras ay ayaw na ninyong makatanggap ng mga mensaheng text, pakisunod ang mag-unsubscribe na impormasyon sa mensahe, o mangyaring sumagot ng “HUMINTO (STOP)” para huminto sa pagtanggap ng mga naturang mensahe.
- **Mga email.** Kung ibinigay ninyo sa amin ang inyong email address (kabilang ang kung nagbigay ang isang tagapangalaga o itinalaga ng kanilang email address), maaari kaming mag-email sa inyo para sa ilang limitadong layunin hal. pagpapadala sa inyo ng mga materyales sa pagpapatala, ng miyembro, ng provider, at pang-edukasyon, o mga paalala o kumpimasyon ng mga pagbabayad, kung sumang-ayon kang tanggapin ang mga ito sa elektronikong paraan. Maaaring may singilin ang inyong provider ng internet o email o mobile cell phone para matanggap ang mga email, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong provider ng internet o email o mobile



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

cell phone para sa impormasyong ito. Kinikilala at sinasang-ayunan ninyo na kung gagamit kayo ng unencrypted na email address at/o computer, o ia-access ninyo ang inyong mga email sa pamamagitan ng mobile device, o magbabahagi kayo ng email, o computer, o mobile cell phone, maaaring magkaroon ng panganib na mabasa ng ikatlong partido ang inyong PHI at tinatanggap ninyo ang mga panganib na nabanggit at tinatalikdan ninyo ang anumang proteksyon na maaari ninyong makuha sa ilalim ng anumang batas. Kung anumang oras ay ayaw na ninyong makatanggap ng mga mensaheng text, pakisunod ang tagubiling “Mag-unsubscribe” sa ibaba ng mensahe para huminto sa pagtanggap ng mga pakikipag-ugnayan sa email.

V. Nakasulat na Pahintulo

Kung nais naming gamitin o ibahagi ang inyong PHI para sa anumang layunin na hindi ibinibigay sa abisong ito, kukuha kami ng nakasulat na pahintulot mula sa inyo. Halimbawa, ang paggamit o pagbabahagi ng PHI para sa mga pangangailangan sa pagmemerkado o pagbebenta ay nangangailangan ng inyong nakasulat na pahintulot. Kung gagamit o magbabahagi kami ng mga tala mula sa psychotherapy maaari ring kailanganin namin ang inyong pahintulot. Kung ibibigay ninyo sa amin ang inyong pahintulot, maaari ninyong kanselahin ito anumang oras sa sulat, at hindi namin gagamitin o ibabahagi ang inyong PHI para sa layuning iyon pagkatapos ng petsa na prinoseso namin ang inyong kahilingan. Pero, kung nagamit o naibahagi na namin ang inyong PHI nang may pahintulot ninyo, maaaring hindi na namin mabawi ang anumang pagkilos na naisagawa bago ninyo kanselahin ang inyong pahintulot.

VI. Ang Inyong Mga Karapatan

Mayroon kayong ilang partikular na karapatan sa inyong PHI at kung paano ito magagamit o maibabahagi. May karapatan kayong:

- **Makakuha ng kopya ng inyong mga talaan sa kalusugan at ng mga claim.** Maaari ninyong hilingin na makita, o makakuha ng kopya ng inyong PHI. Magbibigay kami ng kopya o buod ng inyong mga talaan sa kalusugan at ng mga claim. Maaaring may ilang impormasyon at talaan na hindi namin maaaring isiwalat gaya ng pinapahintulutan ng batas, o maaaring hindi namin maibigay ang ilang partikular na impormasyon sa ilang porma, format, o media. Maaari namin kayong singilin ng makatwirang halaga, para sa pagkopya at pagpapadala ng inyong PHI.

Hindi nagtatabi ang L.A. Care ng kumpletong kopya ng inyong mga talaang medikal, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kung gusto ninyong makita, o makakuha ng kopya ng, o magbago ng error sa inyong mga talaang medikal.

- **Hilingin sa amin na itama ang mga talaan sa kalusugan at ng mga claim.** Kung naniniwala kayo na mayroong pagkakamali sa inyong PHI, maaari ninyong hilingin sa amin na itama ito. Maaaring may ilang impormasyon na hindi maaaring baguhin, hal., ang diagnosis ng doktor, at sasabihin namin ito sa inyo sa pamamagitan ng sulat. Kung bibigyan kami ng sinuman ng impormasyon, hal., ng inyong doktor, ipapaalam namin ito sa inyo, upang mahilingin ninyo sa kanila na maitama ito.
- **Hilingin na makipag-ugnayan sa inyo nang kumpidensyal.** Maaari ninyong hilingin sa amin na makipag-ugnayan kami sa inyo sa partikular na paraan (halimbawa, sa telepono sa bahay o tanggapan) o magpadala ng mail sa ibang address. Hindi lahat ng kahilingan ay maaaring sang-ayunan, pero pagbibigyan namin ang makatuwirang kahilingan.
- **Hilingin sa aming limitahan kung ano ang aming ginagamit o ibinabahagi.** Maaari ninyong hilingin sa aming huwag gamitin o magbahagi ng ilang partikular na impormasyong pangkalusugan para sa paggamot, pagbabayad, o sa aming mga operasyon. Batay sa batas, hindi namin kinakailangang sumang-ayon sa inyong



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

kahilingan, at maaari kaming magsabi ng “hindi” kung makakaapekto ito sa inyong pangangalaga, pagbabayad sa mga claim, mga pangunahing operasyon, o hindi pagsunod sa mga panuntunan, regulasyon, o ahensya ng gobyerno, kahilingan ng nagpapatupad ng batas, o ng utos ng hukuman o administratibo.

- **Kumuha ng listahan ng kung kanino namin ibinahagi ang Inyong PHI.** Maaari kayong humiling sa amin ng listahan (accounting) ng mga pagkakataon na ibinahagi namin ang inyong impormasyong pangkalusugan, kung kanino namin ibinahagi ito, at ng maikling paglalarawan sa dahilan. Bibigyan namin kayo ng listahan para sa yugto ng inyong kahilingan. Batay sa batas, magbibigay kami ng listahan para sa maximum ng anim (6) na taon bago ang petsa ng inyong nakasulat na kahilingan. Isasama namin ang lahat ng pagsisiwalat maliban ang tungkol sa paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, at ilang partikular na pagsisiwalat, gaya ng kapag nagbahagi kami ng impormasyon sa inyo, o nang may pahintulot ninyo. Magbibigay kami ng isang accounting sa isang taon nang libre, pero maaari namin kayong singilin ng makatwirang halaga para sa anumang karagdagang kahilingan.
- **Makakuha ng kopya ng abiso sa pagkapribado na ito.** Maaari kayong makakuha ng papel na kopya ng abisong ito sa pamamagitan ng pagtawag sa amin.
- **Pumili ng sinuman na kumilos para sa inyo.** Kung nagbigay kayo sa ibang tao ng medikal na power of attorney o kung ang isang tao ay inyong legal na tagapangalaga, maaaring isagawa ng taong iyon ang inyong mga karapatan at gumawa ng mga pagpipilian tungkol sa inyong PHI. Maaaring hilingin namin sa inyo o sa inyong itinalaga na magbigay sa amin ng ilang impormasyon at dokumento, hal., kopya ng utos ng hukuman na nagbibigay ng guardianship. Kakailanganin ninyo o ng inyong tagapangalagang magsagot ng nakasulat na pagpapahintulot, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa numero sa ibaba upang malaman kung paano ito gawin.

VII. **Mga Sensitibong Serbisyo**

Ang miyembro na maaaring sumang-ayong makatanggap ng mga sensitibong serbisyo ay hindi kinakailangang makakuha ng anumang awtorisasyon ng ibang miyembro para makatanggap ng mga sensitibong serbisyo o magsumite ng isang claim para sa sensitibong serbisyo. Idedrekta ng L.A. Care ang pakikipag-ugnayan tungkol sa mga sensitibong serbisyo sa alternatibong itinalagang address ng miyembro na pagpapadalhan ng liham, sa kanyang email address, o sa numero ng telepono o, kung walang itinalagang patutunguhan, sa pangalan ng miyembro sa address o numero ng telepono na nasa file. Hindi dapat isiwalat ng L.A. Care ang medikal na impormasyong may kaugnayan sa sensitibong serbisyo sa sinumang iba pang miyembro nang walang nakasulat na pahintulot mula sa miyembrong tumatanggap ng pangangalaga. Tatanggap ang L.A. Care ng mga kahilingan para sa kompidensiyal na pakikipag-ugnayan sa anyo at uri na hinihiling, kung madali itong makukuha sa hiniling na anyo at uri, o sa mga alternatibong lokasyon. Ang kahilingan ng miyembro para sa kumpidensiyal na komunikasyon na may kaugnayan sa mga sensitibong serbisyo ay magiging valid hanggang sa bawiin ng miyembro ang kahilingan o magsumite siya ng bagong kahilingan para sa kumpidensiyal na komunikasyon.

Mangyaring tawagan kami sa numero sa inyong ID card, o sumulat sa amin para malaman kung paano hilingin ang alinman sa nasa itaas. Kakailanganin ninyong magsumite ng inyong kahilingan sa sulat, at sabihin sa amin ang ilang partikular na impormasyon. Maaari naming ipadala sa inyo ang (mga) form.

VIII. **Mga Reklamo**

Kung sa palagay ninyo ay hindi namin pinoprotektahan ang inyong PHI, may karapatan kayong maghain ng reklamo sa amin, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa:

Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care
 1200 West 7th Street
 Los Angeles, CA 90017
 Telepono: **1-888-839-9909**
 TTY **711**



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Maaari din kayong makipag-ugnayan sa:

Tanggapan ng Departamento ng mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao ng U.S. para sa mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng pagbisita sa www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/.

Maaari ding makipag-ugnayan ang mga Miyembro ng Medi-Cal sa:

Tanggapan ng Pagsunod sa HIPAA ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health Care Services Office of HIPAA Compliance) sa pamamagitan ng pagpunta sa dhcs.ca.gov

IX. Gamitin Ang Inyong Mga Karapatan Nang Walang Takot

Hindi magsasagawa ng anumang pagkilos ang L.A. Care laban sa inyo sa paggamit sa mga karapatan sa pagkapribado sa abisong ito o sa paghahain ng reklamo.

X. Petsa ng Simula

Ang orihinal na petsa ng pagkakaroon ng bisa ng abisong ito ay sa Abril 14, 2003. Ang abisong ito ay pinakahuling binago noong Nobyembre 1, 2022.

XI. Makipag-ugnayan sa Amin, o May Mga Tanong, o kung gusto ninyong magkaroon ng abisong ito sa ibang wika o format:

Kung may mga tanong kayo tungkol sa abisong ito, o gusto ninyong makatulong sa paglalapat sa inyong mga karapatan, o gusto ninyong magkaroon ang abisong ito sa ibang threshold na wika (Arabic, Armenian, Chinese, Farsi, Khmer, Korean, Russian, Spanish, Tagalog, o Vietnamese), malalaking print, audio, o iba pang alternatibong format (kapag hiniling) nang libre, mangyaring tawagan o sulatan kami sa:

Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care

1200 West 7th Street

Los Angeles, CA 90017

Telepono: **1-888-839-9909**

TTY **711**

o

Opisyal sa Pagkapribado ng L.A. Care

L.A. Care Health Plan

1200 West 7th Street

Los Angeles, CA 90017

Telepono: **1-888-839-9909**

TTY **711**

Email: PrivacyOfficer@lacare.org



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Abiso tungkol sa mga batas

Maraming batas na pinairal dito sa Handbook ng Miyembro. Ang mga batas na ito ay maaaring makaapekto sa inyong mga karapatan at responsibilidad kahit na ang mga batas ay hindi isinama o ipinaliwanag sa handbook na ito. Ang mga pangunahing batas na naaangkop sa handbook na ito ay mga batas ng estado at pederal tungkol sa mga programa ng Medi-Cal. Maaari ring gamitin ang iba pang batas ng pederal at estado.

Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang huling tagabayad, iba pang coverage sa kalusugan, at tort recovery

Ang programa ng Medi-Cal ay sumusunod sa mga batas at regulasyon ng estado at pederal na pamahalaan na may kaugnayan sa legal na pananagutan ng mga ikatlong partido para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga miyembro. Gagawin ng L.A. Care ang lahat ng mga makatwirang hakbang upang matiyak na ang programa ng Medi-Cal na L.A. Care ang huling tagabayad bilang pangwakas na solusyon.

Ang mga miyembro ng Medi-Cal ay maaaring may ibang saklaw sa kalusugan (Other Health Coverage, OHC), na tinatawag ding pribadong insurance sa kalusugan. Bilang kundisyon ng karapat-dapat sa Medi-Cal, kailangan mong mag-apply para sa at/o mapanatili ang anumang available na OHC kapag wala kayong gagastusin.

Inaatasan ng mga pederal at pang-estadong batas ang mga miyembro ng Medi-Cal na iulat ang OHC at anumang pagbabago sa umiiral na OHC. Maaaring kailanganin mong bayaran ang DHCS para sa anumang mga benepisyo na binayaran nang hindi mo sinasadya kung hindi mo mabilis na iulat ang OHC. Isumite ang inyong OHC online sa <http://dhcs.ca.gov/OHC>.

Kung wala kang access sa internet, maaari mong ireport ang OHC sa L.A. Care sa pamamagitan ng pagtawas sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. O maaari ninyong tawagan ang OHC processing Center ng DHCS sa **1-800-541-5555 (TTY 1-800-430-7077 o 711)** o **1-916-636-1980**.

May karapatan at responsibilidad ang California Department of Health Care Services (DHCS) na mabayaran para sa mga saklaw na serbisyo ng Medi-Cal kung saan hindi unang tagabayad ang Medi-Cal. Halimbawa, kung napinsala kayo sa pagkabangga ng sasakyan, o sa trabaho, maaaring ang insurance sa sasakyan o insurance sa workers' compensation ang unang magbayad, o magre-reimburse sa Medi-Cal kung nagbayad na agad ang Medi-Cal.

Kung napinsala kayo, at may ibang partidong mananagot para sa inyong pinsala, dapat abisuhan ninyo o ng inyong legal na kinatawan ang DHCS sa loob ng 30 araw mula sa paghahain ng legal na pagkilos o ng claim. Isumite ang inyong pag-abiso online sa:

- Personal Injury Program sa <https://dhcs.ca.gov/PIForms>
- Programa ng Pagbawi para sa Kabayaran sa Manggagawa sa <https://dhcs.ca.gov/WC>

Upang matuto pa, bisitahin ang website ng Third Party Liability and Recovery Division ng DHCS sa <https://dhcs.ca.gov/tplrd> o tumawag sa **1-916-445-9891**.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Abiso tungkol sa pagsasamsam ng ari-arian

Ang programa ng Medi-Cal ay kailangang humingi ng pagbabayad mula sa mga ari-arian ng ilang partikular na yumaong miyembro para sa mga benepisyo ng Medi-Cal na natanggap sa o pagkatapos ng kanilang ika⁵⁵ kaarawan. Kasama sa muling pagbabayad ang bayad para sa serbisyo (FFS) at mga premium para sa pinamamahalaang pangangalaga o capitation na pagbabayad para sa mga serbisyo sa pasilidad para sa pagkalinga, mga serbisyon nakabase sa tahanan at komunidad, at mga kaugnay na serbisyo sa ospital at inireresetang gamot na natanggap noong ang miyembro ay isang inpatient sa isang pasilidad para sa pagkalinga o tumatanggap ng mga serbisyon nakabase sa tahanan at komunidad. Ang pagbabayad ay hindi maaaring lumampas sa halaga ng subok na ari-arian ng isang miyembro.

Para malaman ang higit pa, pumunta sa website ng DHCS para sa pagbawi ng ari-arian sa <https://dhcs.ca.gov/er> o tumawag sa **1-916-650-0590**.

Abiso sa Pagkilos

Padadalhan kayo ng L.A. Care ng sulat ng Abiso sa Pagkilos (NOA) anumang oras na tatanggihan, antalahin, wawakasan, o babaguin ng L.A. Care ang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng plano, maaari kayong maghain ng apela sa L.A. Care. Pumunta sa seksyong “Mga Apela” sa Kabanata 6 ng handbook na ito para sa mahalagang impormasyon tungkol sa paghahain ng iyong apela. Kapag nagpadala sa iyo ang L.A. Care ng NOA, ipapaalam nito sa inyo ang lahat ng karapatan na mayroon ka kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyong ginawa namin.

Mga nilalaman sa mga abiso

Kung ibinabase ng L.A. Care ang mga pagtanggap, pagkaantala, pagwawakas, o pagbabago sa kabuuan o sa bahagi ng pangangailangang medikal, ang iyong NOA ay dapat maglaman ng mga sumusunod:

- Isang pahayag ng pagkilos na balak gawin ng L.A. Care.
- Isang malinaw at maikling paliwanag ng mga dahilan ng desisyon ng L.A. Care.
- Paano Nagpasya ang L.A. Care, kabilang na ang mga patakaran L.A. Care na ginamit
- Mga medikal na dahilan ng desisyon. Dapat ipahayag nang malinaw ng L.A. Care kung paano hindi natutugunan ng kundisyon ng miyembro ang mga pamantayan o alituntunin.

Mga Pagsasalin

Kinakailangan ng L.A. Care na ganap na magsalin at magbigay ng nakasulat na impormasyon ng miyembro sa mga karaniwang gustong wika, kasama ang lahat ng abiso sa karaingan at apela.

Dapat isama sa ganap na isinalin na abiso ang medikal na dahilan para sa desisyon ng L.A. Care na tanggihan, antalahin, baguhin, bawasan, suspindihin, o ihinto ang isang kahilingan para sa mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan.

Kung ang inyong pinipiling wika ay hindi available, ang L.A. Care ay kinakailangang mag-alok ng pasalitang tulong sa iyong pinipiling wika para maunawaan mo ang impormasyon na iyong nakukuha.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

8. Mga mahalagang numero at salita na dapat malaman

Mahahalagang numero ng telepono

- Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY**711**).
- Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273** (TTY **1-800-977-2273**) at pindutin ang 7 o **711**
- 24 na Oras na **Linya ng Payo ng isang Nurse <Nurse Advise Line>** ng L.A. Care **1-800-249-3619** (TTY **711**)
- Compliance Helpline ng L.A. Care **1-800-400-4889**
- L.A. Care/Blue Shield ng Mga Sentro ng Mapagkukunan sa Komunidad ng California– **1-877-287-6290**
- Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan – East L.A. **1-213-438-5570**
- Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan – El Monte **1-213-428-1495**
- Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan – Inglewood **1-310-330-3130**
- L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan Community Resource Center – Lincoln Heights **1-213-294-2840**
- L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan Community Resource Center – Long Beach **1-562-256-9810**(562) 256-9810
- Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan – Lynwood **1-310-661-3000**
- Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan – Metro L.A. **1-213-428-1457**
- Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan – Norwalk **1-562-651-6060**
- Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan – Palmdale **1-213-438-5580**



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

8 | Mga mahalagang numero at salita na dapat malaman

- Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan – Panorama City
1-213-438-5497
- Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan – Pomona
1-909-620-1661
- Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan – South L.A.
1-213-428-1410
- Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan– Wilmington
1-213-428-1490
- Resource Center ng Komunidad ng L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan – West L.A.
1-310-231-3854
- Mga Serbisyo para sa May Kapansanan
 - California Relay Service (CRS) – (TTY **711**)
 - **1-888-877-5379**
 - **1-800-735-2922**
 - Impormasyon sa Americans with Disabilities Act (ADA) **1-800-514-0301** (TTY **1-800-514-0383**)
- Mga Serbisyo sa Mga Bata
 - California Children’s Services (CCS) **1-800-288-4584**
 - Child Health and Disability Prevention (CHDP) **1-800-993-2437** (**1-800-993-CHDP**)
- Mga Serbisyo ng Estado ng California
 - Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan o California State Department of Health Services (DHCS) ng California **1-916-636-1980**
 - Tanggapan ng Ombudsman ng Pinapamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal **1-888-452-8609**
 - Medi-Cal Dental Program (Denti-Cal) **1-800-322-6384** (TTY/TDD **1-800-735-2922**)
 - Departamento ng Mga Serbisyonang Panlipunan ng California (CDSS) **1-800-952-5253**
 - Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan o Department of Managed Health Care (DMHC) **1-888-466-2219**
 - (**1-888-HMO-2219**) (TTY/TDD **1-877-688-9891**)
- Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan:
 - Arabic **1-800-576-6881**
 - Armenian **1-800-840-5032**
 - Cambodian/Khmer **1-800-430-5005**
 - Cantonese **1-800-430-6006**
 - English **1-800-430-4263**
 - Farsi **1-800-840-5034**
 - Hmong **1-800-430-2022**
 - Korean **1-800-576-6883**
 - Laotian **1-800-430-4091**



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

- Mandarin **1-800-576-6885**
- Russian **1-800-430-7007**
- Spanish **1-800-430-3003**
- Tagalog **1-800-576-6890**
- Vietnamese **1-800-430-8008**
- TTY/TDD **1-800-430-7077**
- U.S. Office for Civil Rights **1-866-627-7748**
- Supplemental Social Income (SSI) ng Social Security Administration **1-800-772-1213**
- Los Angeles County - Kagawaran ng mga Pamublikong Serbisyong Panlipunan Customer Service Center **1-866-613-3777** (TTY/TDD **1-800-660-4026**)
- Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan ng Los Angeles County **1-213-240-8101**
- Departamento ng Kalusugan ng Isip ng Los Angeles County **1-800-854-7771**
- Women, Infant and Children Program (WIC) **1-888-942-9675**

Mga salitang dapat malaman

Acute: Ang isang kundisyong medikal na biglaan at nangangailangan ng mabilis na atensyong medikal.

Agarang pangangalaga (o mga agarang serbisyo): Mga serbisyong ibinibigay para gumamot ng hindi pang-emergency na karamdaman, pinsala o kundisyon na nangangailangan ng medikal na pangangalaga. Ang mga miyembro ay maaaring kumuha ng agarang pangangalaga mula sa wala sa network na provider, kung pansamantalang hindi available o hindi makaugnayan ang mga nasa network na provider.

American Indian: Indibidwal na nakakatugon sa kahulugan ng "Indian" sa ilalim ng pederal na batas sa 42 CFR section 438.14, na tumutukoy sa isang tao bilang isang "Indian" kung ang tao ay nakakatugon sa alinman sa mga sumusunod:

- Isang miyembro ng tribo ng Indian na kinikilala ng pederal
- Nakatira sa panlungsod na sentro at nakakatugon sa isa o higit pa sa mga sumusunod:
 - Isang miyembro ng isang tribo, banda, o iba pang organisadong grupo ng mga Indian, kabilang ang mga tribo, banda o grupong iyon na natapos mula noong 1940 at ang mga kinikilala ngayon o sa hinaharap ng estado kung saan sila naninirahan, o na isang inapo sa una o ikalawang antas ng anumang naturang miyembro
 - Isang Eskimo o Aleut o iba pang Alaska Native, o
 - Itinuturing ng Kalihim ng Panloob na isang Indian para sa anumang layunin, o
 - Natutukoy na maging isang Indian sa ilalim ng mga regulasyon na inisyu ng Kalihim ng Panloob, o
- Itinuturing ng Kalihim ng Panloob na isang Indian para sa anumang layunin, o
- Itinuturing ng Kalihim ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao na isang Indian para sa mga layunin ng pagiging karapat dapat para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng Indian, kabilang ang bilang isang California Indian, Eskimo, Aleut, o iba pang Katutubong Alaska



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Apela: Isang kahilingan ng miyembro sa L.A. Care na magsuri at magbago ng pasya na ginawa sa saklaw ng hiniling na serbisyo.

Chiropractor: Isang provider na gumagamot ng gulugod sa pamamagitan ng manual na manipulasyon.

Device na prostetiko: Isang artipisyal na device na nakadikit sa katawan para palitan ang nawawalang bahagi ng katawan.

DHCS: Ang Department of Health Care Services ng California. Ito ang tanggapan ng Estado na nangangasiwa sa programa ng Medi-Cal.

Direktoryo ng Provider: Ang listahan ng mga provider sa network ng L.A. Care.

DMHC: Ang Department of Managed Health Care ng California. Ito ang tanggapan ng Estado na nangangasiwa sa mga planong pangkalusugan ng pinamamahalaang pangangalaga.

Espesyalista (o espesyalistang doktor): Isang doktor na gumagamot sa ilang partikular na uri ng mga problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ang isang orthopedic surgeon ay ang gumagamot sa mga baling buto; ang isang allergist ang gumagamot sa mga allergy; at ang isang cardiologist ang gumagamot sa mga problema sa puso. Sa karamihan ng kaso, kailangan ng isang miyembro ng rekomendasyon mula sa inyong PCP upang pumunta sa isang espesyalista.

Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal: Kung minsan ay hindi sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo, pero makukuha pa rin ng isang miyembro ang mga ito sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal, gaya ng maraming serbisyo sa parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Follow-up na pangangalaga: Regular na pangangalaga ng doktor para matingnan ang progreso ng miyembro pagkatapos ng pagpapaospital o sa panahon ng paggamot.

Hindi kalahok na provider: Isang provider na wala sa network ng L.A. Care.

Hindi medikal na transportasyon: Ang transportasyon kapag naglalakbay papunta at paalis sa appointment para sa saklaw na serbisyo ng Medi-Cal na pinapahintulutan ng inyong provider ng miyembro at kapag kumukuha ng mga reseta at medikal na supply.

Hospice: Ang pangangalaga para sa pagpapababa ng pisikal, emosyonal, panlipunan at ispiritwal na pagkabalisa ng isang miyembro na may sakit na nagtataning sa buhay. Available ang pangangalaga sa hospice kapag may tagal ng buhay na 6 na buwan o mas mababa ang miyembro.

Iba pang saklaw sa kalusugan (Other Health Coverage, OHC): Ang iba pang saklaw sa kalusugan (OHC) ay tumutukoy sa pribadong segurong pangkalusugan at mga nagbabayad ng serbisyo maliban sa Medi-Cal. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang medikal, pang-ngipin, pampaningin, parmasya, mga Medicare Advantage plan (Part C), mga plano sa gamot ng Medicare (Part D), o mga Medicare supplemental na plano (Medigap).

Insurance sa kalusugan: Ang saklaw na insurance na nagbabayad para sa mga gastusin sa medikal at operasyon sa pamamagitan ng pagbabayad sa naka-insure para sa mga ginastos mula sa sakit o pinsala o pagbabayad nang direkta sa provider ng pangangalaga.

Kabahagi sa binabayaran (o Co-pay): Ang pagbabayad na isinasagawa ng isang miyembro, karaniwang sa oras ng serbisyo, bilang karagdagang sa bayad ng insurer.

Kalahok na ospital: Isang lisensyadong ospital na may kontrata sa L.A. Care para magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro kapag kumuha ng pangangalaga ang miyembro. Ang mga saklaw na serbisyo na maaaring ialok ng ilang kalahok na ospital sa mga miyembro ay limitado sa mga patakaran sa pagsusuri sa paggamit at pagsisiguro sa kalidad ng L.A. Care o sa kontrata ng L.A. Care sa ospital.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Kalahok na provider (o kalahok na doktor): Ang doktor, ospital, o iba pang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensyadong pasilidad sa pangangalaga, kabilang ang mga pasilidad para sa sub-acute na may kontrata sa L.A. Care na mag-alok ng mga saklaw na serbisyo sa mga miyembro sa panahon na nakakakuha ang isang miyembro ng pangangalaga.

Karaingan: Ang pasalita o pasulat na pagpapahayag ng isang miyembro ng pagkadismaya tungkol sa isang serbisyong saklaw ng Medi Cal, L.A. Care, isang plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county, o isang provider ng Medi-Cal. Ang reklamong inihain sa L.A. Care tungkol sa isang provider na nasa network ay isang halimbawa ng karaingan.

Karaniwang pangangalaga: Mga serbisyong medikal na kinakailangan at pangangalagang pang-iwas, well child na pagbisita, o pangangalagang gaya ng karaniwang follow-up na pangangalaga. Ang layunin ng karaniwang pangangalaga ay maiwasan ang mga problema sa kalusugan.

Klinika: Isang pasilidad na maaaring piliin ng mga miyembro bilang provider ng pangunahing pangangalaga (Primary Care Provider, PCP). Ito ay maaaring alinman sa Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (Federally Qualified Health Center, FQHC), klinikal sa komunidad, Rural na Klinikang Pangkalusugan (Rural Health Clinic, RHC), Indiyanong Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan (IHCP) o iba pang pasilidad para sa pangunahing pangangalaga.

Kwalipikadong provider: Ang doktor na kwalipikado sa larangan ng panggagamot na naaangkop para magamot ang inyong kundisyon.

Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata (Contract Drugs List, CDL): Ang inaprubahang listahan ng gamot para sa Medi-Cal Rx kung saan maaaring mag-order ang isang provider ng mga saklaw na gamot na kailangan ng miyembro.

Lugar ng serbisyo: Ang heyograpikong lugar na pinagserserbisyuhan ng L.A. Care. Kasama rito ang county ng Los Angeles.

Maaga at pana-panahong screening, pagsusuri, at paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnosis, and Treatment, EPSDT): Pumunta sa “Medi-Cal para sa Mga Bata at Teen.”

Matibay na kagamitang medikal (Durable Medical Equipment, DME) Kagamitang medikal na medikal na kinakailangan at iniaatas ng doktor o iba pang provider ng miyembro na ginagamit ng miyembro sa bahay, komunidad, o pasilidad na ninagamit bilang bahay.

Medi-Cal para sa Mga Bata at Teen: Isang benepisyong para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 21 taong gulang upang matulungan silang manatiling malusog. Kailangang makatanggap ang mga miyembro ng mga tamang checkup sa kalusugan para sa kanilang edad at naaangkop na mga pagsusuri para makita ang mga problema sa kalusugan at magamot nang maaga ang mga karamdaman,. Dapat silang kumuha ng paggamot upang alagaan o tulungan ang mga kundisyong maaaring makita sa mga check-up. Ang benepisyong ito ay tinatawag ding benepisyong sa Maaga at Pana-panahong Screening, Pagsusuri at Paggamot o Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment (EPSDT) sa ilalim ng pederal na batas.

Medi-Cal Rx: Isang serbisyo sa benepisyong sa parmasya ng FFS Medi-Cal na tinatawag na “Medi-Cal Rx” na nagbibigay ng mga benepisyong at serbisyo sa parmasya, kasama ang mga inireresetang gamot at ilang medikal na supply sa lahat ng benepisyaryong ng Medi-Cal.

Medicare: Ang pederal na programa ng insurance sa kalusugan para sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda, ilang mas batang may mga kapansanan, at taong may huling-yugtong sakit sa bato (permanenteng paghina ng bato na nangangailangan ng dialysis o transplant ng bato, tinatawag minsan na ESRD).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Medikal na home: Isang modelo ng pangangalaga na nagkakaloob ng mga pangunahing tungkulin ng pangunahing pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang kumprehensibong pangangalaga, nakasentro sa pasyente, pinag-ugnay na pangangalaga, mga naa-access na serbisyo, at kalidad at kaligtasan.

Medikal na kinakailangan (o medikal na pangangailangan): Ang medikal na kinakailangang pangangalaga ay mahalagang serbisyo na makatuwiran at pumoprotekta sa buhay. Kailangan ang pangangalagang ito para maiwasang magkasakit o mabalda nang malubha ang mga pasyente. Pinapababa ng pangangalagang ito ang malalang panakit sa pamamagitan ng paggamot sa karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembro na wala pa sa edad na 21, kasama sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ng Medi-Cal ang pangangalaga na kailangan para ayusin o tulungan ang isang pisikal o sakit sa pag-iisip o kundisyon, kasama ang mga karamdaman sa paggamot ng sangkap o pag-inom ng alak.

Medikal na transportasyon: Transportasyon na inireseta ng isang tagabigay ng serbisyo para sa isang miyembro kapag ang miyembro ay hindi pisikal o medikal na maaaring gumamit ng kotse, bus, tren, o taxi upang makapunta sa isang sakop na medikal na appointment o upang kumuha ng mga reseta. Binabayaran ng L.A. Care ang pinakamurang transportasyon para sa inyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan ninyo ng masasakyan papunta sa inyong appointment.

Mga Benepisyo: Mga serbisyo at gamot na saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa ilalim ng planong pangkalusugan na ito.

Mga Freestanding na Paanakan (Freestanding Birth Centers, FBCs): Mga pasilidad ng kalusugan kung saan na nakaplanong isagawa ang panganganak malayo sa tinitirhan ng buntis na miyembro at na lisensyado o kung hindi man ay inaaprubahan ng estado para magbigay ng prenatal na labor at panganganak o postpartum na pangangalaga at iba pang serbisyong ambulatory na kasama sa plano. Ang mga pasilidad na ito ay hindi mga ospital.

Mga hindi gumagaling na kundisyon: Isang sakit o iba pang medikal na problema na hindi tuluyang gumagaling o mas lumalala sa paglipas ng panahon o dapat magamot para hindi na lumala pa ang miyembro.

Mga hindi saklaw na serbisyo: Ang serbisyo na hindi saklaw ng L.A. Care.

Mga inireresetang gamot: Isang gamot na legal na nangangailangan ng utos mula sa lisensyadong provider para maibigay, hindi katulad ng mga over-the-counter (OTC) na gamot na hindi kinakailangan ng reseta.

Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Options, HCO): Ang programa na maaaring magtala o mag-alis sa pagkakatala ng isang miyembro mula sa isang planong pangkalusugan.

Mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa bahay: Ang mga provider na nagbibigay sa isang miyembro ng sanay na pangangalaga ng nurse at iba pang serbisyo sa bahay.

Mga Referral: Kapag sinabi ng PCP ng isang miyembro na maaaring makakuha ng pangangalaga ang miyembro mula sa ibang provider. Ang ilang saklaw na serbisyo sa pangangalaga ay kailangan ng rekomendasyon at paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Mga Saklaw na Serbisyo: Mga serbisyo ng Medi-Cal kung saan ang L.A. Care ang responsable para sa pagbabayad. Ang mga saklaw na serbisyo ay napapailalim sa mga tuntunin, kundisyon, limitasyon, at pagbubukod ng kontrata ng Medi-Cal, anumang pagbabago sa kontrata, at naaayon sa nakalista sa Handbook ng Miyembro na ito (na kilala din sa tawag na Pinagsamang Katibayan ng Coverage o Combined Evidence of Coverage (EOC) at Disclosure Form).



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Mga sensitibong serbisyo: Mga serbisyong may kaugnayan sa kalusugan ng pag-iisip o pag-uugali, sekswal at reproduktibong kalusugan, pagpapalano ng pamilya, mga sexually transmitted infection (STI), HIV/AIDS, sekswal na pag-atake at pagpapalaglag, sakit sa paggamit ng kontroladong sangkap, pangangalagang nagpapatibay sa kasarian, at karahasan ng kinakasama.

Mga serbisyo at device para sa habilitation: Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa isang miyembro na manatili, matutuhan, o pahasayin ang mga kakayahan at pag-function para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Mga serbisyo at device para sa rehabilitasyon at habilitation (therapy): Mga serbisyo at aparato upang tulungan ang mga miyembro na may mga pinsala, kapansanan o hindi gumagaling na kundisyon na magkaroon ng o mabawi ang mga kasanayan ng isip at katawan.

Mga serbisyo ng doktor: Ang mga serbisyong ibinibigay ng isang taong lisenyado sa ilalim ng batas ng estado na manggamot o osteopathy, hindikasama ang mga serbisyo na inaalok ng mga doktor habang nasa loob ang isang miyembro sa ospital na sinisingil sa bill sa ospital.

Mga serbisyo ng kumadrona: Ang pangangalaga para sa prenatal, intrapartum, at postpartum, kabilang ang pangangalaga sa pagpapalano ng pamilya para sa nanay at agarang pangangalaga para sa bagong silang na sanggol, na ibinibigay ng mga sertipikadong kumadronang nurse (certified nurse midwives, CNM) at ng lisensyadong kumadrona (licensed midwives, LM).

Mga serbisyo pagkatapos ng pagpapatatag: Mga serbisyo pagkatapos ng pag-stabilize ng kundisyon: Mga saklaw na serbisyong nauugnay sa isang emergency na kundisyong medikal na ibinibigay pagkatapos na maging matatag ang isang miyembro para mapanatiling matatag ang miyembro. Saklaw at bayad ang mga serbisyo ng pangangalaga pagkatapos ng pagpapatatag. Ang mga ospital sa labas ng network ay maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Mga serbisyo sa espesyalidad sa kalusugan ng isip o Specialty mental health services (SMHS): Mga serbisyo para sa mga miyembrong may mga pangangailangan sa kalusugan ng isip na mas mataas na antas ng kapansanan kaysa sa banayad hanggang katamtaman.

Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng outpatient: Kabilang sa mga serbisyong outpatient para sa mga miyembro na may mga hindi malala hanggang katamtamang kundisyon ng kalusugan ng isip ang:

- Pang-indibidwal o panggrupong pagsusuri at paggamot ng kalusugan ng isip (psychotherapy)
- Sikolohikal na pagsusuri kapag ipinababatid ng klinika na tasahin ang isang kundisyon ng kalusugan ng isip
- Mga serbisyo ng outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay ng gamot sa therapy
- Pagkonsulta ukol sa sakit sa isip
- Laboratoryo, mga supply, at suplemento para sa outpatient

Mga Serbisyo sa Mga Bata sa California (California Children's Services, CCS) Isang programa ng Medi-Cal na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga batang may edad na hanggang 21 taon na may ilang partikular na kundisyon sa kalusugan, sakit, o malalang hindi gumagaling na problema sa kalusugan.

Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya: Mga serbisyo para sa pagpigil o pag-antala ng pagbubuntis. Ibinibigay ang mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya sa mga miyembrong nasa edad na maaari nang magkaanak upang matulungan silang matukoy ang bilang at pagitan ng mga anak.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Mga serbisyo sa pampublikong kalusugan: Ang mga serbisyong pangkalusugan na nakatuon sa populasyon bilang kabuuan. Kabilang ito ang, bukod pa sa iba, pagsusuri sa sitwasyong pangkalusugan, pagbabantay sa kalusugan, mga pang-iwas sa sakit na serbisyo, pagkontrol sa nakakahawang sakit, pagprotekta at paglilinis sa kapaligiran, kahandaang at pagtugon sa sakuna, at occupational na sakit.

Mga serbisyong hindi available sa lugar: Ang mga serbisyo habang ang isang miyembro ay nasaan mang lugar na wala sa lugar ng serbisyo ng L.A. Care.

Mga Serbisyong Nasa Komunidad para sa Mga Nasa Tamang Gulang (Community-based Adult Services, CBAS): Mga serbisyo para sa outpatient, nakabase sa pasilidad na naghahatid ng sanay na pag-aalaga, serbisyong panlipunan, therapy, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta sa pamilya at tagapangalaga, mga serbisyo para sa nutrisyon, transportasyon, at iba pang serbisyo para sa mga kwalipikadong miyembro.

Miyembro Sinumang karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal na nakatala sa L.A. Care na may karapatang makakuha ng mga saklaw na serbisyo.

Nakatala: Isang tao na miyembro ng planong pangkalusugan at nakakakuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano.

Network: Isang grupo ng mga doktor, klinika, ospital, at iba pang provider na nakakontrata sa L.A. Care para magbigay ng pangangalaga.

Orthotic na device: Isang device na ginagamit bilang suporta o brace na nakakabit sa labas sa katawan para suportahan o iwasto ang isang matinding nasugatan o may sakit na bahagi ng katawan at medikal na kinakailangan para sa medikal na paggaling ng miyembro.

Ospital: Ang lugar kung saan nakakakuha ng pangangalaga ang isang miyembro para sa inpatient at outpatient mula sa mga doktor at nurse.

Pag-alis sa pagkakatala o Pag-disenroll: Ang pagtigil sa paggamit ng planong pangkalusugan dahil hindi na kwalipikado o nagbabago ang miyembro sa isang bagong planong pangkalusugan. Kailangan pumirma ang miyembro ng form na nagsasaad na ayaw na nilang gamitin ang planong pangkalusugan o tumawag sa Health Care Options at pag-alis sa pagkakatala sa pamamagitan ng telepono.

Paggaling sa paggamot: Kapag ibinigay ang mga benepisyong o ibibigay sa isang miyembro ng Medi-Cal dahil sa pinsala kung saan mananagot ang ibang partido, ibabalik ng DHCS ang makatuwirang halaga ng mga benepisyong ibinigay sa miyembro para sa pinsala na iyon.

Paghilab ng tiyan bago manganak: Ang yugto ng panahon kung kailan ang isang buntis na babae ay nasa tatlong yugto ng panganganak at hindi maaaring ligtas na mailipat sa tamang oras sa ibang ospital bago manganak o ang paglipat ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan at kaligtasan ng miyembro o ng hindi pa isinisilang na sanggol.

Pagpapaospital: Ang pagpasok ng sa ospital para sa paggamot bilang inpatient.

Pagpapatuloy ng pangangalaga: Ang kakayahan ng miyembro ng plan na patuloy na makakuha ng mga serbisyo sa Medi-Cal mula sa kanilang kasalukuyang provider nang hanggang 12 buwan, kung sasang-ayon ang provider at ang L.A. Care.

Palliative na pangangalaga: Ang pangangalaga para sa pagpapababa ng pisikal, emosyonal, panlipunan at ispiritwal na pagkabalisa ng isang miyembro na may malubhang sakit. Hindi kinakailangan sa palliative na pangangalaga na magkaroon ng tagal ng buhay na 6 na buwan o mas mababa ang miyembro.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Pandaraya: Isang sinasadyang gawain para manlinlang o magbigay ng maling impormasyon ng isang tao na batid na ang panlilinlang ay maaaring magresulta sa ilang hindi pinapahintulatang benepisyo para sa isang tao o ibang tao.

Pangangalaga para sa inpatient: Kapag ang isang miyembro ay kailangang manatili ng magdamag sa ospital o sa ibang lugar para sa medikal na pangangalagang kailangan.

Pangangalaga para sa outpatient sa ospital: Ang medikal o pang-operasyong pangangalagang isinasagawa sa ospital nang hindi ipinapasok bilang inpatient.

Pangangalaga sa outpatient: Kapag hindi kailangang manatili nang magdamag sa ospital ang isang miyembro o sa ibang lugar para sa medikal na pangangalagang kailangan ninyo.

Pangangalagang pangkalusugan sa bahay: Ang sanay na pangangalaga ng nurse at iba pang serbisyo na ibinibigay sa bahay.

Pangangasiwa ng Mga Benepisyo (Coordination of Benefits, COB): Ang proseso ng pagtukoy kung anong saklaw na insurance (Medi-Cal, Medicare, komersyal na insurance o iba pa) ang may pangunahing responsibilidad sa paggamot sa at pagbabayad para sa mga miyembro na may higit isang uri ng sakop na insurance sa kalusugan.

Pang-emergency na medikal na kundisyon: Isang medikal o mental na kundisyon na may malalang sintomas, gaya ng paghilab ng tiyan bago manganak (pumunta sa paglalarawan sa itaas) o malalang pananakit, na ang isang tao na nakakaunawa ng pangkaraniwang kaalaman sa kalusugan at gamot ay maaaring maniwala na ang hindi pagkuha kaagad ng medikal na pangangalaga ay maaaring:

- Ilagay ang kalusugan ng miyembro o ang kalusugan ng kanilang hindi pa naisisilang na sanggol sa seryosong panganib
- Magdulot ng kapansanan sa paggalaw ng katawan
- Magdulot ng hindi maayos na paggana ng bahagi o organ ng katawan
- Resulta ng kamatayan

Pang-emergency na medikal na transportasyon: Ang transportasyon sa isang ambulansya o pang-emergency na sasakyan papunta sa emergency room para makakuha ng pang-emergency na medikal na pangangalaga.

Pang-emergency na pangangalaga: Isang pagsusuri na isinasagawa ng doktor (o kawani sa ilalim ng tagubilin ng doktor gaya ng pinapayagan ng batas) para malaman kung mayroon pang-emergency na medikal na kundisyon. Mga serbisyo na medikal na kinakailangang upang maging stable sa loob ng kakayahan ng pasilidad.

Pangmatagalang Pangangalaga: Ang pangangalaga sa loob ng pasilidad nang lampas sa 1 buwan ng pagpasok.

Pangunahing pangangalaga: Pumunta sa "Karaniwang pangangalaga."

Pasilidad ng agarang pangangalaga o bahay: Pangangalaga na ibinibigay sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga o tahanan na nagbibigay ng 24 oras na serbisyong residensyal. Kabilang sa mga uri ng pasilidad ng intermediate na pangangalaga o tahanan ay facility/developmentally disabled (ICF/DD), intermediate care facility/developmentally disabled-habilitative (ICF/DD-H), and intermediate care facility/developmentally disabled-nursing (ICF/DD-N).

Pasilidad ng subacute na pangangalaga (adult o bata): Isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga na nagbibigay ng kumprehensibong pangangalaga para sa mga medikal na mahihinang miyembro na nangangailangan ng mga espesyal na serbisyo, tulad ng inhalation therapy, tracheotomy care, intravenous tube feeding, at kumplikadong pangangalaga sa pamamahala ng sugat.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Pasilidad sa sanay na pangangalaga: Isang lugar na nagbibigay ng 24 na oras sa isang araw na pangangalagang pagkalinga na tanging mga sinanay na propesyonal sa kalusugan lang ang maaaring magbigay.

Paunang pag-apruba (paunang pahintulot): Ang proseso kung saan ang isang miyembro o ang kanilang provider ay kailangang humiling ng pag-apruba mula sa L.A. Care para sa ilang mga serbisyo upang matiyak na saklaw ng L.A. Care ang mga ito. Ang rekomendasyon ay hindi pag-apruba. Ang paunang pag-apruba ay kapareho ng paunang pahintulot

Paunang pahintulot (paunang pag-apruba): Ang proseso kung saan ang miyembro o ang kanilang provider ay kailangang humiling ng pag-apruba mula sa L.A. Care para sa ilang mga serbisyo para matiyak na saklaw ng L.A. Care ang mga ito. Ang rekomendasyon ay hindi pag-apruba. Ang paunang pahintulot ay kapareho ng paunang pag-apruba

Pederal na Kwalipikadong Health Center (Federally Qualified Health Center, FQHC): Isang sentro ng kalusugan sa isang lugar na may kaunting provider ng pangangalagang pangkalusugan. Ag miyembro ay maaaring makakuha ng pangunahin at pag-iwas sa sakit na pangangalaga sa FQHC.

Plano ng pinapamahalaang pangangalaga: Ang planong Medi-Cal na gumagamit lang ng ilang doktor, espesyalista, klinika, parmasya, ospital para sa mga tagatanggap ng Medi-Cal na nakatala sa planong iyon. Ang L.A. Care ay isang plano ng pinapamahalaang pangangalaga.

Plano: Pumunta sa “Plano ng pinapamahalaang pangangalaga.”

Provider ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip: Ang mga lisensyadong indibidwal na nagbibigay ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip at pag-uugali sa mga pasyente.

Provider ng network (o nasa network na provider): Pumunta sa “Kalahok na provider.”

Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (Indian Health Care Provider, IHCP) Isang programa sa pangangalagang pangkalusugan na pinatatakbo ng Serbisyonang Pangkalusugan para sa Indian (Indian Health Service, IHS), isang Indian na Tribo, Programang Pangkalusugan para sa Tribo, Organisasyon ng Tribo o Urban Indian Organization (UIO) ayon sa pagkakatukoy ng mga katawagang iyon sa Seksyon 4 ng Batas sa Pagpapahusay ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (Indian Health Care Improvement Act) (25 U.S.C. seksyon 1603).

Provider ng pangunahing pangangalaga (Primary Care Provider, PCP): Ang lisensyadong provider na mayroon ang isang miyembro para sa karamihan ng pangangalaga sa kanilang kalusugan. Tinutulungan ng PCP ang miyembro na makuha ang pangangalagang kailangan nila.

Ang inyong PCP ay maaaring:

- General practitioner
- Internist
- Doktor ng mga Bata
- Family practitioner
- OB/GYN
- Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (Indian Health Care Provider, IHCP)
- Pederal na Kwalipikadong Health Center (Federally Qualified Health Center, FQHC)
- Rural na Health Clinic (Rural Health Clinic, RHC)
- Practitioner na nurse
- Katulong na doctor
- Klinika



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

Psychiatric na emergency na medikal na kundisyon: Isang sakit sa pag-iisip kung saan ang mga sintomas ay sapat na ang pagiging malubha o malala para magdulot ng agarang panganib sa miyembro o sa iba o ang miyembro ay hindi kaagad makapagbigay ng o makagamit ng pagkain, shelter, o pananamit dahil sa sakit sa pag-iisip.

Reconstructive na operasyon: Operasyon upang maayos ang mga abnormal na istruktura ng katawan upang mapahusay ang function o gumawa ng normal na hitsura hangga't maaari. Ang mga abnormal na istruktura ng katawan ay ang sanhi ng mga congenital na depekto, abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksyon, mga tumor, o sakit.

Regular na pasyente: Isang pasyente na may kasalukuyang relasyon sa isang provider at pumunta sa provider na iyon sa loob ng isang tinukoy na tagal ng panahon na ipinagtibay ng planong pangkalusugan.

Reklamo: Ang pasalita o pasulat na pagpapahayag ng isang miyembro ng pagkadismaya tungkol sa isang serbisyong saklaw ng Medi Cal, L.A. Care, isang plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county, o isang provider ng Medi-Cal. Ang reklamo ay kapareho ng karaingan.

Rural na Health Clinic (Rural Health Clinic, RHC): Isang sentro ng kalusugan sa isang lugar na may kaunting provider ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga miyembro ay maaaring makakuha ng pangunahin at pag-iwas sa sakit na pangangalaga sa RHC.

Sakit na nagtatanging sa buhay: Isang medikal na kundisyon na hindi maaaring mabago at malamang na magdudulot ng pagkamatay sa loob ng 1 taon o mas mababa kung magpapatuloy ang sakit sa natural nitong takbo.

Saklaw na inireresetang gamot: Saklaw para sa mga gamot na inirereseta ng provider.

Sanay na pag-aalaga ng nurse: Mga saklaw na serbisyong ibinibigay ng mga lisensyadong nurse, technician, o therapist sa panahon ng pananatili sa pasilidad ng may sanay na pangangalaga o sa tahanan ng isang miyembro.

Sertipikadong Kumadronang Nurse (Certified Nurse Midwife, CNM) Isang indibidwal na lisensyado bilang Rehistradong Nurse at sertipikado bilang kumadronang nurse ng California Board of Registered Nursing. Ang isang sertipikadong kumadronang nurse ay pinapayagang mangasiwa ng mga kaso ng normal na panganganak.

Seryosong sakit: Isang sakit o kundisyon na kailangang magamot at maaaring magresulta ng pagkamatay.

Sinisiyasat na paggamot: Isang sinisiyasat na paggamot, biyolohikal na produkto o device na matagumpay na nakumpleto ang unang yugto ng klinikal na pagsisiyasat na inaprubahan ng Federal Drug Administration (FDA), ngunit hindi pa inaprubahan ng FDA na gamitin ng publiko, at nananatiling sinisiyasat sa isang klinikal na pagsisiyasat na inaprubahan ng FDA.

Sinusubukang paggamot: Mga gamot, kagamitan, pamamaraan, o serbisyo na nasa yugto ng pagsusuri sa laboratoryo o pag-aaral ng hayop bago ang pagsusuri sa mga tao. Ang mga sinusubukang serbisyo ay hindi sumasailalim sa klinikal na pagsisiyasat.

Tagapamahala ng kaso: Mga rehistradong nurse o social worker na tumutulong sa isang miyembrong maunawaan ang mga pangunahing problema sa kalusugan at nag-aayos ng pangangalaga sa inyong mga provider.

Triage (o pagsusuri): Ang pagtataya ng kalusugan ng miyembro ng isang doktor o nurse na sinanay upang magsuri para sa pagtiyak ng pagiging agaran ng inyong pangangailangan ng pangangalaga.

Wala sa network na provider: Isang provider na hindi bahagi ng network ng L.A. Care.



Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.



Toll Free: **1.888.839.9909** | TTY 711



lacare.org